# Pansabadong mga Aralin sa Biblia

Sangay ng Nakatatanda



# Mga Aral Mula sa mga *Sulat ni Pedro* (I)

Vol. 100, No. 2

**Abril-Hunyo, 2024**

# Mga Nilalaman


1. Isang Apostol ni Jesucristo . . . . . . . . . . . . 5
2. Ang "Mga Taga-ibang Bayan" . . . . . . . . . 10
3. Masunuring mga Anak ng Diyos. . . . . . . 15
4. Ang Salita ng Diyos . . . . . . . . . . . . . . . . 20
5. Mga Batong Buhay . . . . . . . . . . . . . . . . . 26
6. Nagpapatotoo sa Sanlibutan . . . . . . . . . . 31
7. Isang Panawagan sa mga Asawang Lalaki at Babae . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 36
8. Ang Kristiyanong Pag-uugali . . . . . . . . . 41
9. Ang Bautismo na Kinakailangan ng Bawat Isa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 47
10. Pamumuhay ng Bagong Buhay . . . . . . . 52
11. Maningas na Pag-iibigan . . . . . . . . . . . . 57
12. Isang Panawagan sa mga Pinuno ng Iglesia . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 62
13. Maging Mapagpigil, Maging Mapagpuyat . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 67


Pansabadong Mga Aralin sa Biblia, isang programang pang-araw araw na pag-aaral, ay nakabatay lamang sa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maikli hangga't maaari upang makapagbigay ng buod, direktang mga kaisipan. Ang mga panaklong [ ] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon upang magbigay-linaw, wastong pagkakaugnay ng kahulugan, at maalwang pagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga siniping babasahin ay mariing iminumungkahi.


Mga Ilustrasyon: GoodSalt sa front cover; Adobe Stock sa pp. 25, 72; Mapa Resources sa pp. 4, 46, 72.



Copyright © 2023 ng Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA. Telepono: 1-540-362-1800 * www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org



Sabbath Bible Lessons (USPS 005-118), Vol. 100, No. 2, April-June 2024. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Copyright © 2024, printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

• U.S.A. AND CANADA

Contact: Telephone 1-540-366-9400 * Fax 1-540-366-2814 * Website: www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org

Annual subscriptions in U.S.A.: U.S. $19.00. Large print $27.00. International $18.00 plus shipping. Large print international $26.00 plus shipping. Single copies $5.50. Large print $8.50. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.

• AUSTRALIA

Contact: Telephone 61-2-9627-7553 * Fax 61-2-9627-7554 * Website: www.sdarm.org.au * E-mail: info@sdarm.org.au

Annual subscriptions in Australia: AU $34.00 (individual copies $8.50). Other countries, AU $34.00 plus shipping. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.

• SOUTH AFRICA

Contact: Telephone & Fax 27-011-336-7064 * Website: www.sdarm sa.org.za * E-mail: admin@sdarm sa.org.za

Annual subscriptions in South Africa: R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons,

P. O. Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.

# Paunang salita

Sino sa atin ang hindi nakaranas ng mga sitwasyong katulad ng kay Pedro, ang tahas kung magsalitang alagad? Ang kanyang pagkatao ay tiyak na isa kung saan lahat tayo ay makakaugnay, kahit sa ilang paraan. Ang kanyang masiglang sigasig at kagustuhang gawin ang ipinag-uutos ng kanyang Guro ay nagbibigay-inspirasyon. Tiyak na mahahabag tayo sa ang kanyang paminsan-minsang, nakakahiyang mga pagkakamali at mapapalakas ang loob sa paraan ng kanyang pagbangon muli pagkatapos ng pagkadapa. Ang proseso ng paglago na naranasan ni Pedro sa pangunguna ng Diyos ay nagdala sa kanya sa pagiging marangal na pagkaapostol, na may dalawang sulat na karapat-dapat na ilagay sa sagradong tuntunin ng banal na Kasulatan.

Para sa mga kadahilanang ito, sa susunod na tatlong buwan, ang mga mag-aaral sa Sabbath school sa buong mundo ay magtutuon ng pansin sa *Mga Aral Mula sa Mga Sulat ni Pedro (I)*. Ang mayayamang hiyas ng katotohanan mula sa kinasihang tao ng Diyos na ito ay idinisenyo upang patibayin ang ating paglalakad kasama ng Panginoon sa mga mahirap na panahon.

Ang isa sa mga pangunahing punto ng sulat ni Pedro ay ang bayan ng Diyos na dapat na mamuhay na nagpapatibay sa katawan ni Kristo upang maging isang nagniningning na saksi sa isang madilim sa kasalanang mundo.

"Ang isang muling pagpagpapasigla at isang pagbabago ay dapat maganap, sa ilalim ng ministeryo ng Banal na Espiritu. Ang muling pagpapasigla at pagbabago ay dalawang magkaibang bagay. Ang muling pagpagpapasigla ay nangangahulugan ng pagpapanibago ng espirituwal na buhay, ang pagpapalakas sa mga kapangyarihan ng isip at puso, isang muling pagkabuhay mula sa espirituwal na kamatayan. Ang pagbabago ay nangangahulugan ng muling pagsasaayos, pagbabago sa mga ideya at teorya, ugali at gawi. Ang pagbabago ay hindi magdadala ng mabuting bunga ng katuwiran maliban kung ito ay nakaugnay sa muling pagpapasigla ng Espiritu. Ang muling pagpapasigla at pagbabago ay dapat magawa ang kanilang itinalagang gawain, at sa paggawa ng gawaing ito sila ay dapat magsama."—*Selected Messages*, bk. 1, p. 128.

Isang nakakaakit na patotoo ay nagdudulot ng matinding panawagan sa bawat isa sa atin na lahat tayo ay maaaring makapulot para sa ating espirituwal na paglago habang pinag-aaralan natin ang unang sulat ni Pedro: "Kapatid ko, kung iyong nais, maaari kang maging isang malakas na tao sa Diyos. Mayroon kang mga talento ng kakayahan na ipinagkatiwala ng Diyos sa iyong pag-iingat upang mapabanal sa Kanyang paglilingkod. Ngunit kung hindi mo ibibigay ang lahat kay Kristo, ang iyong kakayahan ay magiging mapanganib kapwa sa iyong sarili at sa iba, na humahantong sa kanila na lumakad nang hiwalay sa katotohanan at palayo kay Kristo.

"Ang mga kaanib ng iglesia ay nangangailangan ng lubos na magagawa para sa kanila. Dapat silang magkaroon ng taimtim na kasigasigan para kay Kristo, dapat maging mas mapagpakumbaba, mas matiyaga, mas mabait, mas madaling turuan, mas katulad ni Kristo sa lahat ng aspeto. Sa kanilang pag-uugali ay dapat nilang ipakita sa sanlibutan ang nagpapabanal na kapangyarihan ng biyaya. Hwag nawang itulot ng Diyos na, sa pamamagitan ng tuntunin o halimbawa, ay mahadlangan ang daan patungo sa napakahalagang gawaing ito. Makikipagtulungan ka ba kay Jesus? Magiging tapat ka ba sa Panginoon na bumili sa iyo? Ilalagay mo ba sa likuran ang lahat ng bagay na hindi gaanong mahalaga? Dapat kang mabautismuhan sa isang mas malawak na pananampalataya, isang mas dakilang pag-ibig sa kapwa. Kinakailangan mo ng higit na paggalang sa mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan."—*Testimonies for the Church*, vol. 5, pp. 570, 571.

Nawa'y tulungan tayong lahat ng Panginoon na isapuso ito sa ating pag-aaral!

*Ang General Conference Sabbath School Department*

# Handog sa unang Sabbath para sa Narang Mandi Church, Pakistan




Ang mensahe ng Seventh-day Adventist Reform Movement ay nakapasok sa Pakistan sa huling bahagi ng ikadalawampu siglo. Ang kabuuang populasyon ng Pakistan ay 241.5 milyon at ang relihiyon ng karamihan ng mga tao ay Islam (96.47%), sinundan ng Hinduismo (2.14%) Kristiyanismo (1.27%), at iba pang relihiyon (0.11%). Ang ating bansa ay napapaligiran ng Afghanistan, China, India, Arabian Sea at Iran. Nag-aambag ang agrikultura sa humigit-kumulang 20.9% ng kabuuang lokal na produkto. Ang ekonomiya ng Pakistan ay inuri bilang isang mababang kita na umuunlad na bansa. Ang bansa ay mababa ang ranggo sa karamihan ng mga sukatan ng pag-unlad na itinakda ng United Nations Development Programme at World Bank.

Ang lungsod ng Narang Mandi ay matatagpuan sa distrito ng Muridke sa loob ng estado ng Punjab. Ang kabuuang populasyon ng kabuuang distritong ito ay higit sa 500,000. Sa nakalipas na mga dekada, nagsagawa kami ng mga pagpupulong, seminar at iba pang aktibidad para sa pagpapaunlad ng mga aktibidad ng iglesia sa ating mga kapatid sa Pakistan. Kahit na sa gitna ng mga kaguluhang kinakaharap, napapanatili natin ang ating pananampalataya kay Kristo. Ngayon ang ating mga gawain ay lumaganap sa ating bansa. Kami ay sumusulong upang bumuo ng iba't ibang aspeto ng gawain ng Panginoon tulad ng missionary outreach, kaalaman sa kalusugan, leadership development, pagtatatag ng mga education center, at pagkukumpuni sa ating mga lumang simbahan sa Pakistan.

"Nangungusap ang Panginoon sa Kanyang bayan sa panahong ito, na sinasabi, Magsipasok sa mga lungsod, at ipahayag ang katotohanan sa pagiging simple at sa pananampalataya. Ang Banal na Espiritu ay gagawa sa pamamagitan ng iyong mga pagsisikap na ikintal sa mga puso. Huwag magpasok ng kakaibang doktrina sa inyong mensahe, ngunit sambitin ang mga simpleng salita ng ebanghelyo ni Cristo, na mauunawaan ng bata at matatanda. Ang mga walang pinag-aralan at gayundin ang mga edukado ay dapat maunawaan ang mga katotohanan ng mensahe ng ikatlong anghel, at dapat silang maturuan sa pagiging simple. Kung nais ninyong lumapit sa mga tao nang katanggap-tanggap, magpakumbaba ng inyong mga puso sa harap ng Diyos at pag-aralan ang Kanyang mga daan."—Medical Ministry, p. 299.

Ang lahat ng ating mga handog ay dapat ialay nang may kagalakan; Ang mga pag-aangkin ng Diyos ay tatanggapin at ang Kanyang layunin ay ituturing na karapat-dapat sa isang bahagi ng mga pondong ipinagkatiwala sa ating mga kamay. Ang mga kapatid mula sa Pakistan Mission ay nagpapasalamat sa inyo, mahal naming mga kapatid, at mga kabataan para sa saganang donasyon para sa Kanyang layunin sa mapanghamong bahaging ito ng mundo. . . "sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay na masaya" (2 Corinto 9:7).

*Ang iyong mga kapatid mula sa Pakistan Church*

# Isang Apostol ni Jesucristo

**SAULUHING TALATA: "Simon, Simon, narito, hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo: Datapuwa't ikaw ay ipinamanhik ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid." (Lucas 22:31, 32).**

**"Ito ay pagkatapos si Pedro ay maakay sa pagtalikod sa sarili at buong pag-asa sa banal na kapangyarihan, na natanggap niya ang panawagan sa kanya na gumanap bilang isang pastol. . . . Hanggang sa natutunan niya ang kanyang kahinaan, hindi niya malalaman ang pangangailangan ng mananampalataya na umaasa kay Kristo."—*The Acts of the Apostles*, p. 515.**

Iminungkahing Babasahin: *The Desire of Ages*, pp. 244–251.

## *Linggo* *Marso 31*

**1. PAGTUGON SA PANAWAGAN NI CRISTO**

**a. Ilarawan ang unang pagkikita ni Simon Pedro at ni Jesus. Juan 1:40–42.**

---

"Sinakap ni Andrew na ibahagi ang kagalakan na pumupuno sa kanyang puso. Hinahanap ang kanyang kapatid na si Simon, sumigaw siya, 'Nasumpungan na namin ang Mesiyas.' Si Simon ay hindi na naghintay ng pangalawang pagtawag. Narinig din niya ang pangangaral ni Juan Bautista, at nagmadali siya sa Tagapagligtas. Ang mata ni Kristo ay nakatuon sa kanya, binabasa ang kanyang pagkatao at kasaysayan ng kanyang buhay. Ang kanyang mapusok na likas, ang kanyang mapagmahal, madamaying puso, ang kanyang ambisyon at tiwala sa sarili, ang kasaysayan ng kanyang pagkahulog, ang kanyang pagsisisi, ang kanyang mga pagpapagal, at ang kanyang martir na kamatayan—nabasa ng Tagapagligtas ang lahat ng ito."—*The Desire of Ages*, p. 139.

**b. Sa anong pangyayari opisyal na tinawag ni Jesus si Pedro at ang kanyang kapatid na maging Kanyang mga disipulo? Mateo 4:18–20.**

---

"Ang maagap, walang pag-aalinlangan na pagsunod ng mga lalaking ito, na walang pangako ng kabayaran, ay tila kapansin-pansin; ngunit ang mga salita ni Cristo ay isang paanyaya na may kasamang kapangyarihang nag-uudyok. Gagawin ni Kristo ang mapagpakumbabang mangingisdang ito, na may kaugnayan sa Kanyang sarili, na paraan ng pagkuha ng mga tao mula sa paglilingkod kay Satanas, at paglalagay sa kanila sa paglilingkod sa Diyos."—*Gospel Workers*, p. 24.

**2. ISANG MATAPAT AT MASIGASIG NA ALAGAD**

**a. Paano nakita ni Pedro ang kanyang sarili sa simula ng kanyang pagiging disipulo? Lucas 5:8.**

"Sa panahon ni Kristo nadama ng mga pinuno ng relihiyon ng mga tao na sila ay sagana sa espirituwal na kayamanan. Ang panalangin ng Pariseo, 'Diyos, pinasasalamatan kita, na hindi ako gaya ng ibang mga tao' (Lucas 18:11, R.V.), ay nagpahayag ng damdamin ng kanyang kalagayan at, sa isang malaking antas, ng buong bansa. Ngunit sa karamihang nakapaligid kay Jesus ay may ilan na nakadama ng kanilang espirituwal na kahirapan. Nang sa mahimalang paghuli ng mga isda ang banal na kapangyarihan ni Kristo ay nahayag, si Pedro ay nagpatirapa sa paanan ng Tagapagligtas, na sumisigaw, 'Lumayo ka sa akin; sapagkat ako ay isang taong makasalanan, O Panginoon' (Lucas 5:8); kaya't sa karamihang nagtitipon sa bundok ay may mga kaluluwa na, sa harapan ng Kanyang kadalisayan, ay nadama na sila ay aba, at maralita, at dukha, at bulag, at hubad' ( Pahayag 3:17 )."—*Thoughts From the Mount of Blessing*, pp. 6, 7.

**b. Ano ang pinaniniwalaan ni Pedro hinggil sa kung sino si Jesus? Mateo 16:13–16.**

"Mula pa noong una, si Pedro ay naniniwala na si Jesus ang Mesiyas. Marami pang iba na nakumbinsi ng pangangaral ni Juan Bautista, at tumanggap kay Kristo, ay nagsimulang mag-alinlangan sa misyon ni Juan nang siya ay nakulong at pinatay; at nag-alinlangan sila ngayon na si Jesus ang Mesiyas. . . . Marami sa mga disipulo na masigasig na umasa na si Jesus ay kukunin ang Kanyang lugar sa trono ni David ay iniwan Siya nang mapagtanto nila na Siya ay walang ganoong intensyon. Ngunit si Pedro at ang kanyang mga kasama ay hindi tumalikod sa kanilang katapatan. Ang pag-aalinlangan ng mga nagpuri ng lumipas na araw at tumuligsa kinabukasan ay hindi sumira sa pananampalataya ng tunay na tagasunod ng Tagapagligtas. Ipinahayag ni Pedro, 'Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay.' Hindi niya hinintay ang mga parangal ng hari na putungan ang kanyang Panginoon, ngunit tinanggap Siya sa Kanyang kahihiyan. . . .

"Sumagot si Jesus kay Pedro, na nagsasabi, 'Mapalad ka, Simon Bar-jona: sapagka't hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at ng dugo, kundi ng Aking Ama na nasa langit.

"Ang katotohanang ipinahayag ni Pedro ay ang pundasyon ng pananampalataya ng mananampalataya. Ito ang ipinahayag mismo ni Kristo na buhay na walang hanggan. Ngunit ang pagkakaroon ng kaalamang ito ay hindi batayan para sa pagluwalhati sa sarili. Sa pamamagitan ng hindi karunungan o kabutihan ng kanyang sarili ay hindi ito nahayag kay Pedro. Hindi kailanman makakamit ng sangkatauhan, sa kanyang sarili, ang isang kaalaman sa kabanalan. . . . Tanging ang espiritu lamang ng pagkukupkop ang makapaghahayag sa atin ng malalalim na mga bagay ng Diyos. . . . Ang katotohanan na naunawaan ni Pedro ang kaluwalhatian ni Kristo ay isang katibayan na siya ay 'naturuan ng Diyos.'" — *The Desire of Ages*, p. 411, 412.

**3. NANABIK PARA SA MGA KASAGUTAN**

**a. Anong mga halimbawa sa Bibliya ang nagpapakita ng mapagtanong na kaisipan ni Pedro at naghahayag kung paano tayo lalago sa pamamagitan ng pagkakaroon ng gayunding saloobin? Mateo 15:15; 18:21; 19:27; Marcos 13:3, 4.**

"Walang ibang pag-aaral ang magpaparangal sa bawat pag-iisip, damdamin, at mithiin gaya ng pag-aaral ng Banal na Kasulatan. . . . Dito natin natututunan kung paano pagbubutihin ang kasalukuyang pamumuhay at kung paano masisiguro ang panghinaharap na buhay. Walang ibang aklat ang makakasagot sa mga pagtatanong ng kaisipan at sa minimithi ng puso. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa salita ng Diyos, at pagbibigay-pansin dito, ang mga tao ay maaaring bumangon mula sa pinakamababang kalagayan ng pagiging mangmang at kasamaan upang maging mga anak ng Diyos. . . .

"Bilang makapagtuturong kapangyarihan ang Bibliya ay walang paghahambingan. Walang makapagbibigay sa lahat ng kakayahan ng higit na kalakasan kaysa sa pagpapaunawa sa mga mag-aaral ng mga kamangha-manghang katotohanan ng pahayag. Ang kaisipan ay unti-unting umaangkop mismo sa mga paksa kung saan ito pinapayagang manatili. Kung abala lamang sa mga pangkaraniwang bagay, hinihiwalay ang mga engrande at matataas na tema, ito ay magiging unano at manghihina. Kung hindi kailanman mapipilitang makipagbuno sa mahihirap na suliranin, o magsikap upang maunawaan ang mahahalagang katotohanan, ito ay, pagkaraan ng ilang panahon, halos mawawalan ng kakayahang lumago. . . .

"Sa salita ng Diyos ang isipan ay nakakahanap ng paksa para sa pinakamalalim na pag-iisip, ng pinakamatayog na mithiin."—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 24, 25.

"Ang pinaka mausisa ay maaaring ligtas na matuto sa paaralan ni Kristo na magpapatunay para sa kanilang pangkasalukuyan at walang hanggang ikabubuti."—*An Appeal to Mothers*, p. 32.

**b. Bagama't ang pagiging mausisa sa espirituwal na mga bagay ay hinihikayat (Juan 5:39), kailan may limitasyon ang makabubuting pag-uusisa ng tao? Deuteronomio 29:29.**

"Patuloy na sinisikap [ni Satanas] na pukawin ang isang espiritu ng walang paggalang na pag-uusisa, isang hindi mapakali, matanong na pagnanais na tuklasin ang mga lihim ng banal na karunungan at kapangyarihan. Sa kanilang pagsisikap na saliksikin kung ano ang nais ng Diyos na itago, maraming tao ang hindi napapansin ang mga katotohanang Kanyang inihayag, at kung saan ay napakahalaga sa kaligtasan."—*Patriarchs and Prophets*, pp. 54, 55.

"Hindi natin dapat subuking iangat ng may mapangahas na kamay ang tabing kung saan sa kabila ay natatalukbungan Niya ang Kanyang karingalan. . . . Ito ay isang patunay ng Kanyang habag na mayroong pagtatago ng Kanyang kapangyarihan, na Siya ay nababalot sa kakila-kilabot na ulap ng misteryo at karimlan; sapagkat sa pag-angat ng tabing na nagtatakip sa Banal na Presensya ay kamatayan."—*The Review and Herald*, Abril 7, 1885.

### 4. KAKAUNTI ANG PANANAMPALATAYA, MALAKI ANG TIWALA SA SARILI

**a. Ano ang dapat nating matutunan mula sa unang naitalang karanasan ni Pedro sa paglalakad sa pamamagitan ng pananampalataya? Mateo 14:28–31.**

"[Si Pedro] dapat ay pinanatili ang kanyang mata pataas kay Jesus; ngunit siya ay tumingin pababa sa maligalig na mga alon, at ang kanyang pananampalataya ay nanghina."—*Testimonies for the Church*, vol. 2, p. 273.

"Maliban kung gagawin niyang gawain sa kanyang buhay na tingnan ang itinaas na Tagapagligtas, at sa pamamagitan ng pananampalataya na tanggapin ang mga merito na pribilehiyo nyang angkinin, ang makasalanan ay hindi maliligtas tulad ng paglalakad ni Pedro sa ibabaw ng tubig maliban kung nanatiling nakatitig ang kanyang mga mata kay Hesus. Ngayon, ay naging determinadong layunin ni Satanas na magdilim ang pananaw kay Jesus at akayin ang mga tao na tumingin sa tao. . . . Sa loob ng maraming taon ang iglesia ay tumitingin sa tao at umaasa ng higit mula sa tao, ngunit hindi tumitingin kay Jesus, kung saan ang ating pag-asa sa buhay na walang hanggan ay nakasentro." – *Testimonies to Ministers*, p. 93.

**b. Habang mas matagal na kasama ni Pedro si Jesus, paano niya labis na naisip sa kanyang sarili at sa kanyang kakayahan na makayanan ang isang malaking pagsubok? Mateo 26:33–35, 69–75.**

"Walang ganoong kalapastanganan sa Diyos o napakamapanganib sa kaluluwa ng tao kaysa sa pagmamataas at sa pagiging-sapat sa sarili. Sa lahat ng mga kasalanan ito ang pinakawalang pag-asa, ang pinakawalang lunas."—*Christ's Object Lessons*, p. 154.

"Wala sa sinuman sa kasaysayan ng mga disipulo ang higit na naglalarawan ng paraan ng pagsasanay ni Kristo kaysa sa kasaysayan ni Pedro. Matapang, agresibo, at may tiwala sa sarili, madaling makaunawa at mabilis sa pagkilos, maagap sa paghihiganti ngunit sagana sa pagpapatawad, si Pedro ay madalas na nagkamali, at madalas na tumanggap ng pagsaway. . . . Matiyaga, na may mapag-tanging pag-ibig, hinarap ng Tagapagligtas ang Kanyang mapusok na disipulo, sinikap na itama ang kanyang pagtitiwala sa sarili, at turuan siya ng pagpapakumbaba, pagsunod, at pagtitiwala.

"Ngunit bahagya lamang ang aral na natutunan. Ang pagtitiwala sa sarili ay hindi naalis. . . .

"Para sa kanilang lahat, ang karanasan ni Pedro ay may aral. Sa pagtitiwala sa sarili, ang pagsubok ay pagkatalo. Ang tiyak na paggawa ng kasamaan ay hindi pa rin iniiwan, si Kristo ay hindi makakapigil. Subalit habang ang Kanyang kamay ay iniuunat upang magligtas kapag ang mga alon ay hahampasin si Pedro, gayundin ang Kanyang pag-ibig ay umaabot para sa pagsagip sa kanya kapag ang malalim na tubig ay tatangayin ang kanyang kaluluwa."—*Education*, pp. 88, 89.

**c. Bakit ang maraming taon ng pagiging kaanib ng iglesia ay hindi garantiya ng higit na kalakasan sa pananampalataya? Roma 11:20–22; 1 Corinto 10:12; 8:2.**

## Huwebes — Abril 4

**5. ANG NAHIKAYAT NA APOSTOL**

**a. Bakit ang Diyos ay hindi tayo laging pinipigilan na sundin ang sarili nating pamamaraan, kahit nalalaman na maaari itong mauwi sa pagkakasala at kahihiyan? Isaias 48:17; Lucas 22:31, 32.**

"Sinabi ni Kristo kay Pedro, bago niya itanggi Siya, 'Kung makabalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid.' Lucas 22:32. Ang mga salitang ito ay mahalaga sa malawak at matagumpay na gawain na gagawin ng apostol na ito sa hinaharap para sa mga mananampalataya. Para sa gawaing ito, ang sariling karanasan ni Pedro sa pagkakasala at pagdurusa at pagsisisi ang naghanda sa kanya. Hanggang hindi niya natutunan ang kanyang kahinaan, hindi niya malalaman ang pangangailangan ng mananampalataya ng pagtitiwala kay Kristo. . . . Ngayon, nahikayat at tinanggap, . . . . Dapat niyang pakitunguhan ang mga tupa at mga batang tupa na nakatalaga sa kanyang pangangalaga nang kasing-amo ng pakikitungo ni Kristo sa kanya."—*The Acts of the Apostles,* pp. 515, 516.

**b. Sa kanyang huling mga taon, anong pagpapalakas ng kalooban ang ibinigay ng nahikayat na si Pedro sa kanyang mga sulat sa mga mananampalataya sa ilalim ng pagsubok? 1 Pedro 3:14; 4:12–14.**

"Ang mga sulat na ito ay nagdala ng katangian na isinulat ng isa na lubos na naantig sa mga pagdurusa ni Kristo at gayundin ang Kanyang kaaliwan ay pinalaganap; ng isa na ang buong pagkatao ay binago ng biyaya, at ang pag-asa sa buhay na walang hanggan ay tiyak at matatag."—Ibid., p. 517.

## Biyernes — Abril 5

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**

1. Kapag narinig ko ang tinig ni Jesus na tumatawag sa iba't ibang sitwasyon sa buhay, paano ako makatitiyak na tutugon kaagad at kasing sigasig tulad ng ginawa ni Pedro?
2. Habang ang bilang ng mga taon ng aking pag-aangkin sa Kristiyanismo ay humahaba, ano ang hindi ko kailanman dapat makalimutan?
3. Sa panahon ngayon ng patuloy na pagbaling ng pansin sa ibang mga bagay, saan ko kailangang ituon ang aking likas na pagkamausisa kung ako ay tunay na nagnanais na maligtas para sa walang-hanggan?
4. Sa anong mga aspeto ng buhay maaaring ako ay nasa panganib ng pagtitiwala sa sarili at pagiging sapat sa sarili?
5. Kapag nagkamali ako, paano ako makakakuha ng mga mabubuting aral mula sa karanasang iyon?

# Ang "Mga Nangingibang Bayan"

SAULUHING TALATA: “Na ito ang inyong totoong ikinagagalak, bagama't ngayo'y sa sangdaling panahon, kung kailangan, ay pinalumbay kayo sa muli't muling pagsubok” (1 Pedro 1:6).

“Tayo ay mga manlalakbay, at dayuhan, sa lupa. Huwag nating gugulin ang ating mga kayamanan sa pagbibigay-kasiyahan sa mga pagnanasa na ipinag-uutos sa atin ng Diyos na supilin. Sa halip, magpakita tayo ng tamang halimbawa sa harap ng ating mga nakakasama. Ating angkop na katawanin ang ating pananampalataya. . . . Ang inyong impluwensya ay magkintal sa mga kaluluwa ng kasagraduhan ng mga hinihiling ng Diyos.”—*Testimonies for the Church*, vol. 6, p. 452.

Iminumungkahing Babasahin: *The Great Controversy*, pp. 17–38.

## *Linggo* *Abril 7*

**1. ISANG SULAT SA ISANG NATATANGING TAGAPAKINIG**

**a. Paano tinukoy ni Pedro ang mga Kristiyanong nakakalat sa Asia Minor na pangunahing tinutukoy sa kanyang unang sulat? 1 Pedro 1:1.**

---

**b. Habang ang mga tagasunod ni Kristo ay mga dayuhan sa sanlibutang ito, paano sila tinitingnan ng Diyos? 1 Pedro 1:2; 2:9; Efeso 2:19.**

---

“Ang bayan ng Diyos—ang tunay na Israel—bagaman nakakalat sa lahat ng mga bansa, ay nasa lupa ngunit mga dayuhan, na ang pagkamamamamayan ay nasa langit.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 447.

“Ang kondisyon ng pagtanggap sa sambahayan ng Panginoon ay lumabas mula sa sanlibutan, na humihiwalay sa lahat ng nakakahawang impluwensya nito. Ang bayan ng Diyos ay dapat na walang kaugnayan sa idolatriya sa anumang anyo nito. Dapat nilang maabot ang mas mataas na pamantayan. Tayo ay dapat na makilala sa sanlibutan, at pagkatapos ay sasabihin ng Diyos, ‘Tatanggapin Ko kayo bilang mga kaanib ng Aking maharlikang sambahayan, mga anak ng makalangit na Hari.’ Bilang mga mananampalataya sa katotohanan dapat tayong maging naiiba sa gawi mula sa kasalanan at mga makasalanan. Ang ating pagkamamamamayan ay nasa langit.

“Dapat nating mapagtanto nang mas malinaw ang kahalagahan ng mga pangakong ginawa ng Diyos sa atin, at higit na pahalagahan ang karangalang ibinigay Niya sa atin.”—*Fundamentals of Christian Education*, p. 481.

**2. MGA HINIRANG NG DIYOS**

**a. Kapag tinawag tayo ni Pedro na "hinirang" ng Diyos, nangangahulugan ba ito na kapag pinili na tayo ay hindi na tayo mawawala? Ipaliwanag sa pamamagitan ng paghahambing ng Juan 15:16 sa Lucas 3:8, 9; Lucas 6:13–16 sa Juan 6:70, 71; Isaias 41:8, 9 hanggang Roma 11:20–23.**

---

“Nang si Judas ay pinili na ng ating Panginoon, ang kanyang kalagayan ay hindi walang pag-asa. Mayroon siyang ilang magagandang katangian. Sa kanyang pakikisama kay Kristo sa gawain, sa pamamagitan ng pakikinig sa Kanyang mga pangangaral, nagkaroon siya ng magandang pagkakataon na makita ang kanyang mga pagkakamali. . . . Inilagay pa siya sa isang kalagayan ng ating Panginoon kung saan maaari siyang pumili kung palalaguin ang kanyang mapag-imbot na disposisyon o makikita at itatama ito. Dala niya ang maliit na halagang nakolekta para sa mga mahihirap at para sa mga kinakailangang gastusin. . . .

“Ang maliit na halagang ito para kay Judas ay isang patuloy na tukso. . . . Ang ating Tagapagligtas ay sinaway siya dahil sa kasakiman na ito. Ito ay namuo sa puso ni Judas, hanggang, sa maliit na halaga ng salapi, pumayag siyang ipagkanulo ang kanyang Panginoon. Magkakaroon ng mga ganoon sa mga nag-iingat ng Sabbath na mas hindi tapat sa puso kaysa kay Judas.”—*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 41, 42.

**b. Sa anong pangunahing prinsipyo ang pagpili “ayon sa paunang kaalaman ng Diyos” itinatag? 2 Pedro 3:9; 1 Timoteo 2:4; Efeso 1:4, 5.**

---

“Iniangkop ng Ama ang Kanyang pag-ibig sa Kanyang piniling bayan na naninirahan sa gitna ng mga tao. Ito ang mga tao na tinubos ni Kristo sa pamamagitan ng halaga ng Kanyang sariling dugo; at dahil tumugon sila sa panawagan ni Kristo, sa pamamagitan ng pinakadakilang habag ng Diyos, sila ay hinirang upang maligtas bilang Kanyang masunuring mga anak. . . . Ang bawat isa na magpapakumbaba tulad ng isang maliit na bata, na tatanggap at susunod sa Salita ng Diyos nang may kapayakan ng isang bata, ay mapapabilang sa mga hinirang ng Diyos.”—*The Signs of the Times*, Enero 2, 1893.

**c. Ano ang dapat nating gawin upang matiyak ang ating pagkahirang at maiwasang maulit ang malungkot na sinapit ni Hudas? 2 Pedro 1:10; 3:17; 1 Juan 3:2, 3.**

“Kung susundin natin ang mga kondisyong ginawa ng Panginoon, matitiyak natin ang ating pagkahirang tungo sa kaligtasan. Ang ganap na pagsunod sa Kanyang mga kautusan ay ang katibayan na iniibig natin ang Diyos, at hindi nagmamatigas sa kasalanan.”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1079.

**3. MGA SALITANG NAGPAPASIGLA**

**a. Kanino ibinibigay ang lahat ng kaluwalhatian sa pagpili at pagtatalaga sa atin para sa kaligtasan—at bakit? 1 Pedro 1:3; Awit 72:18, 19.**

---

"Sa simula pa lamang ng kanyang unang sulat, ang matandang lingkod ng Diyos ay nag-ukol sa kanyang Panginoon ng isang parangal ng papuri at pagpapasasalamat. 'Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Kristo.' "—*The Acts of the Apostles*, p. 517.

**b. Sa anong mga salita sinikap ni Pedro na aliwin ang mga kapatid na napapaharap sa matinding pag-uusig? 1 Pedro 1:3 (huling bahagi), 4. Tingnan din sa Mga Hebreo 11:26.**

---

"Sa pag-asang ito ng isang tiyak na pamana sa lupa na ginawang bago, ang unang mga Kristiyano ay nagalak, kahit na sa mga panahon ng matinding pagsubok at pagdurusa. 'Na inyong totoong ikinagagalak,' isinulat ni Pedro, 'bagama't ngayo'y sa sandaling panahon, kung kailangan, ay pinalumbay kayo sa muli't muling pagsubok .' "—Ibid., pp. 517, 518.

**c. Bakit pinahihintulutan ng Diyos ang mga tukso, pagdurusa at paghihirap na dumating sa Kanyang mga hinirang? 1 Pedro 1:6, 7; Mateo 5:11, 12.**

---

"Ang mga pagsubok at balakid ay ang piniling pamamaraan ng Panginoon ng pagdidisiplina at ang Kanyang itinalagang mga paraan ng pagtagumpay. Siya na nakakabasa ng puso ng mga tao ay higit na nakakaalam ng kanilang mga pag-uugali kaysa sa kanilang sarili na nakakakilala sa kanila. Nakikita Niya na ang ilan ay may mga kakayahan at mga kahinaan na, sa tamang direksyon, ay maaaring gamitin sa pagsulong ng Kanyang gawain. Sa Kanyang probidensya, dinadala Niya ang mga taong ito sa iba't ibang kalagayan at iba't ibang mga pangyayari upang matuklasan nila sa kanilang paguugali ang mga depekto na nalihim sa kanilang sariling kaalaman. Binibigyan Niya sila ng pagkakataon na itama ang mga depektong ito at iangkop ang kanilang mga sarili para sa paglilingkod sa Kanya. Kadalasan ay pinahihintulutan Niya ang apoy ng pagdurusa na dumagsa sa kanila upang sila ay maging dalisay.

"Ang katotohanang tayo ay tinawag upang magtiis ng pagsubok ay nagpapakita na ang Panginoong Jesus ay may nakikita sa atin na isang bagay na mahalaga na nais Niyang paunlarin. . . . Pinahihintulutan ng Panginoon ang Kanyang mga pinili na malagay sa hurno ng kapighatian upang patunayan kung anong pag-uugali nila at kung sila ay maaaring mahubog para sa Kanyang gawain." – *The Ministry of Healing*, p. 471.

**4. MGA PAHAYAG TUNGKOL SA PANANAMPALATAYA**

**a. Ano ang tanging paraan na madadala tayo ng Diyos "sa kaligtasan"? 1 Pedro 1:5; Lucas 8:48.**

---

"Ang pananampalataya kay Kristo na nagliligtas sa kaluluwa ay hindi kung ano ang ipinapakaita ng marami. 'Manampalataya, manampalataya,' ang kanilang hiyaw; 'manampalataya lamang kay Kristo, at maliligtas ka. Ito lamang ang kailangan mong gawin.' Bagaman ang tunay na pananampalataya ay lubos na pagtitiwala kay Kristo para sa kaligtasan, ito ay hahantong sa ganap na pagsunod sa kautusan ng Diyos. Ang pananampalataya ay ipinakikita sa pamamagitan ng mga gawa."—*The Review and Herald*, Oktubre 5, 1886.

"Upang tayo ay maingatan ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga hangarin ng isipan ay dapat na patuloy na umaakyat sa tahimik na pananalangin para sa tulong, para sa liwanag, para sa kalakasan, para sa kaalaman. Ngunit ang pag-iisip at panalangin ay hindi maaaring humalili sa masigasig, matapat na pagpapabuti ng panahon. Ang gawa at panalangin ay parehong kinakailangan sa pagpapasakdal ng Kristiyanong pag-uugali."—*God's Amazing Grace*, p. 317.

**b. Bakit ang pananampalataya ay kinakailangan ng mga pagsubok? 1 Pedro 1:7; Job 23:10; Santiago 1:3.**

---

"Sa pang-espirituwal na buhay ng bawat kaluluwa na sa huli ay matagumpay ay magkakaroon ng mga kaganapan ng matinding kaguluhan at pagsubok; ngunit ang kanyang kaalaman sa Kasulatan ay magpapangyari sa kanya na isaisip ang nakapagpapasiglang mga pangako ng Diyos, na magpapaginhawa sa kanyang puso at magpapatibay sa kanyang pananampalataya sa kapangyarihan ng Isa na Makapangyarihan. . . . Ang pagsubok sa pananampalataya ay mas mahalaga pa kaysa ginto. Dapat matutunan ng lahat na ito ay bahagi ng pagdidisiplina sa paaralan ni Kristo, na napakahalaga upang linisin at dalisayin sila mula sa karumihan ng kamunduhan."—Ibid., p. 81.

**c. Paano inilarawan ni apostol Pedro ang pinakabuod ng pananampalataya? 1 Pedro 1:8, 9. Ihambing ito sa pakahulugan ni Pablo sa pananampalataya. Hebreo 11:1.**

---

---

"Huwag nating kalilimutan, kahit na tayo ay lumalakad sa libis, na si Kristo ay kasama natin kung tayo ay lumalakad na nagtitiwala doon na tulad ng tayo ay nasa tuktok ng bundok. Sinasabi sa atin ng tinig, 'Hindi ba ninyo ilalapag ang inyong pasanin sa Tagapagdala ng Pasanin, ang Panginoong Jesucristo? Hindi ka ba mamumuhay sa maliwanag na bahagi ng krus?' "—*Mind, Character, and Personality*, vol. 2, p. 811.

## *Huwebes* *Abril 11*

**5. ANG HIWAGA NG KALIGTASAN**

**a. Bakit ang "kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya" sa pamamagitan ng pananampalataya, ay naging mas madaling maunawaan pagkatapos ng pagkakatawang-tao at kamatayan ni Kristo? 1 Pedro 1:10–12; Lucas 10:24; 1 Juan 1:1–3.**

---

"Maging ang mga propeta na binigyan ng natatanging liwanag ng Espiritu ay hindi lubos na naunawaan ang kahalagahan ng mga pahayag na ipinagkatiwala sa kanila. . . .

"Subalit . . . masigasig nilang hinangad na matamo ang lahat ng liwanag na ikinalulugod ng Diyos na ipakita. . . . Anong laking aral sa bayan ng Diyos sa kapanahunan ng Kristiyano, para kaninong kapakinabangan ang mga propesiyang ito na ibinigay sa Kanyang mga lingkod! . . . Ihambing ang kanilang banal na kasigasigan sa mga walang sigla na walang malasakit na mga pinili sa mga huling panahon sa pangangasiwa sa kaloob na ito ng Langit. Napakalaking pagsaway sa mga mahilig sa kaginhawahan, maibigin sa sanlibutan na walang malasakit na nalulugod na ipinahahayag ang mga propesiya na hindi maunawaan!"—*The Great Controversy*, p. 344.

**b. Bakit ang plano ng pagtubos ay isang hiwaga kahit para sa mga anghel? 1 Pedro 1:12 (huling bahagi); 1 Corinto 4:9.**

---

"Sa pagdating upang manirahan kasama natin, si Jesus ay ipinahayag ang Diyos kapwa sa mga tao at sa mga anghel. . . . Ang ating munting mundo ay ang aklat-aralin ng sansinukob. Ang nakakamanghang layunin ng biyaya ng Diyos, ang hiwaga ng tumutubos na pag-ibig, ay ang tema kung saan ang 'mga anghel ay nagnanais na tumingin,' at ito ang kanilang pag-aaral sa buong walang katapusang mga panahon. Kapwa ang mga tinubos at di-nahulog na mga nilalang ay mahahanap sa krus ni Kristo ang kanilang agham at kanilang awit."—*The Desire of Ages*, pp. 19, 20.

## *Biyernes* *Abril 12*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Ano ang makapagpapaalala sa akin na ako ay isang dayuhan, isang manlalakbay, sa mundong ito—isa na hindi dapat makaramdam na kaaya-aya dito?
2. Paano ko masisiguro ang aking pagkahirang at kaligtasan?
3. Ano ang higit na makapagbibigay sa akin ng kalakasan upang tiisin ang mga pagsubok at tukso ng may kagitingan?
4. Ano ang malamang na magpapahina—o magpapatibay—sa aking pananampalataya?
5. Paano ako makakapagbigay ng mas maraming oras para pag-aralan ang plano ng pagtubos nang mas malalim?

# Masunuring Mga Anak ng Diyos

SAULUHING TALATA: “Yamang nilinis ninyo ang mga kaluluwa sa inyong pagtalima sa katotohanan, sa pagibig na hindi pakunwari sa mga kapatid, ay mangagibigan kayo ng buong ningas ng inyong puso sa isa't isa” (1 Pedro 1:22).

“Kapag humawak tayo kay Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya, ang ating gawain ay nagsisimula pa lamang. Ang bawat tao ay may masama at makasalanang mga gawi na dapat mapanagumpayan ng mabuting pakikibaka. Bawat kaluluwa ay kinakailangang makipagbaka sa pakikipagbaka ng pananampalataya.”—*Selected Messages*, bk. 2, p. 20.

Iminungkahing Babasahin: *Steps to Christ*, pp. 43–48.

## *Linggo* *Abril 14*

**1. PAGPILI NG ATING MGA INIISIP NANG MAINGAT**

**a. Ayon sa Salita ng Diyos, saan nagsisimula ang tunay na pagsunod?1 Pedro 1:13, 14; Roma 12:2.**

“Lahat ng tunay na pagbabago ay nagsisimula sa paglilinis ng kaluluwa. Ito ay sa pamamagitan ng paghuhugas ng pagbabagong-buhay at ang pagpapanibago ng isipan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, na ang pagbabago ay nagagawa sa buhay.

“Sa pamamagitan ng pagtingin kay Kristo tayo ay nagbabago. Kung ang isipan ay patuloy na nananahan sa mga bagay na temporal, ang mga bagay na ito ay nagiging lubos na nakakaakit, na nakakaapekto sa pag-uugali, upang ang kaluwalhatian ng Diyos ay mawala sa paningin at makalimutan. Ang mga pagkakataong naaabot nila upang makaunawa ng makalangit na mga bagay, ay hindi napapansin. Ang espirituwal na buhay ay namamatay.”—*Sons and Daughters of God*, p. 105.

**b. Saan ang likas na daloy ng pag-iisip at motibo ng tao tumatakbo? Genesis 6:5; Jeremias 17:9.**

**c. Ano ang gagawin natin kapag napagtanto natin na ang ating mga iniisip at mga motibo ay hindi malinis? Gawa 8:22.**

**2. KAHINAHUNAN NG PAG-IISIP**

**a. Paano natin 'mabibigkisan ang mga balakang ng ating pag-iisip' sa praktikal na kahulugan? Genesis 4:7.**

“Yaong mga hindi nais mabiktima ng mga pakana ni Satanas, ay dapat na bantayang mabuti ang mga lagusan ng kaluluwa; dapat nilang iwasang magbasa, tumingin, o makinig ng maaaring magmumungkahi ng maruming kaisipan. Ang pag-iisip ay hindi dapat pabayaang manahan nang walang pinipili sa bawat paksa na maaaring imungkahi ng kaaway ng mga kaluluwa. Ang puso ay dapat na matapat na nababantayan, o ang kasamaan sa labas ay gigising ng mga kasamaan sa kalooban, at ang kaluluwa ay gumagala sa kadiliman. ‘Bigkisan mo ang mga balakang ng iyong pag-iisip,’ isinulat ni Pedro, ‘maging mapagpigil kayo.’ ”—*The Acts of the Apostles*, p. 518.

**b. Bakit lubos na napakahalagang pigilin ang mga iniisip ng ating puso? Kawikaan 23:7 (unang bahagi); 24:9 (unang bahagi).**

“Ang mga pag-iisip ay dapat magpasakop sa kalooban ng Diyos, at ang mga damdamin sa ilalim ng kontrol ng pagpapasya at relihiyon. Ang ating imahinasyon ay hindi ibinigay sa atin upang payagang tumakbo ng padalus-dalos at magkaroon ng sariling paraan, nang walang anumang pagsisikap sa pagpipigil at disiplina. Kung ang iniisip ay mali, ang damdamin ay magkakamali; at ang mga kaisipan at damdaming pinagsama ang bumubuo sa moral na katangian. Kapag nagpapasiya tayo na bilang mga Kristiyano tayo ay hindi na kinakailangang magpigil ng ating mga pag-iisip at damdamin, tayo ay dinadala sa ilalim ng impluwensya ng masasamang anghel, at inaanyayahan ang kanilang presensya at ang kanilang pagkontrol. Kung tayo ay susuko sa ating mga pagkaunawa at hahayaan ang ating mga kaisipan na tumakbo sa isang daluyan ng paghihinala, pagdududa, at pagrereklamo, tayo ay magiging malungkot, at ang ating buhay ay mapapatunayang isang kabiguan.” — *The Review and Herald*, Abril 21, 1885.

**c. Bakit si apostol Pedro ay nagsusumamo sa atin na maging mapagpigil at “umaasa hanggang wakas” para sa biyaya? 1 Pedro 1:13 kumpara sa 5:8.**

“Bantayan nang matapat ang iyong mga iniisip. Ingatan na ang bawat paglapit ay napapanatiling ang puso ay pinatitibay na mabuti. Dapat kang maglagay ng mga hadlang laban sa paglapit ni Satanas. Ang pagbabantay sa isang punto habang ang iba ay napapabayaan ay walang silbi. . . . May mga panganib sa harapan natin na dapat nating harapin, at ang tanging kaligtasan natin ay nasa Diyos.”—*This Day With God*, p. 174.

**3. TUMAKAS MULA SA DATING MGA MASASAMANG PITA AT MAGPAKABANAL**

**a. Sa anong iba't ibang aspeto ng ating buhay tayo dapat maging lubhang mapagpigil sa pag-iisip upang maging banal? 1 Pedro 1:14, 15; 4:2, 3.**

---

"Huwag hayaang dayain ng sinuman ang kanilang sarili na ang mga kasalanang itinatangi sa kalooban ng ilang panahon ay madaling isuko. Hindi ito gayon. Ang bawat kasalanang itinatangi ay nagpapahina sa pag-uugali at nagpapatibay ng gawi; at pisikal, mental, at moral na kasamaan ang resulta. Maaari mong pagsisihan ang pagkakamaling nagawa mo, at itakda ang iyong mga paa sa mga tamang landas; ngunit ang hulma ng iyong kaisipan at ang iyong kasanayan sa kasamaan ay magpapahirap sa iyo na makilala ang tama at mali. Sa pamamagitan ng mga maling gawi na nabuo, si Satanas ay sasalakayin ka ng paulit-ulit."—*Christ's Object Lessons*, p. 281.

**b. Bagaman palagi tayong pinapaalalahanan na maging banal (1 Pedro 1:15, 16)—na sa paanuman ay tila makakamit ito sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap—sa katotohanan, sa paanong paraan tayo magiging banal? Levitico 20:7, 8; Filipos 2:13; Tito 3:5.**

---

"Bagaman wala tayong merito sa ating sarili, sa dakilang kabutihan at pag-ibig ng Diyos tayo ay ginagantimpalaan na para bang ang merito ay sa atin. Kahit na nagawa na natin ang lahat ng kabutihan na maaari nating gawin, tayo ay mga walang kabuluhang mga lingkod pa rin. . . . Ang anomang nagawa natin ay nagawa lamang sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo, at walang gantimpala ang nararapat sa atin mula sa Diyos batay sa ating merito." — *The Review and Herald*, Hunyo 27, 1893.

**c. Pagkatapos ng panawagan na maging mapagpigil, bakit ang apostol ay ipinaaalaala sa atin ang tungkol sa darating na paghuhukom? 1 Pedro 1:17; Colosas 3:5, 6.**

---

"Ang gawa ng bawat tao ay dumadaan sa pagsusuri sa harapan ng Diyos at itinatala sa katapatan o hindi katapatan. Sa tapat ng bawat pangalan sa mga aklat ng langit ay isinusulat nang may kakila-kilabot na kawastuhan bawat maling salita, bawat makasariling gawa, bawat hindi nagampanang tungkulin, at bawat lihim na kasalanan, kasama ang bawat maparaang pagpapanggap. Ang mga babala o pagsaway na ipinadala ng langit na napabayaan, nasayang na mga sandali, hindi napabuting mga pagkakataon, mga impluwensyang ibinibigay para sa ikabubuti o para sa ikasasama, kasama ang malalayong naabot na resulta nito, lahat ay isinusulat ng nagtatalang anghel."—*The Great Controversy*, p. 482.

**4. TINUBOS SA PAMAMAGITAN NI CRISTO**

**a. Ano ang dinala ni Pedro bilang isang mabuting dahilan kung bakit ang pagsisikap na mapanagumpayan ang dating mga masasamang pita ay hindi lamang nararapat, kundi gayon din ating tungkulin?1 Pedro 1:4, 18, 19; 1 Corinto 6:18–20.**

"Lahat ng tao ay binili ng walang katumbas na halagang ito. Sa pamamagitan ng pagbuhos ng buong kayamanan ng langit sa mundong ito, sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin kay Kristo ng buong kalangitan, binili ng Diyos ang kalooban, ang mga damdamin, ang isipan, ang kaluluwa, ng bawat tao. Mananampalataya man o hindi mananampalataya, lahat ng tao ay pag-aari ng Panginoon. Ang lahat ay tinawag upang maglingkod para sa Kanya, at para sa paraan kung saan matugunan nila ang pag-aangking ito, ang lahat ay kakailanganing managot sa dakilang araw ng paghuhukom."—*Christ's Object Lessons*, p. 326.

**b. Kailan pinagtibay ang plano ng pagtubos? 2 Timoteo 1:8, 9.**

"Ang Diyos ay nalalaman ang mga kaganapan sa hinaharap, bago pa man lalangin ang mundo. Hindi Niya ginawa ang Kanyang mga layunin upang umangkop sa mga pangyayari, kundi pinahintulutan Niya ang mga bagay na lumago at kumilos. Hindi Siya gumawa upang magbigay ng isang tiyak na kalagayan ng mga bagay, ngunit alam Niya na magkakaroon ng gayong kalagayan. Ang plano na dapat isakatuparan sa pagtalikod ng alinman sa matataas na kinatawan ng langit—ito ang sikreto, ang misteryo na itinago mula sa mga kapapanahunan. At isang hain ang inihanda sa walang hanggang layunin upang gawin ang mismong gawain na ginawa ng Diyos para sa nahulog na sangkatauhan."—*The Signs of the Times*, Marso 25, 1897.

**c. Saan ba talaga ang pananampalataya sa Diyos nagmumula? Roma 10:17; 1 Pedro 1:21.**

"Walang taong makakalikha ng pananampalataya. Ang Espiritu na kumikilos at nagliliwanag sa isipan ng tao, ay lumilikha ng pananampalataya sa Diyos. Sa Banal na Kasulatan ang pananampalataya ay sinasabing kaloob ng Diyos, makapangyarihan sa kaligtasan, na nagbibigay-liwanag sa mga puso ng mga naghahanap ng katotohanan gaya ng nakatagong kayamanan. Ang Espiritu ng Diyos ay ikinikintal ang katotohanan sa puso. Ang ebanghelyo ay tinatawag na kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan dahil ang Diyos lamang ang maaaring gumawa sa katotohanan na isang kapangyarihang nagpapabanal sa kaluluwa."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 940.

**5. ANG KORONA NG PAGSUNOD**

**a. Matapos ang panawagan sa mga mananampalataya na makipagbaka laban sa ating mga dating masasamang pita, anong layunin ang itinakda ng apostol bilang pinakahuling anyo ng pagsunod? 1 Pedro 1:22.**

"Patuloy ni Pedro, 'ay mangagibigan kayo ng buong ningas ng inyong puso sa isa't isa.' Ang salita ng Diyos—ang katotohanan—ay ang daluyan kung saan ipinakikita ng Panginoon ang Kanyang Espiritu at kapangyarihan. Ang pagsunod sa salita ay nagbubunga ng kinakailangang katangian—'hindi pakunwaring pag-ibig sa mga kapatid.' Ang pag-ibig na ito ay ipinanganak sa langit at humahantong sa marangal na motibo at di-makasariling mga pagkilos." – *The Acts of the Apostles*, p. 519.

"'Yamang nilinis ninyo ang inyong mga kaluluwa sa pagsunod sa katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu tungo sa hindi pakunwaring pag-ibig sa mga kapatid.' . . . Gaano kahalaga, kung gayon, na ang lahat ng humahawak sa gawain, yaong mga nag-ca-canvass at yaong mga gumagawa sa opisina, ay matapat na pangalagaan at isabuhay ang pinakamataas, pinakabanal na mga prinsipyo ng Salita ng Diyos."—*The Publishing Ministry*, p. 297.

"Kinakailangan nating pahalagahan ang pag-ibig sa ating mga puso. Hindi tayo dapat na handa na mag-isip ng masama sa ating mga kapatid. Dapat nating ilagay ang pinakamaliit na posibilidad sa interpretasyon sa kung ano ang kanilang ginagawa o kung ano ang kanilang sinasabi. Dapat tayong maging mga Kristiyano sa Bibliya. [Sipi sa 1 Pedro 1:22.] . . .

"Dapat nating suriin ang katangian ng ating mga iniisip at mga damdamin, ang ating mga ugali, layunin, salita, at gawa. . . . Maliban kung masikap nating susuriin ang ating mga puso sa liwanag ng Salita ng Diyos, ang pag-ibig sa sarili ay mag-uudyok sa isang mas mabuting opinyon sa ating sarili kaysa sa nararapat na mayroon tayo."—*This Day With God*, p. 83.

"Kung walang nagkukulang sa ating sariling karanasan, hindi tayo labis na mapaghinala sa ating mga kapatid. Ang isa na ang budhi ay hinahatulan ang siyang napakadaling humusga sa iba. Hayaang manginig ang lahat at matakot sa kanyang sarili. . . . 'Yamang nilinis ninyo ang inyong mga kaluluwa sa pagsunod sa katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu tungo sa hindi mapagkunwaring pag-ibig sa mga kapatid.' "—*The Review and Herald*, Oktubre 29, 1901.



PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Ano ang dapat kong gawin kung ang isang napakasama o maruming pag-iisip ay pumasok sa aking isipan?
2. Gaano ko kadalas dapat suriin ang aking puso patungkol sa likas na katangian ng aking mga motibo?
3. Paano ko malilinang ang mas malalim na kahulugan ng kadalisayan sa aking buhay?
4. Ano ang higit na makapagpapaunlad ng aking pagpapasalamat sa halagang ibinayad ni Jesus para sa akin?
5. Gaano katotoo ang aking pag-ibig sa aking mga kapatid na lalaki at babae?

# Ang Salita ng Diyos

SAULUHING TALATA: “Gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa espiritu, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa ikaliligtas” (1 Pedro 2:2).

“Ang salita ng Diyos ay ang binhi. Ang bawat butil sa sarili nito ay may prinsipyong sumisibol. Sa loob nito ang buhay ng halaman ay nababalot. Kaya may buhay sa salita ng Diyos.”—*Christ’s Object Lessons*, p. 38.

Iminungkahing Babasahin: *Messages to the Young*, pp. 189–191.

## *Linggo* *Abril 21*

**1. KINAKAILANGANG KAHILINGAN**

**a. Anong kinakailangang kondisyon ng kaligtasan ang ipinahayag ni Jesus sa Kanyang mga tagapakinig? Juan 3:5–7; Mateo 18:1–3.**

**b. Sa ano itinuturo ni Pedro bilang paraan kung saan maaari tayong mahikayat (ipinanganak na muli)? 1 Pedro 1:23.**

“Ang pagbabago ng puso kung saan tayo ay naging mga anak ng Diyos ay nasa Bibliya na binanggit bilang kapanganakan. . . .

“Kapag ang katotohanan ay naging isang matibay na prinsipyo sa buhay, ang kaluluwa ay 'ipinanganganak na muli, hindi sa binhing nasisira, kundi sa walang kasiraan, sa pamamagitan ng salita ng Diyos, na nabubuhay at nananatili magpakailanman.' Ang bagong kapanganakan na ito ay bunga ng pagtanggap kay Kristo bilang salita ng Diyos. Pagkatapos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang mga banal na katotohanan ay nakikintal sa puso, ang mga bagong konsepto ay nagigising, at ang mga lakas na hanggang ngayon ay natutulog ay napupukaw upang makipagtulungan sa Diyos. . . . Si Kristo ang tagapaghayag ng katotohanan sa sanlibutan. Sa pamamagitan Niya ang wlang kasiraang binhi—ang Salita ng Diyos—ay inihahasik sa puso ng mga tao.

“Ang Salita ang sumisira sa likas, makamundong ugali, at nagbibigay ng bagong buhay kay Kristo Hesus-—ang banal na pagtutularan.”—*The Faith I Live By*, p. 19.

**2. WALANG HANGGAN VS. PANSAMANTALA AT NASISIRA**

**a. Anong mga salita sa propesiya ang sinipi ni Pedro nang magsalita tungkol sa kahinaan ng buhay ng tao? 1 Pedro 1:24; Isaias 40:6–8.**

**b. Sa buong Bibliya, sa ano inihahambing ang buhay ng isang tao—at bakit? Awit 103:15, 16; Santiago 4:14.**

"Wala tayong oras na dapat masayang. Hindi natin alam kung gaano kabilis magsasara ang ating pintuan ng awa. Sa napakahabang panahon, mayroon na lamang tayong maikling buhay dito, at hindi natin alam kung gaano kabilis ang palaso ng kamatayan tatama sa ating mga puso. . . .

"Tayo ba ay handa na? Nakilala na ba natin ang Diyos, ang Gobernador ng langit, ang Tagapagbigay-Kautusan, at si Jesu-Kristo na Kanyang ipinadala sa sanlibutan bilang Kanyang kinatawan? Kapag ang ating gawain sa buhay ay natapos na, masasabi ba natin, tulad ng ginawa ni Kristo na ating halimbawa: 'Niluwalhati Kita sa lupa: Natapos Ko na ang gawaing ipinagawa Mo sa Akin. . . . Ipinahayag Ko ang Iyong pangalan'? Juan 17:4–6."—*The Ministry of Healing,* p. 454.

**c. Salungat sa buhay ng tao na parang damo at singaw, ano ang kasing walang hanggan tulad ng Diyos? 1 Pedro 1:25; Awit 119:89.**

"Tulad ng mga nagtayo ng mga bahay na ito sa ibabaw ng bato, sabi ni Jesus, siya ang tatanggap ng mga salita na aking sinabi sa inyo, at gagawin itong saligan ng kanyang pag-uugali at buhay. Mga ilang siglo ang nakalipas, isinulat ni propeta Isaias, 'Ang salita ng ating Diyos ay mamamalagi magpakailan man' (Isaias 40:8); at si Pedro, matagal na panahon matapos ibigay ang Sermon sa Bundok, binanggit ang mga salitang ito ni Isaias na idinagdag, 'Ito ang salita ng mabuting balita na ipinangangaral sa inyo' (1 Pedro 1:25). Ang salita ng Diyos ang tanging matatag na bagay na nalalaman ng ating mundo. Ito ang tiyak na pundasyon. 'Ang langit at ang lupa ay lilipas,' sabi ni Jesus, 'ngunit ang Aking mga salita ay hindi lilipas.' Mateo 24:35. . . .

"Sa pagtanggap ng salita, tinatanggap natin si Kristo. At yaon lamang na tumanggap ng Kanyang mga salita ang nagtatayo sa Kanya. . . . Si Kristo, ang Salita, ang kapahayagan ng Diyos—ang pagpapakita ng Kanyang katangian, ang Kanyang kautusan, ang Kanyang pag-ibig, ang Kanyang buhay—ay ang tanging pundasyon kung saan maaari tayong bumuo ng isang pag-uugali na mananatili.

"Tayo ay napapatibay kay Kristo sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang salita. . . . Ang kabanalan ay . . . ang resulta ng pagsuko ng lahat sa Diyos."—*Thoughts From the Mount of Blessing*, pp. 148, 149.

**3. PAG-ALIS NG MGA BAGAY NA NAKAKATISOD**

**a. Magbanggit ng ilang mga bagay na katitisuran na humahadlang sa atin sa pagtanggap ng Salita ng Diyos gaya ng kay Hesus. 1 Pedro 2:1, 2.**

"Tanggapin nang buong puso ang mga salita ni Cristo, at maging tagatupad ng Kanyang salita. Hindi natin matatanggap ang mga pagpapalang maidudulot sa atin ng pag-ibig at presensya ni Kristo, kung pinahahalagahan natin ang mga damdaming makasisira sa pagkakaisa na ipinanalangin ni Kristo na maaaring umiral sa Kanyang mga alagad." — *The Review and Herald*, Hulyo 25, 1893.

"Ang sarili natin ang una nating intindihin. Punahin ng mabuti ang puso. Saliksikin ito upang makita kung ano ang humahadlang sa malayang pagpasok ng Espiritu ng Diyos."—*Our High Calling*, p. 21.

"Dapat walang matalas na pananalita, walang masungit na pagsaway, sapagkat ang mga anghel ng Diyos ay lumalakad nang paitaas at pababa sa bawat silid. . . . Maliit na pagkakamali ay maaaring magawa, ngunit ang mga salita ng paninisi ay pumupukaw ng damdamin ng pagganti, at ang Diyos ay nalalapastangan. . . . Anumang salitang binibigkas nang hindi pinag-iisipan o hindi sinasadya ay dapat na bawiin kaagad. . . . Ito ang ating gawain."—*In Heavenly Places*, p. 182.

**b. Magbigay ng mga halimbawa kung paanong ang hindi maisukong kapaitan, pagpapaimbabaw at inggit ay humahadlang sa bayan sa pagtanggap ng Salita ng Diyos. Genesis 4:5–8; Marcos 15:10; Gawa 13:44, 45.**

"Ang ating mga panalangin ay tila hindi laging nakakatanggap ng agarang sagot. . . . Kapag humihiling tayo sa Kanya, maaaring makita Niya na kinakailangan nating saliksikin ang ating mga puso at pagsisihan ang kasalanan. Samakatuwid dinadala Niya tayo sa pagsusuri at pagsubok, dinadala Niya tayo sa pagpapakumbaba, upang makita natin kung ano ang humahadlang sa pagkilos ng Kanyang Banal na Espiritu sa atin."—*Christ's Object Lessons*, p. 143.

"Ang inggit ay hindi lamang isang masamang pag-uugali, kundi isang malalang sakit, na gumugulo sa lahat ng mga kakayahan. . . .

"Ang taong mainggitin ay ipinipikit ang kanyang mga mata sa mabubuting katangian at marangal na gawa ng iba. Siya ay laging handa na pintasan at ilarawan ng mali kung alin ang napakahusay. Ang mga tao ay madalas na nagpapahayag ng kasalanan at tinatalikuran ang iba pang mga pagkakamali, ngunit kakaunti ang maaasahan mula sa taong maiinggitin. Dahil ang mainggit sa isang tao ay pagkilala na siya ay mas nakakahigit, ang pagmamataas ay hindi papayag sa anumang pagpapahinuhod. Kung ang isang pagsisikap ay gagawin upang kumbinsihin ang taong mainggitin sa kanyang kasalanan, siya ay nagiging mas maramdamin. . . .

"Ang taong mainggitin ay nagpapakalat ng lason saanman siya magpunta, pinaglalayo ang mga magkakaibigan at pinupukaw ang poot at paghihimagsik laban sa Diyos at sa tao."—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 56.

**4. PAGNANAIS NG DALISAY NA GATAS NG SALITA**

**a. Matapos ituro ang Salita ng Diyos bilang isang kapangyarihan upang mabago ang ating mga kaluluwa, anong uri ng "pagnanasa" ang hinihikayat sa atin ni Pedro na gamitin? 1 Pedro 2:2.**

“Ang pagpapahalaga sa Bibliya ay lumalago sa pag-aaral nito. . . .

“Wala nang higit na nilayon upang palakasin ang kaisipan kaysa sa pag-aaral ng Bibliya. Walang ibang aklat ang mabisa upang parangalin ang mga kaisipan, upang magbigay ng kalakasan sa mga kakayahan, gaya ng napakahalagang, nagpaparangal na mga katotohanan ng Bibliya. Kung ang Salita ng Diyos ay pag-aaralan ayon sa nararapat, ang mga tao ay magkakaroon ng sigla ng pag-iisip, kadakilaan ng pag-uugali, na bihirang makita sa mga panahong ito.

“Walang kaalaman na napakatatag, hindi nagbabago, may napakalaking epekto, gaya ng nakukuha mula sa pag-aaral ng Salita ng Diyos.”—*In Heavenly Places*, p. 135.

**b. Banggitin ang isa sa mga dahilan kung bakit ang mga tao ay ayaw pag-aralan ang Salita ng Diyos. Juan 3:19, 20.**

“Napapabayaan ninyo ang Kasulatan. Hinahamak at tinatanggihan ninyo ang mga patotoo dahil sinasaway nila ang inyong mga minamahal na kasalanan at nakakagambala sa inyong sariling kasiyahan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 49.

**c. Ano ang ginagawa ng maraming pilosopo ng Athens sa lahat ng kanilang oras sa paggawa, at anong katulad na suliranin ang kinakaharap natin ngayon, lalo na sa walang pigil na paggamit ng *Internet at social media*? Gawa 2:21–23, 32; 2 Corinto 4:3, 4 .**

“O, nawa ang mga kabataan ay isaalang-alang ang impluwensya ng nakakapanabik na mga kuwento sa isipan! Maaari mo bang, pagkatapos ng gayong pagbabasa, buksan ang salita ng Diyos at basahin ang mga salita ng buhay nang may pananabik? Ang aklat ba ng Dios ay hindi nakakawili para sa iyo?”— *The Adventist Home*, p. 416.

“Marami ang nagpapahina sa isipan sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga kuwento at nobela, at nawawalan ng gana sa salita ng Diyos. Sila ay nagiging lasing sa pag-iisip, at hindi na makayanang tingnan ang mga solemneng punto ng buhay at kahihinatnan sa tamang liwanag, maliban kung iwaksi nila ang kaugaliang ito.”—*The Review and Herald*, Abril 14, 1891.

## Huwebes — Abril 25

**5. LUMALAGO SA PANG-ESPIRITUWAL**

**a. Ano ang imposible kung hindi tayo mananatiling masigasig na mag-aaral ng salita ng Diyos? 2 Pedro 3:18 (unang bahagi).**

"Ang apostol ay pinayuhan ang mga mananampalataya na pag-aralan ang Banal na Kasulatan, sa pamamagitan ng wastong pag-unawa kung saan maaari nilang tiyaking gumagawa para sa walang hanggan. Napagtanto ni Pedro na sa karanasan ng bawat kaluluwa na sa huli ay matagumpay ay magkakaroon ng mga kaganapan ng matinding kaguluhan at pagsubok; ngunit ang kaalaman sa Kasulatan ay magbibigay-daan sa kanya na isaisip ang mga pangakong magpapaginhawa sa kanyang puso at magpapatibay sa kanyang pananampalataya sa Isa na Makapangyarihan."—*The Acts of the Apostles*, p. 521.

**b. Sa anong panganib yaong mga napagkilala "na ang Panginoon ay mapagbiyaya" ngunit nagpapabaya sa paggamit ng salita ng Diyos sa kanilang mga puso? 1 Pedro 2:3; Mga Hebreo 6:4–6.**

"Marami ang tumitingin nang may pagkakampante sa sarili sa mahabang mga taon na itinataguyod nila ang katotohanan. Nararamdaman nila ngayon na sila ay karapat-dapat sa isang gantimpala para sa kanilang mga naging pagsubok at pagsunod. Ngunit ang tunay na karanasang ito sa mga bagay ng Diyos sa nakaraan ay nagpapangyari sa kanila na mas magkasala sa Kanyang harapan dahil sa hindi pag-iingat ng kanilang integridad at pagsulong sa kasakdalan. Ang katapatan sa nagdaang mga taon ay hindi kailanman makakabawi para sa kapabayaan ng kasalukuyang taon. Ang katapatan ng isang tao sa nagdaang mga araw ay hindi makakapagbayad-sala para sa kanyang kasinungalingan ngayon."—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 63.

"Hanapin natin bawat isa ang Panginoon. Hayaang ang mga may mababaw na karanasan sa pang-espirituwal sa nakaraan, ay lumapit sa Diyos."—Ibid., vol. 9, p. 216.

## Biyernes — Abril 26

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Ano ang mga bunga ng isang tunay na karanasan sa pagkahikayat?
2. Paano ko malalaman kung ako ay handang makita ang Panginoon kung ako ay mamamatay ngayong gabi?
3. Mayroon bang kapatid na lalaki o kapatid na babae sa iglesia na hindi ko gusto? Kung oo, bakit? Ang dahilan kaya ng nararamdaman ko sa kanila ay lihim na paninibugho o inggit?
4. Gaano kadalas ang marapat para sa akin na magkaroon ng personal na pag-aaral sa Bibliya?
5. Ilarawan ang pagkakaiba sa pagitan ng paglago kay Kristo at pananatili sa kalagayan.

## Unang Handog ng Sabbath para sa mga Pandaigdigang Misyon



"Ang langit ay napopoot sa pagpapabaya na ipinakita sa mga kaluluwa ng mga tao. Nais ba nating malaman kung paano ito tinuturing ni Kristo? Ano kaya ang mararamdaman ng isang ama at ina, nalalaman ba nila na ang kanilang anak, na nawawala sa gitna ng ginaw at niyebe, ay iniwan na mapapahamak, ng mga maaaring magligtas nito?"— The Desire of Ages, p. 825.

Sa pang-espirituwal na kahulugan, sino ang mga batang ito na "nawala sa gitna ng ginaw at niyebe"?

"Milyon-milyong kaluluwa ng tao na handang ng mapahamak, na nakagapos sa mga tanikala ng kamangmangan at kasalanan, ay hindi pa nakarinig ng pag-ibig ni Kristo para sa kanila. Kung ang ating kalagayan at ang kanilang kalagayan kaya ay pagpalitin, ano ang nais nating gawin nila para sa atin? Ang lahat ng ito, ay nakasalalay sa ating kapangyarihan, tayo ay nasa ilalim ng solemneng obligasyong na gumawa para sa kanila."—Ibid., p. 640.

"Saanman ang liwanag ng katotohanan ay dapat sumisisnag, upang ang mga puso, na ngayon ay natutulog sa kamangmangan, ay magising at mahikayat. Sa lahat ng mga bansa at lungsod ang ebanghelyo ay dapat ipahayag."— Evangelism, p. 19.

"Paano nga sila tatawag sa kaniya na hindi nila sinampalatayanan? at paano sila magsisisampalataya sa kaniya na hindi nila napakinggan? at paano silang mangakikinig kung walang tagapangaral? At paano sila mangangaral, kung hindi sila nga sinugo?" ( Roma 10:14, 15 , unang bahagi).

Ang pandaigdigang ebanghelismo ay kailangan ngayon, habang ang mga pintuan ay bukas pa. Tunay nga, na sa oras na ito ay maaari nating maihahayag ang mga salita ni Jesus: "Kailangan kong gawin ang mga gawa niya na nagsugo sa akin, samantalang araw: dumarating ang gabi, na walang taong makakagawa. Habang ako ay nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan" (Juan 9:4, 5).

Hindi lahat ay maaaring personal na pumunta saanman ang mensahe ay kinakailangang dalhin sa madilim na planetang ito. Ngunit ang pagtanggap sa mensaheng ito gayunpaman ay nagkakahalaga ng isang bagay mula sa ating lahat: Ang oras, pangangalaga, kalakasan, at salapi ay dapat na taos-pusong ibigay sa gawaing ito hanggang sa ang buong mundo ay lumiwanag ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang iyong matapat na kabutihang loob sa world missions ay maaaring gumawa ng malaking pagkakaiba!

*Ang iyong mga kapatid mula sa General Conference*

# Mga Batong Buhay

SAULUHING TALATA: "Kayo rin naman, na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal, upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Dios sa pamamagitan ni Jesucristo." (1 Pedro 2:5).

"Yaong mga nakakaunawa sa katotohanan sa panahong ito ay dapat mag-ingat kung paano nila pinakikinggan at kung paano nila hinuhubog at tinuturuan ang iba na magsanay."—*Selected Messages*, bk. 3, p. 22.

Iminungkahing Babasahin: *The Spirit of Prophecy*, vol. 2, pp. 272–274.

## *Linggo* *Abril 28*

### 1. INILARAWAN NOONG NAKARAAN

**a. Sa pagtukoy sa propesiya ni Isaias (Isaias 28:16), paano inilarawan ni Pedro si Jesu-Cristo? 1 Pedro 2:4, 6.**

**b. Sa anong makasaysayang pangyayari binuo ang paglalarawang ito? 1 Pedro 2:7.**

"Sa pagtatayo ng templo ni Solomon ang mga bato ay lubusang inihanda sa tibagan, anupat nang dalhin ang mga ito . . . ang mga manggagawa ay dapat lamang ilagay sila na nakapuwesto. . . .

"Walang instrumento ang gagamitin sa ibabaw ng bato kapag dinala ito sa lugar ng pagtatayuan. May isang bato na hindi pantay ang hugis ay dinala mula sa tibagan upang gamitin sa pundasyon ng templo. Ngunit ang mga manggagawa ay walang mahanap na paglalagyan para dito. . . . Doon ito nakalapag na hindi nagamit, at ang mga manggagawa ay nadadaanan ito sa paligid nito o natitisod dito, labis na nakakayamot ang kalagayan nito. Matagal nang nanatili itong batong itinakwil. Ngunit nang dumating ang mga tagapagtayo sa paglalatag ng batong panulok, sa mahabang panahon ay naghanap sila ng walang kabuluhan para sa bato na may sapat na sukat at lakas. . . [upang] pasanin ang malaking bigat na mapapalagay dito. Kung gumawa sila ng hindi matalinong pagpipili ng isang bato para sa mahalagang lugar na ito, ang kaligtasan ng buong gusali ay malalagay sa panganib. . . .

"Sa huli ay natawag ang pansin ng mga tagapagtayo sa malaking batong ito, at sinuri nila itong mabuti. Kinaya nito ang bawat pagsubok. . . . Ang bato ay kinuha, dinala sa nakatalagang paglalagyan nito at nakitang eksaktong angkop."—*The Spirit of Prophecy*, vol. 3, p. 36, 37.

## 2. ANG PANGULONG BATO SA PANULOK

**a. Bagama't pinangalanan ni Jesus si Simon na "Cefas," na nangangahulugang "isang bato" (tingnan sa Juan 1:42; Mateo 16:18, 19), bakit hindi maaaring si Pedro ang "bato" kung saan itinayo ni Cristo ang Kanyang iglesia? Mateo 26:73, 74; Galacia 2:11–13.**

"Si Pedro ay maagap at masigasig sa pagkilos, matapang at hindi natitinag; at nakita ni Kristo sa kanya ang sangkap na magiging malaking halaga sa iglesia."—*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 488.

"Hindi si Pedro ang bato kung saan itinatag ang iglesia. Ang mga pintuan ng Hades ay nanaig sa kanya nang itinanggi niya ang kanyang Panginoon sa pamamagitan ng panunumpa at pangako. Ang iglesia ay itinayo sa Isa na laban sa kanya na ang mga pintuan ng Hades ay hindi makakapanaig."—*The Desire of Ages*, p. 413.

"Hindi tinukoy ni Kristo si Pedro bilang ang bato kung saan niya itatayo ang kanyang iglesia. Sa Kanyang pananalita, 'sa batong ito,' ay tumutukoy sa Kanyang sarili bilang pundasyon ng iglesiang Kristiyano. Sa Isaias 28:16, ang parehong pagtukoy ay ginawa. . . . Ito rin ang parehong batong binanggit sa Lucas 20:17, 18. . . . Gayundin sa Marcos 12:10, 11. . . .

"Ang mga talatang ito ay nagpapatunay na si Kristo ang bato kung saan itinatag ang iglesia."—*The Spirit of Prophecy*, vol. 2, pp. 272, 273.

**b. Magbigay ng katibayan na sa halip na maging pundasyon ng iglesia, si Pedro ay isa sa maraming mga kapatid sa pamumuno. Galacia 2:9; 1 Pedro 5:1; Efeso 2:20, 21.**

"Si Santiago ang namuno sa konseho [tingnan sa Mga Gawa kabanata 15], at ang kanyang huling desisyon ay, 'Dahil Dito ang hatol ko, ay huwag nating gambalain yaong [Mga Gentil].' . . .

"Dito natapos ang talakayan. Sa pagkakataong ito mayroon tayong pagpapabulaan sa doktrinang pinanghahawakan ng Iglesiang Romano Katoliko na si Pedro ang pangulo ng iglesia. . . . Walang anuman sa buhay ni Pedro ang nagbibigay ng patotoo sa pag-aangkin na siya ay itinaas kaysa sa kaniyang mga kapatid bilang ang kahalili ng Kataas-taasan."— *The Acts of the Apostles*, pp. 194, 195.

**c. Sino ang itinuturing ni Pedro na tanging matibay na bato at tunay na pundasyon ng iglesia? 1 Pedro 2:3–6.**

**3. ISANG BAGAY NA KATITISURAN**

**a. Magbigay ng isang katangiang iniuugnay kay Jesus at kung paano ito nauugnay sa mensahe ng ebanghelyo para sa mga makasalanan. 1 Pedro 2:4 (unang bahagi), 7.**

---

“Habang ang salita ng buhay ay binibigkas, hayaang ang iyong taos-pusong pagtugon ay magpatotoo na tinatanggap mo ang mensahe bilang mula sa langit. Ito ay napaka-makaluma, alam ko; ngunit ito ay magiging isang handog ng pasasalamat sa Diyos para sa tinapay ng buhay na ibinigay sa nagugutom na kaluluwa. Ang tugon na ito sa kinasihan ng Banal na Espiritu ay magiging lakas sa sarili mong kaluluwa at magpapatibay ng loob sa iba. Magbibigay ito ng ilang katibayan na mayroong mga buhay na bato sa gusali ng Diyos na nagbibigay ng liwanag.”—*Testimonies for the Church*, vol. 6, p. 367.

**b. Paano natin malalaman na maging ang mga pamilyar sa pangkasalukuyang katotohanan ay nasa panganib na “matisod sa salita”? Roma 9:31–33; 1 Pedro 2:8.**

“Ang Panginoon sa Kanyang dakilang habag ay nagpadala ng pinakamahalagang mensahe sa Kanyang bayan sa pamamagitan nina Elder Wagoner at Jones [sa *General Conference* ng *SDA* na ginanap sa Minneapolis noong 1888]. Ang mensaheng ito ay upang dalhin nang higit na kitang-kita sa harap ng mundo ang itinataas na Tagapagligtas, ang hain para sa mga kasalanan ng buong mundo. Nagpapahayag ito ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa Tagapanagot; inanyayahan nito ang mga tao na tanggapin ang katuwiran ni Cristo, na ipinakikita sa pagsunod sa lahat ng kautusan ng Diyos. Marami ang inalis ang paningin kay Hesus. Kailangan nilang ituon ang kanilang mga mata sa Kanyang banal na persona, sa Kanyang mga merito, at Kanyang hindi nagbabagong pag-ibig.”—*Testimonies to Ministers,* pp. 91, 92.

“Ang ilan ay naglilinang ng pagkapoot laban sa mga taong inatasan ng Diyos na magdala ng isang espesyal na mensahe sa sanlibutan. Sinimulan nila ang satanikong gawaing ito sa Minneapolis. Pagkatapos, nang kanilang makita at madama ang pagpapakita ng Banal na Espiritu na nagpapatotoo na ang mensahe ay mula sa Diyos, lalo nilang kinapootan ito, sapagkat ito ay isang patotoo laban sa kanila. Hindi nila nais na ipagpakumbaba ang kanilang mga puso upang magsisi.”—Ibid. pp. 79, 80.

“Ipinakita sa akin ang mababang kalagayan ng bayan ng Diyos . . . sila ay humiwalay sa Kanya, at naging malahininga. Taglay nila ang teorya ng katotohanan, ngunit nagkukulang ng kapangyarihan nitong magligtas.”—*Testimonies for the Church*, vol. 1, p. 210.

“Ang mensahe sa iglesia ng Laodicean ay angkop sa ating kalagayan. Napakalinaw na inilarawan ang kalagayan ng mga iniisip na nasa kanila ang lahat ng katotohanan, na ipinagmamalaki ang kanilang kaalaman sa Salita ng Diyos, samantalang ang nakapagpapabanal na kapangyarihan nito ay hindi pa naramdaman sa kanilang buhay.”—*Faith and Works*, pp. 82, 83.

**4. PAGIGING ISANG BUHAY NA BATO**

**a. Paano inilarawan ni Pedro ang paglago ng Kristiyano? 1 Pedro 2:5.**

**b. Ano ang ibig sabihin ng maging isang "buhay na bato" sa espirituwal na tahanan ng Diyos? Efeso 4:13, 15, 16. Ihambing ito sa Pahayag 3:1 (huling bahagi), 2.**

"Ngayon kailangan nating makipagtulungan sa mga taong ito na talagang matatalino. . . . Ang mga magaspang na batong ito ay dinadala natin kung maaari sa pagawaan ng Diyos kung saan sila ay tatapyasan at gagawing parisukat, at lahat ng magaspang na bahagi ay aalisin, at sila ay pinakikintab ng banal na kamay hanggang sa sila ay maging mga mahahalagang bato sa templo ng Diyos at sila ay maging mga buhay na bato na naglalabas ng liwanag. Sa gayon sila ay maaaring yumabong bilang isang banal na templo para sa Diyos."—*Evangelism*, p. 573.

"Hindi tatanggapin ng Panginoon ang walang pusong paglilingkod, isang kabuuan ng mga seremonya na talagang wala si Kristo. Ang kanyang mga anak ay dapat maging buhay na mga bato sa gusali ng Diyos. Kung ang lahat ay ibibigay ang kanilang sarili nang walang pag-aalinlangan sa Diyos, kung sila ay titigil sa pag-aaral at pagpaplano para sa kanilang kasiyahan, para sa mga pagliliwaliw, at hilig sa kasiyahang mga pagsasama, at pag-aaralan ang mga salita, . . . hindi sila kailanman magugutom o mauuhaw para sa kasiyahan o pagbabago. Kung ito ay para sa ating tunay na kapakinabangan na maging espirituwal at kung ang kaligtasan ng ating bayan ay nakasalalay sa ating pagkakadikit sa Walang-hanggang Bato, hindi ba't mas mabuting maugnay sa pagsisikap para sa makakahawak ng buong gusali sa pangulong batong panulok, na hindi tayo maaaring malito at magulo sa ating pananampalataya."—*Fundamentals of Christian Education*, pp. 461, 462.

**c. Ano ang pinakamagandang "espirituwal na hain" na maaari nating ihandog sa Diyos? 1 Pedro 2:5 (huling bahagi); Awit 51:17; 1 Samuel 15:22 (ikalawang kalahati).**

"Ang mga sinusunog na handog at mga hain ay hindi katanggap-tanggap sa Diyos noong unang panahon maliban kung ang espiritu ay tama saanman ang kaloob ay iniaalay. Sinabi ni Samuel: '. . . Narito, ang pagsunod ay higit na mabuti kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake.' Ang lahat ng salapi sa lupa ay hindi makakabili ng pagpapala ng Diyos o makatitiyak sa iyo ng isang tagumpay.

"Marami ang gagawa ng anuman at bawat sakripisyo subalit ang isa na dapat nilang gawin, ay ang ibigay ang kanilang mga sarili, ang isuko ang kanilang mga kalooban sa kalooban ng Diyos."—*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 84.

## *Huwebes* Mayo 2

**5. TAYO BA ANG KUNG ANO ANG INAANGKIN NATIN?**

**a. Anong mga salita sa Bibliya ang may posibilidad na may pagmamalaki nating iniaangkop sa ating mga sarili? 1 Pedro 2:9 (unang bahagi), 10.**

**b. Sa anong klase ng mga tao lamang, ang mga salita sa itaas mula sa 1 Pedro 2:9 maiaangkop? 1 Pedro 2:5, 9 (huling bahagi); Mateo 5:16; Roma 2:28, 29 .**

"Siya na ang pag-iisip ay naliwanagan sa pamamagitan ng pagbubukas ng salita ng Diyos sa kanyang pang-unawa ay mapagtatanto ang kanyang tungkulin sa Diyos at sa sanlibutan at madarama niya na ang kanyang mga talento ay dapat paunlarin sa paraang magbubunga ng pinakamagagandang resulta; sapagkat dapat niyang 'ipahayag ang mga karangalan' Niyaong tumawag sa inyo 'mula sa kadiliman hanggang sa Kanyang kagilagilalas na kaliwanagan.' 1 Pedro 2:9 . Habang lumalago sa biyaya at sa kaalaman tungkol sa Panginoong Jesucristo, mapagtatanto niya ang kanyang sariling mga pagkakasala, madarama niya ang kanyang tunay na kamangmangan, at patuloy niyang sisikapin na pangalagaan at palawakin ang mga kapangyarihan ng pag-iisip, upang siya ay maging isang matalinong Kristiyano."—*Counsels to Parents, Teachers, and Students*, p. 37.

"Ang Diyos ay may bayan na hindi tatanggap ng tanda ng hayop sa kanilang kanang kamay o sa kanilang noo. Ang Diyos ay may lugar para sa Kanyang bayan para punan sa sanlibutang ito, upang magpakita ng liwanag."—*The Review and Herald*, Abril 15, 1890

## *Biyernes* Mayo 3

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano ako makatitiyak na itinataguyod ko si Jesus kaysa sa sarili kong mga ideya?
2. Si Kristo ay may nakita kay Pedro na mga katangiang magiging napakalaking halaga sa iglesia. Ano ang maaari kong gawin upang ang aking iglesia ay mapabuti?
3. Paano ako maaaring manganib na bilangin ang aking mga taon ng matapat na paggawa para sa iglesia o ang aking paglago sa iba't ibang aspeto ng pagbabago bilang isang merito para sa kaligtasan?
4. Ano ang gagawa sa akin na maging tunay na isang "buhay na bato" sa templo ng Diyos?
5. Ano ang nagpapakilala ng isang banal, "natatanging" Kristiyano sa kaibahan ng isa na nag-aangkin lamang ng pangalan?

# Nagpapatotoo sa Sanlibutan

SAULUHING TALATA: “Sapagka't siyang kalooban ng Dios, na dahil sa paggawa ng mabuti ay inyong mapatahimik ang kamangmangan ng mga taong palalo” (1 Pedro 2:15).

“Ang korona ni Kristo ay dadakilain sa itaas ng mga diadema ng mga makalupang kapangyarihan.”—*The Acts of the Apostles*, p. 68.

Iminungkahing Babasahin: *Testimonies for the Church*, vol. 1, pp. 358–361.

## *Linggo* *Mayo 5*

### 1. PAG-IWAS SA NAKIKIPAGLABAN SA KALULUWA

**a. Ano ang isa sa pinakamahalaga ngunit pinaka-mapaghamong laban para sa bawat manlalakbay? 1 Pedro 2:11; 1 Juan 2:15, 16 .**

“Naunawaan ni apostol Pedro ang ugnayan ng isip at ng katawan, at itinaas niya ang kanyang tinig bilang babala sa kanyang mga kapatid: Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyong tulad sa mga nangingibang bayan at nagsisipaglakbay, na kayo'y magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa.' Karamihan ay itinuturing ang talatang ito bilang isang babala laban sa kahalayan lamang; ngunit ito ay may mas malawak na kahulugan. Ipinagbabawal nito ang bawat nakapipinsalang pagpapakabuyo sa panlasa o pagkahumaling. Ang bawat baluktot na panlasa ay nagiging isang nakikipagdigmang pita. Ang panlasa ay ibinigay para sa isang mabuting layunin, hindi upang maging tagapangasiwa ng kamatayan sa pamamagitan ng pag-baluktot, at sa gayo’y lumulubha tungo sa ‘mga pita na nakikipaglaban sa kaluluwa.’ . . .

“Ang lakas ng tukso na magpakabuyo sa panlasa ay masusukat lamang sa hindi maisaysay na dalamhati ng ating Manunubos sa mahabang pag-aayuno sa ilang. Alam niya na ang pagpapakabuyo sa baluktot na panlasa ay magpapamanhid sa mga pang-unawa ng tao na ang mga sagradong bagay ay hindi maunawaan. . . . Kung ang kapangyarihan ng pagpapakabuyo sa panlasa ay napakalakas sa lahi, na, upang maputol ang hawak nito, ang banal na Anak ng Diyos, alang-alang sa tao, ay kinailangang magtiis ng pag-aayuno ng halos anim na linggo, napakalaking gawain ang nasa harapan ng Kristiyano! Gayunpaman, gaano man katindi ang pakikibaka, maaari niyang pagtagumpayan. Sa tulong ng banal na kapangyarihang iyon. . . siya rin, ay maaaring maging ganap na matagumpay sa kanyang pakikibaka sa kasamaan, at sa huli ay maaaring magsuot ng korona ng nanagumpay sa kaharian ng Diyos.”—*Counsels on Diet and Foods*, pp. 166, 167.

**2. PANGANGARAL SA PAMAMAGITAN NG MABUTING MGA GAWA**

**a. Bakit lahat ng tunay na Kristiyano ay itinuturing na mga taga-ibang bayan at mga kaaway ng sanlibutang ito? 1 Pedro 2:12; 1 Corinto 1:18, 23; 2:14.**

"Sa mga Judiong tagapakinig [ni Pablo] ay marami ang nagagalit sa mensaheng ipinaahahayag niya. Sa pagtatantya ng mga Griyego ang kanyang mga salita ay nagiging walang katotohanang kahangalan. Siya ay itinuturing na mahina ang pag-iisip dahil sa pagsisikap na ipakita kung paano ang krus ay maaaring magkaroon ng anumang kaugnayan sa pagpaparangal ng lahi o sa kaligtasan ng sangkatauhan.

"Ngunit para kay Pablo ang krus ay isang bagay na may pinakamataas na kahalagahan."—*The Acts of Apostles*, p. 245.

"Ang espiritu ng sanlibutan ay hindi na naaayon sa espiritu ni Cristo ngayon kaysa noong unang panahon, at yaong mga nangangaral ng salita ng Diyos sa kadalisayan nito ay tinatanggap nang walang higit na pagsang-ayon ngayon kaysa noon. Ang mga anyo ng pagsalungat sa katotohanan ay maaaring magbago, ang pag-aalit ay maaaring hindi gaanong hayag dahil ito ay mas mapanlinlang; ngunit ang gayong salungatan ay umiiral pa rin at makikita hanggang sa katapusan ng panahon."— *The Great Controversy*, p.

**b. Sa ano itinuturo ni Pedro bilang pinakamahusay na pamamaraan sa pangangaral ng Ebanghelyo at pakikitungo sa "kamangmangan ng mga taong palalo"? 1 Pedro 2:12, 15.**

"Ang ating mga ministro at mga guro ay dapat kumatawan sa pag-ibig ng Diyos sa isang makasalanang mundo. Na may mga pusong lumambot sa kahinahunan, hayaang maipahayag ang salita ng katotohanan. Hayaang ang lahat na nasa kamalian ay ituring nang may kabaitan ni Kristo. Kung ang iyong pinagpapagalan ay hindi agad nauunawaan ang katotohanan, huwag pagsalitaan ng masakit, huwag batikusin o kondenahin. Alalahanin na ikaw ay kumakatawan kay Kristo sa Kanyang kaamuan at kahinahunan at pag-ibig. Aasahan nating makakatagpo tayo ng kawalan ng pananampalataya at pagsalungat. Ang katotohanan ay palaging haharapin ang mga elementong ito. Ngunit kahit na kailangan mong harapin ang pinakamapait na pagsalungat, huwag mong tuligsain ang iyong mga katunggali. . . .

"Dapat kang kumilos nang may kaamuan sa mga nagkakamali, dahil hindi ba kailan lang ay nabulag ka rin sa iyong mga pagkakasala? At dahil sa pagtitiis ni Kristo sa inyo, hindi ba dapat kayo ay maging magiliw at matiyaga sa iba? Ang Diyos ay nagbigay ng maraming payo upang magpakita ng lubos na kabaitan sa mga sumasalungat sa atin, baka maimpluwensyahan natin ang isang kaluluwa sa maling pamamaraan."—*Testimonies for the Church*, vol. 6, pp. 120, 121.

**3. KRISTIANONG PAGPAPASAKOP**

**a. Ilarawan ang pag-uugali na dapat nating taglayin sa mga awtoridad ng pamahalaan at sa mga batas ng lupa. 1 Pedro 2:13–17.**

"Malinaw na binalangkas ng apostol ang pag-uugali na dapat itaguyod ng mga mananampalataya sa mga awtoridad ng pamahalaan: 'Pasakop kayo sa bawat batas ng tao.' "—*The Acts of the Apostles*, p. 522.

**b. Magbigay ng mga halimbawa ng kung ano ang dapat gawin sa mga sitwasyong kapag ang batas sa lupa ay sumasalungat sa batas ng Diyos—at sa anong pag-uugali. Gawa 5:29; Exodo 1:15–17; Daniel 6:7–10, 21, 22.**

"Nakita ko na tungkulin natin sa bawat pagkakataon na sundin ang mga batas ng ating lupain, maliban kung sumasalungat ang mga ito sa mas mataas na batas na ipinahayag ng Diyos na may malinaw na tinig mula sa Sinai."—*Testimonies for the Church*, vol. 1, p. 361.

"Hindi natin kinakailangang lumaban sa mga awtoridad. Ang ating mga salita, binibigkas man o nakasulat, ay dapat na maingat na isaalang-alang, baka tayo . . . ay magmukhang salungat sa kautusan at kaayusan. Hindi tayo dapat magsalita o gumawa ng anumang hindi kinakailangang bagay na magsasara sa ating daan. Dapat tayong sumulong sa pangalan ni Kristo, na nagtataguyod ng mga katotohanang ipinagkatiwala sa atin. Kung tayo ay pinagbabawalan ng mga tao na gawin ang gawaing ito, kung gayon ay masasabi nating, tulad ng ginawa ng mga apostol."—*The Acts of the Apostles,* p. 69.

"Siya na mayroong kautusan ng Diyos na nakasulat sa puso ay susundin ang Diyos kaysa sa tao. . . . Ang karunungan at kapangyarihan ng banal na kautusan ay pinakadakila.

"Ipinakita sa akin na ang bayan ng Diyos, na Kanyang natatanging kayamanan, ay hindi maaaring makisangkot sa magulong digmaang ito [The American Civil War, 1861–1865], sapagkat ito ay salungat sa bawat prinsipyo ng kanilang pananampalataya. Sa hukbong pangsundalo ay hindi nila masusunod ang katotohanan at kasabay nito ay ang sundin ang utos ng kanilang mga opisyal. Magkakaroon ng patuloy na paglabag sa konsensya."—*Testimonies for the Church*, vol. 1, p. 361.

**c. Kung tayo ay "mga lingkod" sa ating pinagtatrabahuhan, anong uri ng mga manggagawa tayo? 1 Pedro 2:18; Colosas 3:23.**

"May agham sa pinakamababang uri ng gawain, at kung ang lahat ay isasaalang-alang, makikita nila ang karangalan sa paggawa."—*Fundamentals of Christian Education*, p. 315.

**4. MAGDANAS NG DI-MATUWID**

**a. Ano ang dapat nating maging pag-uugali sa mga naninira, nananakit, humahamak o nangungutya sa atin? 1 Pedro 2:19, 20; Roma 12:19–21.**

"Hindi natin kayang pahintulutang galitin ang ating espiritu sa anumang totoo o diumano'y maling nagawa sa ating sarili. Ang sarili ay ang kaaway na kailangan nating katakutan. Walang anumang anyo ng bisyo ang may mas masamang epekto sa pagkatao kaysa sa damdamin ng tao na hindi nasa ilalim ng kontrol ng Banal na Espiritu. Walang ibang tagumpay na maaari nating makamit ang magiging kasinghalaga ng tagumpay na natamo laban sa sarili.

"Hindi natin dapat hayaang ang ating damdamin ay madaling masaktan. Dapat tayong mabuhay, hindi upang depensahan ang ating damdamin o reputasyon, kundi upang iligtas ang mga kaluluwa. . . . Anuman ang iniisip o gawin ng iba sa atin, hindi nito kailangang guluhin ang ating pakikipagkaisa kay Kristo. . . .

"Huwag kang gumanti. Sa abot ng iyong makakaya, alisin ang lahat ng dahilan ng maling pagkaunawa. Layuan ninyo ang bawat anyo ng masama. Gawin ang lahat ng nasa iyong kapangyarihan, nang walang nasasakripisyong prinsipyo, upang makipagkasundo sa iba. . . .

"Kung may mga masasakit na salitang binigkas sa iyo, huwag na huwag kang tutugon sa parehong espiritu."—*The Ministry of Healing*, pp. 485, 486.

**b. Bakit pinahihintulutan tayo ng Diyos na magdanas sa kamay ng malupit at masasamang tao? Mateo 5:11, 12, 43–48.**

"Ang mahiwagang probidensya na pinahihintulutan ang matuwid na magdanas ng pag-uusig sa kamay ng masasama ay nagiging sanhi ng malaking kaguluhan sa maraming mahina sa pananampalataya. Ang ilan ay handa pa ngang itapon ang kanilang pagtitiwala sa Diyos dahil hinahayaan Niyang umunlad ang pinakamababang tao, habang ang pinakamabuti at pinakadalisay ay nagdadalamhati at pinahihirapan ng kanilang malupit na kapangyarihan. Paano, ito ay naitanong, maaari bang ang Isang makatarungan at mahabagin, at walang hanggan din sa kapangyarihan, ay pahihintulutan ang gayong kawalang-katarungan at pagpapahirap? Ito ay isang tanong na wala tayong kinalaman. Ang Diyos ay binigyan na tayo ng sapat na katibayan ng Kanyang pag-ibig, at hindi natin dapat pagdudahan ang Kanyang kabutihan dahil hindi natin nauunawaan ang mga pagkilos ng Kanyang probidensya. . . .

"[Ang Panginoon] ay hindi nakakalimutan o pinababayaan ang Kanyang mga anak; ngunit pinahihintulutan Niya ang masasama na ihayag ang kanilang tunay na pag-uugali, upang walang sinuman na nagnanais na sundin ang Kanyang kalooban ay malinlang hinggil sa kanila. Muli, ang mga matuwid ay inilalagay sa hurno ng kadalamhatian, upang sila mismo ay dalisayin."—*The Great Controversy*, pp. 47, 48.

## Huwebes Mayo 9

**5. PAGSUNOD SA HALIMBAWA**

**a. Matapos himukin ang mga Kristiyano na harapin ang mga kapighatian at pag-uusig nang may kagalakan, ano ang dinala ni Pedro bilang pinakamatibay na argumento para gawin iyon? 1 Pedro 2:21–24.**

---

"Si Jesus ay nagdusa para sa atin nang higit kaysa sinuman sa Kanyang mga tagasunod na maaaring maranasan sa pamamagitan ng kalupitan ng masasamang tao. Yaong mga pinili upang tiisin ang pagpapahirap at pagkamartir ay sumusunod lamang sa mga hakbang ng mahal na Anak ng Diyos."—*The Great Controversy*, p. 47.

**b. Anong nakapagpapatibay na paglalarawan ang dala ng apostol sa pagtatapos ng kaniyang mga pahayag kung paano tayo haharap sa mga kapighatian? 1 Pedro 2:25; Juan 10:11.**

---

"Si Kristo ay kumatawan gaya ng mangangaso, naghahanap, para sa tupang nawala. Ang Kanyang pag-ibig ang yumayakap sa atin, na nagbabalik sa atin sa kawan. Ang Kanyang pag-ibig ay nagbibigay sa atin ng pribilehiyong maupo na kasama Niya sa sangkalangitan."—*Testimonies for the Church,* vol. 6, p. 479.

"Ang ating mga manggagawa—mga ministro, mga guro, mga manggagamot, mga direktor—lahat ay kinakailangang tandaan na sila ay nangako na makikipagtulungan kay Kristo. . . . Dapat nilang pahalagahan ang isang patuloy na kahulugan ng pag-ibig ng Tagapagligtas, ng Kanyang kahusayan, ng Kanyang pagbabantay, ng Kanyang pagkamahabagin. Dapat silang tumingin sa Kanya bilang pastol at obispo ng kanilang mga kaluluwa. Pagkatapos ay magkakaroon sila ng simpatiya at tulong ng makalangit na mga anghel. Si Kristo ang kanilang magiging katuwaan at putong na maipagmamapuri. Ang kanilang mga puso ay makokontrol ng Banal na Espiritu, at magkakaroon sila ng kaalaman sa katotohanan na hindi kailanman matatamo ng mga naturingang mananampalataya."—*Counsels to Parents, Teachers, and Students*, p. 284.

## Biyernes Mayo 10

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano ako maliligtas mula sa pagkaalipin sa panlasa at pita?
2. Ano ang gagawin kong buhay na patotoo sa aking buhay ng kapangyarihan ng Ebanghelyo?
3. Ano ang ilang paraan na mas maipapakita ko ang pagsunod sa awtoridad?
4. Kapag inakusahan ng kasinungalingan o sinigawan pa, ano ang aking magiging tugon?
5. Ano ang magpapangyari sa akin na tunay na handang magdusa para kay Jesus?

# Isang Panawagan sa mga Asawang Lalake at Asawang Babae

SAULUHING TALATA; “Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na may takot.” (1 Pedro 3:2).

“Ang tahanan ay napakasagradong lugar para marumihan ng kalaswaan, kahalayan, at pag-aaway. May isang Saksi na nagpapahayag, ‘Alam ko ang iyong mga gawa.’ Hayaang ang pag-ibig, katotohanan, kabaitan, at pagtitiis ang maging mga halamang nililinang sa halamanan ng puso.”—*Mind, Character, and Personality*, vol. 1, p. 157.

Iminungkahing Babasahin: *The Adventist Home*, pp. 99–112, 177–180.

## *Linggo* *Mayo 12*

**1. ISANG BIBLIKAL NA KATANGIAN NA MADALAS NA HINDI NAPAPANSIN**

**a. Anong mahalagang alituntunin para sa kaligayahan ng pamilya ang kadalasang tinatanggihan ng mga kababaihan ngayon? 1 Pedro 3:1 (unang bahagi); Efeso 5:22–24; Colosas 3:18.**

“Kapatid, (na babae) ano ang inaasahan mo sa iyong asawa nang pakasalan mo siya? Inaasahan mo bang kunin ang mga renda ng pamamahala sa iyong sariling mga kamay, at iayon ang kanyang kalooban sa salungat at matigas mong kalooban? Hanggang saan ang kapahingahan, kasiyahan, kapayapaan, at kagalakan ang naranasan ng iyong asawa sa kanyang buhay may-asawa? Ngunit napakaliit. . . . Ang asawang babae ay hindi dapat ituring ang kanyang sarili na isang manika, na dapat alagaan, kundi isang babae, isa na dapat ilagay ang kanyang balikat sa ilalim ng tunay, hindi inimbentong, mga pasanin, at mamuhay sa isang maunawain, maalalahaning buhay, na isinasaalang-alang na may iba pang mga bagay na dapat isipin kaysa sa kanyang sarili.

“Sa palagay mo ba ay hindi kabiguan ng iyong asawa na makita ka niya kung ano ang ipinakita sa akin ng Diyos na ikaw? Pinakasalan ka ba niya nang may pag-asang hindi ka magdadala ng mga pasanin, hindi makikibahagi ng mga kaguluhan, hindi magsasanay ng pagtanggi sa sarili? Naisip ba niya na mararamdaman mo na wala kang obligasyon na kontrolin ang sarili, na maging masayahin, mabait, at mapagbigay, at gumamit ng sentido komun?”—*Manuscript Releases*, vol. 17, pp. 310, 311.

**b. Ano ang pinakamabisang paraan para maabot ng isang nahikayat na asawang babae ang kanyang asawang hindi nananampalataya? 1 Pedro 3:1, 2; 1 Corinto 7:10, 13, 14.**

**2. PAGTAGUYOD NG ISANG MAAYOS NA RELASYON**

**a. Anong halimbawa sa Bibliya ang ginamit ni Pedro bilang modelo para sa relasyon ng asawang babae sa kanyang asawa? 1 Pedro 3:4–6. Ipaliwanag ang balanseng ipinahayag sa relasyong ito. Genesis 21:9–12.**

"Ang tagubiling ibinigay kay Abraham hinggil sa kasagraduhan ng relasyon ng mag-asawa ay dapat maging aral sa lahat ng kapanahunan. Ipinapahayag nito na ang mga karapatan at kaligayahan ng relasyong ito ay dapat na maingat na bantayan, kahit sa isang napakalaking sakripisyo. Si Sarah ang tanging tunay na asawa ni Abraham. Ang kanyang mga karapatan bilang asawa at ina ay walang ibang tao ang karapat-dapat na kahati. Iginagalang niya ang kanyang asawa, at sa ganito siya ay ipinahayag sa Bagong Tipan bilang isang karapat-dapat na halimbawa. Ngunit hindi niya nais na ang pagmamahal ni Abraham ay ibigay sa iba, at hindi siya sinaway ng Panginoon sa pag-aatas ng pagpapalayas sa kanyang kaagaw."—*Patriarchs and Prophets*, p. 147.

**b. Ano ang madalas na gumagagawang miserable sa isang asawang lalake sa buong pamilya at sumisira ng kanyang reputasyon sa lipunan? Kawikaan 14:1; 25:24; 27:15; ihambing ito sa 1 Pedro 3:4.**

"Napakaraming asawang lalake at mga anak na walang nakikitang kaakit-akit sa tahanan, na patuloy na sinasalubong ng pag-aaway at pagrereklamo, naghahanap ng aliw at libangan na malayo sa tahanan. . . . Ang asawang babae at ina, na abala sa pag-aasikaso sa kanyang tahanan, ay madalas na nagiging walang pag-iisip sa maliliit na kagandahang-loob na nagpapasaya sa tahanan sa asawang lakae at mga anak, kahit na iniiwasan niyang isipin ang kanyang hindi karaniwang mga pagkayamot at paghihirap sa kanilang harapan. Habang siya ay abala sa paghahanda ng makakain o isusuot, ang asawang lalake at mga anak na lalaki ay pumapasok at lumalabas na parang mga ibang tao.

"Habang ang maybahay ng tahanan ay maaaring ginagampanan ang kanyang panlabas na mga tungkulin nang may katumpakan, siya ay maaaring patuloy na sumisigaw laban sa pagkaalipin kung saan siya nakatadhana, at pinalalaki ang kanyang mga responsibilidad at mga paghihigpit sa pamamagitan ng paghahambing ng kanyang kalagayan sa kung paano niya pinapangarap ang mas magandang buhay ng babae. . . . Habang siya ay walang pag-asang naghahangad para sa isang naiibang pamumuhay, siya ay nagkakandili ng isang napakasamang kawalang-kakontentuhan at ginagawa ang kanyang tahanan na lubhang hindi kasiya-siya para sa kanyang asawa at mga anak."—*The Adventist Home*, p. 249.

"Ang asawa ng ministro na hindi matapat sa Diyos ay hindi nakakatulong sa kanyang asawa. Habang iniisip niya ang pangangailangan ng pagpasan ng krus, at hinihimok ang kahalagahan ng pagtanggi sa sarili, ang araw-araw na halimbawa ng kanyang asawa ay madalas na sumasalungat sa kanyang pangangaral at sinisira ang kalakasan nito."—*Gospel Workers*, p. 210. [1892 na edisyon.]

**3. MAPANGANIB NA ANYO NG PAGMAMATAAS**

**a. Paano ang isang Kristiyanong asawang babae ginagawa ang kaniyang sarili na kaakit-akit? Kawikaan 31:25–29.**

"[Ang asawang babae] ay dapat na masigasig na gawin ang lahat ng kanyang makakaya upang itali ang kanyang asawa sa kanyang sarili sa pamamagitan ng mahigpit na katapatan sa kanya at katapatan sa paggawa ng kanyang tahanan na masaya at kaakit-akit."—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 598.

"Ang Diyos ay hindi nalulugod sa kawalan ng kaayusan, katamaran, at kawalan ng kawastuhan sa sinuman. Ang mga pagkukulang na ito ay lubhang masama, at may posibilidad na maalis ang pagmamahal ng asawang lalaki mula sa asawang babae kapag ang asawa ay mahilig sa maayos. . . . Ang isang asawang babae at ina ay hindi maaaring gawing kaaya-aya at masaya ang tahanan maliban kung siya ay mahilig sa kaayusan, pinapanatili ang kanyang dignidad, at may mabuting pamamahala; samakatuwid ang lahat ng may kapabayaan sa mga puntong ito ay dapat magsimula kaagad na turuan ang kanilang sarili sa puntong ito."—*The Adventist Home*, pp. 22, 23.

**b. Sino ang kadalasang sinusubukang akitin ng isang babaeng hindi nahikayat—at ano ang mga kahihinatnan? Kawikaan 7:6, 7, 10, 18, 19; 2 Hari 9:30; Isaias 3:16–26.**

"May mga babae na nagiging mga manunukso, at gagawin ang kanilang makakaya upang maakit at makuha ang atensyon ng mga lalaki sa kanilang sarili."—*The Review and Herald*, Mayo 17, 1887.

"Ang pakitang-tao, labis na karangyaan sa pananamit ay kadalasang naghihikayat ng kahalayan sa puso ng nagsusuot at pumupukaw sa mga masasamang pagnanasa sa puso ng tumitingin. Nakikita ng Diyos na ang pagkasira ng pag-uugali ay madalas na napapangunahan ng pagpapakabuyo sa pagpapalalo at karangyaan sa pananamit."—*Child Guidance*, p. 416

**c. Bagaman ang karamihan sa mga babaing Kristiyano ay maaaring hindi sinasadya na akitin ang mga lalaki sa pangangalunya, laban sa anong anyo ng pagmamataas ang lahat ay binabalaan? 1 Pedro 3:3; 1 Timoteo 2:9.**

"Walang nagiging napakalaking hadlang sa iyo [at sa iyong asawang lalake] kapwa gaya ng iyong pagmamataas. Pareho kayong mahilig sa pagpapasikat; ito ay walang bahagi sa mabuti, marangal na relihiyon."—T*estimonies for the Church*, vol. 2, p. 493.

"Itinuturo ng Bibliya ang pagiging mahinhin sa pananamit. . . . Hindi ipinahihintulot nito ang pagtatanghal sa pananamit, matingkad na kulay, napakaraming palamuti. Ang anumang bagay na idinisenyo upang makaakit ang pansin sa nagsusuot o upang pukawin ang paghanga ay hindi kasama sa mahinhing pananamit na iniuutos ng Salita ng Diyos.

"Ang pagtanggi sa sarili sa pananamit ay bahagi ng ating tungkuling Kristiyano. Ang pananamit ng simple at pag-iwas sa pagtatanghal ng mga alahas at mga palamuti ng lahat ng uri ay naaayon sa ating pananampalataya."—*Child Guidance*, p. 423.

**4. TUNGKULIN NG ASAWANG LALAKE**

**a. Pagkatapos ng panawagan sa mga asawang babae, anong mahalagang payo ang ipinahayag ni Pedro sa mga asawang lalaki—at ang espirituwal na kapinsalaan ng pagpapabaya dito? 1 Pedro 3:7.**

"Hayaang ang asawang lalaki ay tulungan ang kanyang asawa sa pamamagitan ng kanyang simpatya at matapat na pag-ibig. Kung nais niyang panatilihin siyang kalugod-lugod at masayahin, upang siya ay maging gaya ng liwanag ng araw sa tahanan, hayaan siyang tulungang pasanin ang kanyang mga pasanin. Ang kanyang kabaitan at magiliw na kagandahang-loob ay magiging isang napakahalagang pag-asa sa kanya, at ang kaligayahang ibinibigay niya ay magdadala ng kagalakan at kapayapaan sa kanyang sariling puso."—*The Adventist Home*, p. 218.

**b. Magbigay ng halimbawa kung paano ang hindi nahikayat na asawang lalaki maaaring gawing miserable ang buhay ng kanyang asawa. 1 Samuel 25:3, 14, 17, 23–25.**

"Kung ang asawang lalaki ay malupit, mahigpit, mapanuri sa mga kilos ng kanyang asawa, ay hindi niya mapanghawakan ang kanyang paggalang at pagmamahal, at ang relasyon sa pag-aasawa ay magiging kasuklam-suklam sa kanya. Hindi niya mamahalin ang kanyang asawa, dahil hindi niya sinisikap na gawing kaibig-ibig ang kanyang sarili. Ang mga asawang lalaki ay dapat maging maalaga, matulungin, matatag, matapat, at mahabagin. Dapat silang magpakita ng pagmamahal at simpatya. . . . Kapag ang asawang lalake ay may marangal na pag-uugali, kadalisayan ng puso, marangal na kaisipan, na dapat taglayin ng bawat tunay na Kristiyano, ito ay mahahayag sa relasyon ng mag-asawa. . . . Sisikapin niyang panatilihin ang kanyang asawa na malusog at malakas ang loob. Siya ay magsisikap na magbigkas ng mga salitang nakakapagbigay-aliw, upang lumikha ng isang mapayapang kapaligiran sa tahanan."—Ibid., p. 228.

**c. Ano ang dapat na maging pag-uugali ng isang tunay na Kristiyanong asawang lalaki sa kaniyang asawa, upang pukawin siya na tumugon nang may pagsang-ayon? Efeso 5:25, 28, 33; Colosas 3:19.**

"Ang mga asawang lalaki ay dapat pag-aralan ang Huwaran, at sikaping malaman kung ano ang ibig sabihin ng simbolong ipinakita sa Efeso. . . . Ang asawang lalaki ay dapat maging tulad ng Tagapagligtas sa kanyang pamilya. Maninindigan ba siya sa kanyang marangal, na bigay ng Diyos na pagkalalaki, na laging nagsisikap na pasiglahin ang kanyang asawa at mga anak?. . . Hayaang ang bawat asawang lalaki at ama ay mag-aral upang maunawaan ang mga salita ni Kristo, hindi sa isang panig na pamamaraan, na namamalagi lamang sa pagpapasakop ng asawang babae sa kanyang asawa, kundi sa liwanag ng krus ng Kalbaryo pag-aaralan ang tungkol sa kanyang sariling tungkulin sa buong pamilya."—*Manuscript Releases*, vol. 21, p. 216.

## *Huwebes* *Mayo 16*

**5. WALANG "BOSS" SA KRISTIYANONG PAMILYA**

**a. Gaano dapat kalapit ang relasyon ng mag-asawa? Genesis 2:23, 24; Mateo 19:4–6.**

---

"Ang asawang lalaki o asawang babae ay hindi dapat naisin ang pamamahala. Ang Panginoon ay inilatag ang alituntunin na gagabay sa bagay na ito. Dapat pahalagahan ng asawang lalaki ang kanyang asawa gaya ng pagpapahalaga ni Kristo sa iglesia. At ang asawang babae ay dapat igalang at mahalin ang kanyang asawa. Parehong dapat linangin ang espiritu ng kabaitan, na determinadong hindi kailanman palulungkutin o sasaktan ang isa."— *The Adventist Home*, pp. 106, 107.

"Dapat nasa atin ang Espiritu ng Diyos, o kailanman ay hindi tayo magkakaroon ng pagkakaisa sa tahanan. Ang asawang babae, kung siya ay may espiritu ni Kristo, ay mag-iingat sa kanyang mga pananalita; siya ay magpipigil sa kanyang espiritu, siya ay magpapasakop, ngunit hindi niya mararamdaman na siya ay isang alipin, kundi isang kapareha ng kanyang asawa. Kung ang asawang lalaki ay lingkod ng Diyos, hindi siya magdudomina sa kanyang asawa; hindi siya magiging malupit at mahigpit. Hindi natin maaaring pangalagaan ang pag-ibig sa tahanan sa labis na pag-aaruga; sapagkat ang tahanan, kung ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan doon, ay isang uri ng langit. . . . Kung ang isa ay nagkamali, ang isa naman ay magpapakita ng tulad ni Kristong pagpapahinuhod at hindi lalayo nang matamlay.

"Ang asawang lalaki ni ang asawang babae ay hindi dapat magtangkang gumamit ng hindi makatwirang pagkontrol. Huwag subukang pilitin ang isa't isa na magpasakop sa iyong mga kagustuhan. Hindi mo ito magagawa at pananatilihin ang pag-ibig ng isa't isa. Maging mabait, matiyaga, at mapagpahinuhod, maunawain, at magalang. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay magtagumpay kayo sa pagpapaligaya sa isa't isa, tulad ng inyong ipinangako sa kasal na inyong gagawin."—Ibid., p. 118.

## *Biyernes* *Mayo 17*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano sa aking pag-uugali at tono ng aking pananalita sa aking asawa patuloy na maipapakita ang mga alituntuning malinaw na itinuro ng Diyos?
2. Bakit ako dapat mas maagap na aminin ang aking mga pagkakamali at humingi ng tawad sa aking asawa?
3. Bakit hinihiling ng Diyos na maging handang mamatay para sa aking asawa?
4. Paano ko maiiwasan ang panloloko sa aking asawa sa aking isipan?
5. Bakit makabubuti para sa aking asawa at sa akin na pagnilayan ng may panalangin kung kami ay nagkakasala ng kapalaluan sa pagpapasikat—sa pananamit, kagalingan sa pagluluto, o mga ari-arian tulad ng sasakyan, mga de kuryenteng kagamitan, bahay, atbp.?

# Ang Kristiyanong Pag-uugali

SAULUHING TALATA: "Katapustapusan, kayong lahat ay mangagkaisang akala, madamayin, mangagibigang tulad sa magkakapatid, mga mahabagin, mga mapagkumbabang pagiisip" (1 Pedro 3:8).

"Yaong mga nag-aangking mga tagasunod ni Cristo subalit magaspang, hindi mabait, at hindi magalang sa pananalita at pag-uugali ay hindi natututo kay Jesus. Ang taong masungit, mapagmataas, mapaghanap ng kamalian ay hindi isang Kristiyano; sapagka't ang maging isang Kristiyano ay maging katulad ni Kristo."—*The Adventist Home*, p. 427.

Iminungkahing Babasahin: *The Adventist Home*, pp. 421–429.

## *Linggo* *Mayo 19*

**1. ANG TUNAY NA KRISTIYANO AY INILARAWAN**

**a. Paano inilalarawan ni Pedro ang isang tunay na Kristiyano? 1 Pedro 3:8.**

"Ang kahalahagan ng kagandahang-loob ay masyadong napakaliit ang pagpapahalaga. Maraming mabait sa kalooban ay nagkukulang ng kabaitan sa pag-uugali. Marami sa mga iginagalang dahil sa kanilang katapatan at pagkamatuwid ay nakalulungkot na nagkukulang sa kagandahang-loob. Ang kakulangang ito ay ang sumisira sa kanilang sariling kaligayahan at inaalis ang kanilang kakayahang maglingkod sa iba."—*Education*, p. 240.

**b. Aling naiibang tulad ni Kristong pag-uugali ang partikular na binibigyang-diin ni Pedro? 1 Pedro 3:9; Mateo 5:44.**

"Lahat ay dapat tratuhin nang may kabutihang-asal at pag-iingat, bilang mga anak na lalaki at babae ng Diyos.

"Ang pagiging-Kristiyano ay gagawing maginoo ang isang tao. Si Kristo ay magalang, maging sa Kanyang mga mang-uusig; at ang Kanyang tunay na mga tagasunod ay magpapakita ng parehong espiritu."—*The Ministry of Healing*, p. 489.

"Ang relihiyong ito ay nagtuturo sa atin na magpakita ng pagtitiis at pagpapahinuhod kapag dinadala tayo sa mga lugar kung saan nakakatanggap tayo ng malupit at hindi makatarungang pagtrato. . . .

"Mayroong patuloy na pangangailangan ng pagtitiis, kahinahunan, pagtanggi sa sarili, at pagsasakripisyo sa sarili sa pagtaguyod ng relihiyon sa Bibliya."—*God's Amazing Grace*, p. 248.

**2. PAGBABANTAY NG ATING MGA SALITA**

**a. Anong mahalagang prinsipyo ang muling binigyang-diin ni Pedro bilang kondisyon ng isang maligayang buhay dito, gayundin sa buhay na darating? Awit 34:12, 13; 1 Pedro 3:10.**

---

"Si Satanas ay gumagawa sa bawat iglesia upang sirain ang kawan ng Diyos. . . . Ako ay naatasang sabihin sa bawat kaluluwa na nag-aangking tagasunod ni Kristo, 'Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama, at ang iyong mga labi, sa pagsasalita ng karayaan.' Sa pamamagitan ng pagtataas ng sarili, si Satanas ay gumagawa upang mapahamak ang kaluluwa, at ang kanyang pagkilos ay maaaring makita sa bawat iglesia. Mga kapatid, panatilihin ang mahigpit na pangangalaga ng inyong espiritu. Ingatan ang inyong mga salita, baka akayin tayo ni Satanas na maulit ang kanyang sariling kasaysayan."—*The Upward Look*, p. 114.

**b. Magbigay ng mga halimbawa ng mga taong lumabag sa prinsipyong ito, at kung paano ito nagdulot ng kahihiyan at kasamaan, lalo na sa isa na nagsalita para sa kanila. 1 Samuel 14:24–27, 43–45; Esther 6:6–10.**

---

"Huwag hayaang lumabas sa inyong mga labi ang isang salita ng pagkayamot, kalupitan, o simbuyo ng damdamin. Ang biyaya ni Kristo ay naghihintay sa inyong kahilingan. Ang Kanyang Espiritu ang magkokontrol sa inyong puso at konsensya, na mamumuno sa inyong mga salita at gawa. Huwag kailanman mawala ang inyong paggalang sa sarili sa pamamagitan ng padalus-dalos, walang pag-iisip na mga salita. Tiyakin na ang inyong mga salita ay dalisay, ang inyong pakikipag-usap ay banal."—*Child Guidance*, p. 219.

**c. Paanong ang paglabag sa prinsipyong ito ay hahadlang sa marami na pinagkatiwalaan ng buhay na walang hanggan? 1 Pedro 3:10 (huling bahagi) kumpara sa Pahayag 14:5; 21:27.**

---

"Kapag ang mga gumagamit ng tsaa at kape ay nagkikita para sa pakikipagkapuwang kasiyahan, . . . ang kanilang mga dila ay hindi nakakapagpigil, at sinisimulan nila ang masamang gawain ng pagsasalita ng laban sa iba. Ang kanilang mga salita ay hindi kakaunti o maayos na pinipili. Ang mga maliliit na piraso ng tsismis ay ipinapasa, madalas din ang lason ng iskandalo. Nakakalimutan ng mga walang pagpapahagang mapaghatid-dumapit na ito na sila may saksi. Ang Isang hindi nakikitang Tagamasid ay isinusulat ang kanilang mga salita sa mga aklat ng langit. Ang lahat ng masasakit na pagpuna, ang mga ulat na ito na inilahad ng labis, ang mga naiinggit na damdamin, ay ipinahahayag sa ilalim ng kasiyahan sa tasa ng tsaa, si Jesus ay nagtala bilang laban sa Kanya Mismo."—*Counsels on Diet and Foods*, p. 423.

**3. PAGHAHANAP NG KAPAYAPAAN**

**a. Anong iba pang mahahalagang prinsipyo ng buhay Kristiyano ang ipinaaalala sa atin ni Pedro? 1 Pedro 3:11; Isaias 1:16, 17.**

---

**b. Paano natin "tatalikuran ang masama at gumawa ng mabuti"? Jeremias 13:23 kumpara sa 1 Corinto 6:9–11; Juan 3:5; Santiago 4:7.**

---

"[Yaong mga sinusulatan ni apostol Pablo] ay dapat na ihayag sa kanilang buhay ang maluwalhating pagbabagong ginawa sa kanila ng nagpapabagong biyaya ni Kristo. . . . Hindi nila mababago ang kanilang sariling mga puso. At kapag sa pamamagitan ng kanilang mga pagsisikap ay naakay ang mga kaluluwa mula sa hanay ni Satanas upang manindigan para kay Kristo, hindi nila dapat angkinin ang anumang papuri para sa pagbabagong nagawa. . . .

"Ang kapangyarihan ng Diyos ang isang elemento ng kahusayan sa dakilang gawain ng pagtatamo ng tagumpay laban sa sanlibutan, sa laman, at sa diyablo. . . . Walang magagawa ang tao kung wala ang Diyos, at inayos ng Diyos ang Kanyang mga plano upang walang magawa sa pagpapanumbalik ng sangkatauhan nang walang pakikipagtulungan ng tao sa Dios. Ang bahaging kailangan ng tao na suportahan ay napakaliit, ngunit sa plano ng Diyos ito lang ang bahaging kailangan para maging matagumpay ang gawain.

"Ang malaking pagbabago na nakikita sa buhay ng isang makasalanan pagkatapos ng pagbabago ay hindi dulot ng anumang kabutihan ng tao."—*God's Amazing Grace*, p. 319.

**c. Anong pag-asa at pangako ang ibinibigay sa mga nagpapasakop ng kanilang sarili sa nagpapabagong kapangyarihan ng Ebanghelyo, gayunpaman ay tinatalo pa rin ng iba't ibang tukso? 1 Pedro 3:12; Juan 14:13, 14 .**

"Sa pamamagitan ng pananampalataya at panalangin ay matutugunan ng lahat ang mga kinakailangan ng ebanghelyo. Walang taong mapipilitang lumabag. Ang kanyang sariling pahintulot ay dapat munang mapagtibay; dapat munang maging layunin ng kaluluwa ang masamang gawa bago mangibabaw sa pagpapasya o ang kasamaan ay mananaig laban sa konsensya. Ang tukso, gaano man kalakas, ay hindi kailanman dahilan para sa kasalanan. 'Ang mga mata ng Panginoon ay nakatitig sa mga matuwid, at ang Kanyang mga pakinig ay nakabukas sa kanilang mga panalangin.' Dumaing sa Panginoon, kaluluwang tinutukso. Ibigay ang inyong sarili, mga kaawa-awa, hindi karapat-dapat, kay Hesus, at angkinin ang Kanya mismong pangako. Ang Panginoon ay makikinig. Alam Niya kung gaano kalakas ang mga hilig ng likas ng puso, at Siya ay tutulong sa bawat oras ng panunukso.

"Nahulog ka na ba sa pagkakasala? Kung gayon, hanapin ang Diyos nang walang pag-aalinlangan para sa habag at kapatawaran."—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 177.

**4. WALANG TAKOT NA GUMAGAWA NG MABUTI**

**a. Anong praktikal na payo na ibinigay ni Pedro, kung susundin, ay maaaring makatutulong sa atin na malutas ang maraming problema sa mga relasyon? 1 Pedro 3:13; Kawikaan 15:1.**

---

"Ang mga salitang binigkas bilang sagot sa isang nagagalit ay karaniwang nagsisilbing latigo, na humahagupit sa kalooban sa mas matinding galit. Ngunit ang galit na sinasalubong ng katahimikan ay mabilis na nawawala. Hayaang pigilin ng Kristiyano ang kanyang dila, na matatag na magpapasiya na huwag magsasalita ng malupit, walang pasensyang mga pananalita."—*Messages to Young People,* p. 136.

**b. Ano ang dapat na maging pamamaraan natin sa mga taong tila hindi mapalambot kahit na banayad ang ating pagbababala sa kanila? 1 Pedro 3:14, 16, 17.**

---

"Si Jesus Mismo ay hindi kailanman nakuha ang kapayapaan sa pamamagitan ng pakikipagkompromiso. . . . Ang mga lingkod ni Kristo ay tinawagan sa gayon ding gawain, at dapat silang mag-ingat na baka, sa paghahangad na maiwasan ang hindi pagkakasundo, ay isuko nila ang katotohanan. . . . Ang tunay na kapayapaan ay hindi kailanman makukuha sa pamamagitan ng pakikipagkompromiso ng prinsipyo. At walang tao ang maaaring maging tapat sa prinsipyo nang walang matinding pagsalungat. Ang Kristiyanismo na espirituwal ay tututulan ng mga anak ng pagsuway. Ngunit iniutos ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, 'Huwag matakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapua't hindi nangakakapatay sa kaluluwa.' Yaong mga matapat sa Diyos ay hindi kailangang matakot sa kapangyarihan ng mga tao o sa galit ni Satanas. Kay Kristo ang kanilang buhay na walang hanggan ay tiyak. Ang tanging takot nila ay baka isuko nila ang katotohanan, at sa gayon ay ipagkanulo ang pagtitiwala kung saan sila ay pinarangalan ng Diyos."—*The Desire of Ages,* p. 356.

**c. Ano ang pinagmumulan ng lahat ng ating mabubuting gawa at mabubuting salita?1 Pedro 3:16 (unang bahagi); Gawa 24:16; Hebreo 9:14.**

---

---

"Sa Salita ng Diyos ay mababasa natin na may mabuti at masasamang budhi, at ang katotohanan na hindi ka hinahatulan ng iyong konsensya sa hindi pagsunod sa kautusan ng Diyos, ay hindi nagpapatunay na hindi ka hinahatulan sa Kanyang paningin. Dalhin ang iyong budhi sa Salita ng Diyos at tingnan kung ang inyong buhay at pag-uugali ay naaayon sa pamantayan ng katuwiran na inihayag roon ng Diyos." — *The Review and Herald, Setyembre* 3, 1901.

## *Huwebes* *Mayo 23*

**5. PAG-ALAM KUNG SAAN TAYO NAKATAYO**

**a. Ano ang mga pangunahing dahilan kung bakit dapat nating pag-aralan ang salita ng Diyos araw-araw? Josue 1:8; Awit 119:11; 1 Pedro 3:15; 2 Timoteo 2:15.**

**b. Sa anong malaking panganib ngayon ang marami sa nagsasabing naniniwala sila sa pangkasalukuyang katotohanan? Oseas 4:6.**

"Ang mga kabataan ba ay nasa kalagayan kung saan sila na may kaamuan at pagkatakot ay maaaring handa sa pagsagot sa bawat tao na humihingi ng katuwiran ng kanilang pag-asa? Nakita ko na ang mga kabataan ay lubhang nabigong maunawaan ang ating kalagayan. Ang mga nakakakilabot na pangyayari ay nasa harapan nila, isang panahon ng kaguluhan na susubok sa kahalagahan ng paguugali."—*Testimonies for the Church*, vol.1, pp. 507, 508.

"Ang pangkasalukuyang mensahe—ang pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya—ay isang mensahe mula sa Diyos. . . .

"Hindi tayo ligtas kung magpapabaya tayong saliksikin ang Banal na mga Kasulatan araw-araw para sa liwanag at kaalaman. . . . Walang isa sa isang daan ang nakakaunawa para sa kanyang sarili ng katotohanan ng Bibliya sa paksang ito na lubhang kinakailangan sa ating pangkasalukuyan at walang hanggang kapakanan."—*Selected Messages*, bk. 1, p. 359.

"Marami ang umaasa sa kanilang mga ministro upang dalhin ang liwanag mula sa Diyos patungo sa kanila. . . . Sa gayon napakalaki ang nawawala. Kung susunod sila araw-araw kay Kristo. . . maaari silang magkaroon ng malinaw na kaalaman sa Kanyang kalooban, at sa gayon ay magkakaroon sila ng mahahalagang karanasan. Dahil sa kakulangan ng mismong karanasang ito, ang mga kapatid na nag-aangkin ng katotohanan ay lumalakad sa mga liwanag ng pagpapaningas ng iba; hindi nila nakikilala ang Espiritu ng Diyos at walang kaalaman sa Kanyang kalooban, at sa gayon ay madaling maalis sa kanilang pananampalataya. Sila ay hindi matatag, dahil nagtitiwala sila sa iba upang makakuha ng karanasan para sa kanila."—*Testimonies for the Church*, vol. 2, p. 644.

## *Biyernes* *Mayo 24*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Ano ang aking pag-uugali sa aking asawa, mga anak, mga kapatid, at mga kamanggagawa?
2. Magbanggit ng ilang mahahalagang hakbang upang palakasin tayo kung paano kontrolin ang ating dila.
3. Ano ang dapat kong gawin kung nadaig ng tukso?
4. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng mabubuting gawa at mabubuting salita na nagmumula sa isang malinis na budhi kumpara sa makasariling motibo sa pagsisikap na magkaroon ng mabuting reputasyon.
5. Paano ako makakakuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga paniniwalang aking ipinahahayag?

## Handog sa unang Sabbath para sa isang Foreign Mission Project sa Pacific Region

Ang gawain ng pagpapalaganap ng mensahe ng ebanghelyo sa sanlibutang ito ay isang napakalaking tungkulin, dahil sa maraming kaluluwang hindi pa nakakarinig ng mabuting balita ng kaligtasan. Ipinahayag ng Panginoon na "At ipangangaral ang evangeliong ito ng kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas" (Mateo 24:14). Mahal ng Diyos ang bawat isa sa 7.8 bilyong tao sa mundong ito at ninanais na ang lahat ay magkaroon ng pagkakataong bumaling sa Kanya.




Maraming relihiyon sa rehiyon ng Pasipiko kabilang ang Taoismo, Budismo, Islam at Kristiyanismo; gayunpaman, ang karamihan ay kinikilala bilang hindi relihiyoso o ateista. Tunay na isang napakalakng gawain ang dapat gawin dito.

"Ang buong mundo ay nagbubukas sa ebanghelyo. Ang Etiopia ay iniuunat ang kanyang mga kamay sa Diyos. Mula sa Japan at China at India, mula sa madilim pa ring lupain ng ating sariling kontinente, mula sa bawat bahagi ng mundo nating ito, ay dumarating ang daing ng mga pusong sinaktan ng kasalanan para sa isang kaalaman sa Diyos ng pag-ibig. Milyun-milyon ang hindi pa nakarinig tungkol sa Diyos o sa Kanyang pag-ibig na ipinahayag kay Kristo. Karapatan nilang tanggapin ang kaalamang ito. Sila ay may pantay na pag-angkin sa atin sa habag ng Tagapagligtas. At ito ay nakasalalay sa atin na nakatanggap ng kaalaman, sa ating mga anak kung kanino natin ito maibabahagi, upang sagutin ang kanilang daing."—Education, pp. 262, 263.

Bagama't ang pagpapalaganap ng mensahe ay maaaring walang katulad na kalayaan sa ilang mga lugar gaya ng iba, ang katotohanan ay nakakahanap ng daan patungo sa puso ng tao at maraming mananampalataya sa mensahe ng repormasyon sa mga lugar na hindi mo inaasahan. Ngayong Sabbath, hinihiling namin sa inyo na manalangin lalo na para sa gawaing ito, na ito ay gawing posible ng Diyos na magpatuloy upang maghanda ng marami pang mga kaluluwa para sa Kanyang kaharian.

Upang ang katotohanan ay sumulong, ang mga mapagkukunan ay lubhang kinakailangan upang makatulong na mapadali ang isang lugar ng pagsamba upang isulong ang layunin ng katotohanan sa hilagang bahagi ng malaking larangang ito ng gawain. Hinihiling namin sa inyo na magbigay ng sagana.

"Sapagka't kung paanong ang ulan ay bumabagsak at ang niebe ay mula sa langit, at hindi bumabalik doon, kundi dinidilig ang lupa, at pinasisibulan at pinatutubuan ng halaman, at nagbibigay ng binhi sa maghahasik at pagkain sa mangangain; Magiging gayon ang aking salita na lumalabas sa bibig ko: hindi babalik sa akin na walang bunga, kundi gaganap ng kinalulugdan ko, at giginhawa sa bagay na aking pinagsuguan." (Isaias 55:11).

*Sa ngalan ng iyong mga kapatid sa malayo*

# Ang Bautismo na Kinakailangan ng Bawat Isa

SAULUHING TALATA: “Na ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas, sa makatuwid baga'y ang bautismo, hindi sa pagaalis ng karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Dios, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo” (1 Pedro 3: 21).

“Ako ay nagsusumamo sa mga kaanib ng iglesia sa bawat lungsod na humawak sila sa Panginoon nang may determinadong pagsisikap para sa bautismo ng Banal na Espiritu.”—*Counsels on Health*, p. 548.

Iminungkahing Babasahin: *Steps to Christ*, pp. 17–22.

## *Linggo* *Mayo 26*

**1. ANG TANGING DAAN NG KALIGTASAN**

**a. Ano ang sinabi ni Pedro sa pagsusulat at pangangaral tungkol sa tanging posibleng paraan ng kaligtasan? 1 Pedro 3:18; Mga Gawa 4:10–12.**

---

**b. Bakit ang Diyos sa Kanyang habag ay hindi makakapagpatawad at makakapagligtas ng mga makasalanan nang hindi isinasakripisyo ang Kanyang Anak? Isaias 26:10 at Roma 8:7 kumpara sa Roma 5:10 at Colosas 1:20–22.**

“Sa kanyang walang kasalanang kalagayan, ang tao ay nagkaroon ng masayang pakikipagka-isa sa [Diyos]. . . . Ngunit pagkatapos ng kanyang kasalanan, hindi na siya nakatagpo ng kagalakan sa kabanalan, at sinikap niyang magtago mula sa presensya ng Diyos. . . . Ang makasalanan ay hindi maaaring maging masaya sa presensya ng Diyos; siya ay manliliit mula sa pagsasama ng mga banal na nilalang. Kung pahihintulutan siyang makapasok sa langit, hindi ito magiging kagalakan para sa kanya. Ang diwa ng di-makasariling pag-ibig na umiiral doon. . . ay hindi makakakakuha ng anumang himig sa kanyang kaluluwa). Ang kanyang mga iniisip, ang kanyang mga ninanais, ang kanyang mga motibo, ay magiging kakaiba sa mga nagpapakilos sa mga walang kasalanang naninirahan doon. Siya ay magiging isang wala sa notang himig sa musika sa langit. Para sa kanya, ang langit ay isang lugar ng pagpapahirap. . . . Hindi isang walang katuwirang utos ng Diyos ang nagbubukod sa masasama sa langit; sila ay pinagsarhan dahilan sa kanilang sariling pagiging hindi karapat-dapat para sa pagsasama nito. Ang kaluwalhatian ng Diyos para sa kanila ay magiging isang apoy na tumutupok.”—*Steps to Christ*, pp. 17, 18.

**2. KATIYAKAN SA PAMAMAGITAN NG KANYANG PAGKABUHAY MULI**

**a. Bagaman tayo ay naligtas sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo, sa anong kahulugan rin tayo "naligtas sa pamamagitan ng pagkabuhay-muli ni Jesus"? 1 Pedro 3:21 (huling bahagi); 1 Corinto 6:14; 15:22, 23; 1 Tesalonica 4:13–16.**

---

**b. Ano ang ipinaliwanag ni Pedro hinggil sa kung sino ang tunay na tumupad sa utos ng Ama at muling bumuhay kay Jesus? Ihambing ang Mga Gawa 2:22–24 sa 1 Pedro 3:18.**

"Siya na namatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan ay mananatili sa libingan sa itinakdang panahon. Siya ay nasa mabatong bilangguan bilang isang bilanggo ng banal na katarungan. . . . Dinadala niya ang mga kasalanan ng sanlibutan, at ang Kanyang Ama lamang ang makapagpapalaya sa Kanya."—*The Youth's Instructor*, Mayo 2, 1901.

"Sa pamamagitan ng pagbangon kay Kristo mula sa mga patay, niluwalhati ng Ama ang Kanyang Anak sa harapan ng Romanong bantay, . . . sa hukbo ni satanas, at sa harap ng makalangit na sansinukob."—*Lift Him Up*, p. 102.

"Pagkatapos ang makapangyarihang anghel, na may tinig na naging sanhi ng pagyanig ng lupa ay narinig: Hesus ikaw na Anak ng Diyos, ang iyong Ama ay tinatawag ka! At Siya na nagkamit ng kapangyarihang lupigin ang kamatayan at ang libingan ay lumabas."—*The Present Truth*, Pebrero 18, 1886.

"Ang Diyos ay nababalutan ng kapangyarihan; kaya Niyang kunin ang mga patay sa mga pagsalangsang at kasalanan, at sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu na bumuhay kay Jesus mula sa kamatayan, babaguhin ang katangian ng tao, ibinabalik sa kaluluwa ang nawalang wangis ng Diyos."—*The Youth's Instruktor*, Pebrero 7, 1895.

**c. Sino ang bubuhay muli sa lahat ng mga banal sa kawalang kamatayan sa pagbabalik ni Kristo, at sa ilalim lamang ng anong kondisyon iyon ay magiging posible? Roma 8:9–11.**

"Ang mga mortal na katawan ay pinasisigla sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu na nananahan sa inyo. . . .

"Ang nagbibigay-siglang kapangyarihan ng Espiritu ni Cristo na nananahan sa mortal na katawan ay nagbibigkis sa bawat kaluluwang naniniwala kay Jesucristo. . . .

"Ang Tagapagbigay-Buhay ay tatawagin ang Kanyang biniling pag-aari sa unang pagkabuhay na mag-uli. . . . Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Tagapagligtas na nanahan sa kanila habang nabubuhay at dahil sila ay nakikibahagi sa banal na likas, sila ay ibinangon mula sa mga patay."—*Selected Messages*, bk. 2, p. 271.

"Ang kamatayan ay tinitingnan ni Kristo bilang pagtulog—katahimikan, kadiliman, pagtulog. Siya ay nagsasalita tungkol dito na parang ito ay isang maikling sandali. . . . At sa nananampalataya, ang kamatayan ay isang maliit na bagay lamang. Sa kanya ang mamatay ay matulog lamang.

"Ang parehong kapangyarihan na bumuhay kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa Kanyang iglesia."—*My Life Today*, p. 295.

**3. ANG "KAPANGYARIHAN" SA LIKOD NG EBANGHELYO**

**a. Sino ang ginamit ni Jesus upang ipangaral ang Ebanghelyo, at magsumamo sa makasalanang sangkatauhan sa panahon ng Lumang Tipan? 1 Pedro 3:18 (huling bahagi), 19, 20. Upang maunawaan kung sino ang "mga espiritung nasa bilangguan," ihambing ang talatang ito sa Kawikaan 5:22; Isaias 42:6, 7; 61:1.**

"Ang Diyos ay patuloy na namamanhik sa puso ng tao, inaatasan itong kilalanin ang Kanyang pag-ibig at habag. . . . Sa gayon Siya nagsusumamo sa sangkatauhan sa lahat ng kapanahunan. Noong panahon ni Noe, si Kristo ay nagsalita sa mga tao sa pamamagitan ng tao at nangaral sa mga nasa pagkaalipin sa kasalanan."—*This Day With God*, p. 278.

"Bago ito ang Espiritu ay nasa sanlibutan na; sa simula pa lamang ng gawain ng pagtubos ay Siya ay kumikilos na sa mga puso ng tao."—*The Desire of Ages*, p. 669.

**b. Pagkatapos ng Kanyang pag-akyat sa langit, sino ang ipinadala ni Kristo upang bigyan ng kapangyarihan ang mga apostol na ipagpatuloy ang gawain ng ebanghelyo? Juan 14:12, 16, 17; 20:21, 22; Gawa 1:2.**

"Habang si Cristo ay nasa lupa, ang mga disipulo ay walang ninais na ibang katulong. Hangga't hindi nawala sa kanila ang Kanyang presensya ay mararamdaman nila ang pangangailangan nila ng Espiritu, at pagkatapos Siya ay darating.

"Ang Banal na Espiritu ay kinatawan ni Kristo, ngunit hiwalay sa personalidad ng pagkatao, at kaya ang sarili nito. Nahihirapan sa pagiging tao, si Kristo ay hindi maaaring nasa bawat lugar nang personal. Samakatuwid ito ay para sa kanilang naisin na Siya ay dapat pumunta sa Ama, at ipadala ang Espiritu upang maging Kanyang kahalili sa lupa. Walang sinuman ang maaaring magkaroon ng anumang kalamangan dahil sa kanyang kinalalagyan o sa kanyang personal na kaugnayan kay Kristo. Sa pamamagitan ng Espiritu ang Tagapagligtas ay malalapitan ng lahat. Sa ganitong punto Siya ay magiging mas malapit sa kanila kaysa kung hindi Siya umakyat sa kaitaasan."—Ibid.

**c. Anong pangako ng Diyos ang muling matutupad sa panahon ng kawakasan, sa mas dakilang paraan kaysa noong panahon ng mga apostol? Joel 2:28–31; Oseas 6:3.**

"Ang dakilang gawain ng ebanghelyo ay hindi magtatapos nang may kaunting pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos kaysa sa maliwanag na pagbubukas nito."—*The Great Controversy*, p. 611.

**4. ANG BAUTISMO NA KINAKAILANGAN NG BAWAT ISA**

**a. Ipaliwanag ang kumpletong bautismo na kinakailangan para sa kaligtasan. Marcos 1:7, 8; Juan 3:3, 5.**

---

"Ang kapaligiran ng iglesia ay nakalamig. . . . Ang init ng kanilang unang pag-ibig ay namatay sa lamig, at maliban kung sila ay didiligan ng bautismo ng Banal na Espiritu, ang kanilang kandelero ay aalisin sa kinalalagyan nito, maliban kung sila ay magsisi at gawin ang kanilang mga unang gawa."—*Testimonies to Ministers*, pp 167, 168

**b. Bakit maraming Kristiyano ang nahihirapang tuparin ang mga panata sa kanilang binyag sa tubig? Hebreo 5:11, 12; 6:1, 2.**

---

"Marami ang hindi nagbibigay ng tiyak na katibayan na sila ay tapat sa kanilang mga panata sa binyag. Ang kanilang kasigasigan ay pinalamig ng pagganap ng nakasanayang mga tuntunin, makamundong ambisyon, pagiging palalo, at pagmamahal sa sarili." – *Testimonies for the Church*, vol. 9, p. 155

"Gaano kalaki ang pangangailangan ng mga manggagawa ng bautismo ng Banal na Espiritu, upang sila ay maging tunay na mga misyonero para sa Diyos."—*Counsels on Sabbath School Work*, p. 155.

"Ating gawain ngayon na ibigay ang ating mga kaluluwa kay Kristo, upang tayo ay maging angkop para sa panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon—angkop para sa bautismo ng Banal na Espiritu."—*Evangelism,* p. 702.

**c. Sino lamang ang makapagdadalisay ng ating budhi upang gawin ang ating mga panata sa binyag na tunay na "paghiling ng isang mabuting budhi sa Diyos"? Ihambing ang 1 Pedro 3:21 sa Hebreo 9:14; Roma 8:9, 10.**

---

---

"Ang kinakailangan natin ay isang budhi na pinasigla ng Espiritu ng Diyos; sapagka't para sa marami, ang budhi ay namanhid sa pamamagitan ng pagpapakabuyo sa kasalanan at kawalan ng pananampalataya. Dapat nating malaman kung ano ang relihiyon, at matanto na dapat tayong magkaroon ng isang buhay na ugnayan sa Diyos ng langit."—*The Signs of the Times*, Hulyo 25, 1892.

"Sino kundi ang Banal na Espiritu ang nagpapahayag sa isipan ng moral na pamantayan ng katuwiran at nagkukumbinsi sa kasalanan, at nagbubunga ng kalumbayang mula sa Dios na gumagawa ng pagsisisi na hindi ikalulungkot, at nagpapasigla sa pagsasagawa ng pananampalataya sa Kanya na tanging makapagliligtas mula sa lahat ng kasalanan."—*Selected Messages*, bk. 3, pp. 137, 138.

## *Huwebes* *Mayo 30*

**5. PAMAMAHALA NG ATING MGA KAISIPAN**

**a. Saan tayo muling itinuturo ni Pedro sa pag-akay sa atin tungo sa kaligtasan?1 Pedro 3:21 (huling bahagi), 22; Hebreo 8:1.**

"[Ang Panginoong Jesus] ay nakaupo sa kanan ng Diyos at tumatanggap ng pinakamataas na karangalan bilang Diyos, ang kaluwalhatiang taglay Niya bago pa ang mundo. Ibinahagi Niya ang Kanyang mga kaloob sa lahat na sa pamamagitan ng pananampalataya ay aangkinin ang mga ito. . . .

"Mayroon tayong hindi mauubos na kamalig, karagatan ng pag-ibig sa Diyos ng ating kaligtasan."—*That I May Know Him*, p. 338.

"Bumangon siya mula sa libingan na nababalutan ng ulap ng mga anghel sa nakakamanghang kapangyarihan at kaluwalhatian—ang pagka-Diyos at pagkatao ay pinagsama. Inilagay Niya sa Kanyang pagkakahawak ang daigdig na inaangkin ni Satanas na pamunuan bilang kanyang legal na teritoryo, at sa pamamagitan ng Kanyang kamangha-manghang gawain sa pagbibigay ng Kanyang buhay, Kanyang isinauli sa dati ang buong lahi ng mga tao upang bumaling sa Diyos.

"Huwag kunin ng sinuman ang limitado, makitid na kalagayan na ang alinman sa mga gawa ng tao na maaaring makatulong sa pinakamaliit na paraan upang mabayaran ang pananagutan ng kanyang paglabag. Ito ay isang nakamamatay na panlilinlang. Kung mauunawaan mo ito, dapat mong ihinto ang pakikipagtawaran tungkol sa iyong mga itinatanging ideya, at may mapagpakumbabang pusong suriin ang pagbabayad-sala. Ang bagay na ito ay napakadilim na nauunawaan anupat libu-libo na nag-aangking mga anak ng Diyos ay mga anak ng isang napakasama, sapagkat sila ay umaasa sa kanilang sariling mga gawa. Laging hinihingi ng Diyos ang mabubuting gawa, ang kautusan ay hinihingi ito, ngunit dahil inilagay ng tao ang kanyang sarili sa kasalanan kung saan ang kanyang mabubuting gawa ay walang halaga, ang katuwiran ni Jesus lamang ang maaaring makatulong. Si Kristo ay nakapaliligtas na lubos, palibhasa'y laging nabubuhay Siya upang mamagitan para sa atin. Ang tanging magagawa lamang ng tao para sa kanyang sariling kaligtasan ay tanggapin ang paanyaya. . . . Walang kasalanan ang maaaring gawin ng tao kung saan ang pagbabayad ng pinsala ay hindi pa natutugunan sa Kalbaryo. Kaya ang krus, sa taimtim na panawagan, ay patuloy na nag-aalok sa makasalanan ng lubusang pagbabayad-sala."—*Selected Messages*, bk. 1, p. 343.

## *Biyernes* *Mayo 31*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano ako makakahanap ng mas higit na kagalakan sa pakikipag-usap at pag-iisip tungkol kay Jesus at sa Kanyang Salita?
2. Ano ang katibayan ng gawain ng Banal na Espiritu sa akin?
3. Ano ang magpapahusay sa saklaw ng Espiritu Santo na gamitin ako sa paglilingkod?
4. Paano ko mararanasan ang bautismo ng Banal na Espiritu sa kapuspusan?
5. Ano ang kadalasang nagiging sanhi ng pagkalimot natin kay Jesus at sa gayong paraan mawala ang pananampalataya?

# Pamumuhay ng Bagong Buhay

SAULUHING TALATA: “Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi sa kalooban ng Dios” (1 Pedro 4:2).

“Yaong mga tunay na pinabanal ay igagalang at susundin ang Salita ng Diyos sa lalong madaling panahon na ito ay nabuksan sa kanila, at sila ay magpapahayag ng matinding pagnanais na malaman kung ano ang katotohanan sa bawat punto ng doktrina.”—Faith and Works, p. 121.

Mga Iminumungkahing Babasahin: *That I May Know Him*, p. 104
*Prophets and Kings,* pp. 701, 702.

## *Linggo* *Hunyo 2*

**1. ISANG LAGING NAGPAPALAKAS NG LOOB NA KAISIPAN**

**a. Ano ang ipinapayo sa atin ni apostol Pedro na isaalang-alang upang mapalakas at mapatibay ang kalooban kapag sinasalakay ng samu’t saring tukso at kapighatian? 1 Pedro 4:1; Hebreo 12:3.**

“Maaari nating patibayin ang ating pananampalataya at pasiglahin ang ating pag-ibig sa pamamagitan ng madalas na pagpunta sa paanan ng krus, at doon pagnilayan ang pagpapakababa ng ating Tagapagligtas.”—*Our High Calling,* p. 361.

“[1 Pedro 4:1 na sinipi] Magtanong tayo: Ano kaya ang ginawa ng ating Tagapagligtas sa ating mga kalagayan? . . . Ang tanong na ito ay sinasagot ng halimbawa ni Kristo. Iniwan Niya ang Kanyang pagkahari, isinasantabi ang Kanyang kaluwalhatian, inihandog ang Kanyang mga kayamanan, at binihisan ang Kanyang pagka-Diyos ng pagkatao, upang maabot Niya ang mga tao kung nasaan sila. Ang Kanyang halimbawa ay nagpapakita na Kanyang inialay ang Kanyang buhay para sa mga makasalanan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 79.

“Si Kristo ay tinukso sa lahat ng mga punto tulad natin na tinutukso. Yaong mga nakayukod sa ilalim ng pagsubok at panunukso, at ang nakadarama na ang kanilang mga kaibigan ay iniwan sila, na isipin si Cristo. . . nag-iisa sa ilang, hinaharap ang mga tuksong mas matindi kaysa alinmang dinala laban sa kanila. Huwag silang sumuko sa kawalan ng pag-asa, kundi abutin ng nanginginig na kamay ng pananampalataya upang makahawak sa kamay na iniaabot upang magligtas. Hayaang ibigay nila ang kanilang mga kaluluwang walang magagawa kay Jesus, na, sapagkat Siya ay nakabangon na sa ibabaw ng lupa ay nalalaman kung paano iligtas ang mga tinutukso.”—*Manuscript Releases*, vol. 21, p. 12.

## 2. SA PAMAMAGITAN NG PAGHIHIRAP TUNGO SA TAGUMPAY

**a. Bakit sadyang hinahayaan tayo ng Diyos na dumaan sa pagdurusa at dalamhati? 1 Pedro 4:1 (huling bahagi); 2 Corinto 12:7–10.**

"Nang ihayag ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili kay Pablo sa maliwanag na sinag ng Kanyang kaluwalhatian. . . . Siya ay ginawang pisikal na bulag sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng presensya Niya na kanyang nilapastangan, ngunit ito ay upang magkaroon siya ng espirituwal na paningin, upang siya ay magising mula sa pananamlay na nagpamanhid sa kanyang mga pang-unawa."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1058.

"Isang matinding pagkatakot na nagpahirap sa akin ay kung susundin ko ang tawag ng tungkulin, at lalabas na ipahahayag ang aking sarili na isa na kinalulugdan ng Kataas-taasan na may mga pangitain at paghahayag para sa bayan, maaari akong padaig sa napakasamang pagmamapuri, at . . . dalhin sa aking sarili ang poot ng Diyos, at mawala ang aking sariling kaluluwa...

"Ako ay nakiusap ngayon na kung kailangan kong pumunta at isalaysay ang ipinakita sa akin ng Panginoon, dapat akong mapangalagaan mula sa hindi nararapat na kadakilaan. Sinabi ng anghel: 'Ang iyong mga panalangin ay dininig, at sasagutin. Kung ang kasamaang ito na iyong kinatatakutan ay nagbabanta sa iyo, ang kamay ng Diyos ay iuunat upang iligtas ka; sa pamamagitan ng kapighatian ay dadalhin ka Niya sa Kanya Mismo, at iingatan ang iyong kababaang-loob. Ihatid ang mensahe nang matapat; magtiis hanggang wakas, at kakain ka ng bunga ng punongkahoy ng buhay at iinom ng tubig ng buhay.' "—*Christian Experience and Teachings* of Ellen G. White, pp. 67, 68.

**b. Bagaman tinutukso ng masamang pita ng laman, ano ang dapat na maging hangarin ng bawat Kristiyano? 1 Pedro 4:2, 15; Efeso 4:17, 22–24.**

"Ang Diyos ay nangangailangan ng higit sa Kanyang mga tagasunod kaysa sa naiisip ng marami. Kung hindi natin nais itayo ang ating mga pag-asa sa langit sa isang huwad na pundasyon dapat nating tanggapin ang Bibliya habang binabasa ito at maniwala na pinatutunayan ng Panginoon ang Kanyang sinasabi. Wala Siyang hinihiling sa atin na hindi Niya tayo binibigyan ng biyaya upang maisagawa. Wala tayong maidadahilan na maghandog sa araw ng Diyos kung mabibigo tayong abutin ang pamantayang itinakda sa atin sa Kanyang salita."—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 171.

"Ang paghikayat ay isang gawain na hindi pinahahalagahan ng karamihan. Hindi isang maliit na bagay na baguhin ang isang makamundo, maibigin sa kasalanang isipan at dalhin ito upang maunawaan ang hindi masayod na pag-ibig ni Kristo. . . . Kapag naunawaan [ng kaluluwa] ang mga bagay na ito, ang kanyang dating buhay ay makikitang kasuklam-suklam at nakakamuhi. Kinamumuhian niya ang kasalanan. . . . Tinatalikuran niya ang mga dating kasiyahan. Siya ay may bagong kaisipan, bagong damdamin, bagong pagnanais, bagong kalooban."—*The Faith I Live By*, p. 139.

**3. ILANG MGA GAWI NA DAPAT MAPAGTAGUMPAYAN**

**a. Alin sa napakasamang pagnanasa ang binanggit ni Pedro na karaniwan at mahirap daigin? 1 Pedro 4:3.**

**Kahalayan, pagnanasa:** "Ang mga kalayaang nakuha sa panahong ito ng kasamaan ay hindi dapat maging pamantayan para sa mga tagasunod ni Kristo. Ang mga nakasanayang pagpapakita ng malapit na pagpapalagayang-loob ay hindi dapat umiral sa mga Kristiyano. . . . Kung ang kahalayan, polusyon, pangangalunya . . . ay ang kaugalian ng panahon sa mga hindi nakaaalam ng katotohanan, . . . gaano kahalaga na ang pulutong na nag-aangking mga tagasunod ni Cristo, . . . ay manindigan ng may kapansin-pansing kaibahan sa grupong iyon na kinokontrol ng makahayop na mga pagnanasa!"—*The Adventist Home*, p. 329.

**Lango sa alak:** "Ang tanging paraan para maging ligtas ang sinuman laban sa kapangyarihan ng kawalan ng pagpipigil ay ang ganap na pag-iwas sa alak, serbesa, at matatapang na inumin. . . . Siya na mananagumpay ang siyang pararangalan, at ang pangalan ay hindi mabubura sa aklat ng buhay."—*Child Guidance*, pp. 401, 402.

**Mga pagdiriwang, mga piging:** "Ang mga nag-aangking Kristiyano na paimbabaw ang pag-uugali at karanasan sa espirituwal ay ginagamit ng manunukso bilang kanyang mga bitag. Ang grupong ito ay laging handa para sa mga pagtitipon para sa kasiyahan o paligsahan, at ang kanilang impluwensya ay umaakit sa iba. Ang mga kabataang lalaki at babae na sinubukang maging mga Kristiyano sa Bibliya ay nahihikayat na sumali sa sa pagtitipon. . . . Hindi nila nauunawaan na ang mga paglilibang na ito ay talagang piging ni Satanas, na inihanda upang ilayo ang mga kaluluwa mula sa . . . pagtanggap ng puting damit ng pag-uugali, na siyang katuwiran ni Kristo. Sila ay nalilito kung ano ang nararapat para sa kanila na gagawin bilang mga Kristiyano."—*The Adventist Home*, p. 518.

"Marami sa mga tumangkilik ng repormang pangkalusugan ang huminto na sa lahat ng nakakasira; subali't ito ba ay nagpapahiwatig na . . . maaari silang kumain hangga't gusto nila? Umuupo sila sa mesa. . . ipinapasailalim ang kanilang sarili sa panlasa at kumakain ng labis-labis. . . .

"At ano ang mangyayari sa sobrang pagkain sa tiyan? Ito ay manghihina, ang mga organ ng pagtunaw ay napapahina, at ang sakit, kasama ang lahat ng mga sunod-sunod na kasamaan nito, ay nadadala bilang resulta...

"Masama ang pakiramdam nila, at lumilitaw sa kanila na ang kanilang mga anak ay napakasama. Hindi sila maaaring makipag-usap nang mahinahon sa kanila, ni, nang walang espesyal na biyaya, kumilos nang mahinahon sa kanilang mga pamilya. Ang lahat ng nakapaligid sa kanila ay apektado ng sakit na nasa kanila; lahat ay kailangang magdusa sa mga kahihinatnan ng kanilang kahinaan. . . .

"Maging ang mga nagbabago sa pangkalusugan ay maaaring magkamali sa dami ng pagkain."—*Counsels on Diet and Foods*, pp. 135, 136.

**Ang mga kasuklam-suklam na idolatriya:** "Hindi sila dapat sumunod sa mga kaugalian ng mga pagano, ni pangalagaan ang mga monumento ng kanilang kasuklam-suklam na mga idolatriya. Gaano man kahalaga ang materyal, o napakagaling ng pagkakagawa, lahat ng nauukol sa paganong pagsamba ay dapat sirain."—*The Signs of the Times*, Enero 13, 1881.

**4. TULAD NI KRISTO KAHIT SAAN AT PALAGI**

**a. Ano ang pinakakaraniwang resulta na haharapin natin sa buhay na ito kapag pinili nating mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos? 1 Pedro 4:4, 12.**

“Habang papalapit na ang panahon ng kawakasan, si Satanas . . . ay gagamit ng mga tao upang kutyain at alipustahin ang mga ‘nagtatayo ng kuta.’ ”—*Prophets and Kings*, p. 659.

“Na may kasamang pagluha [ang bayan ng Diyos] ay magbababala sa masasama sa kanilang panganib sa pagyurak sa banal na kautusan, at sa di-masambit na kalungkutan ay magpapakumbaba sila sa harapan ng Panginoon sa pagsisisi. Ang masasama ay tutuya sa kanilang kalungkutan at pagtatawanan ang kanilang mataimtim na panawagan. Ngunit ang dalamhati at pagpapakababa ng bayan ng Diyos ay hindi mapag-aalinlanganang katibayan na sila ay muling nagkakaroon ng lakas at karangalan ng pag-uugali na nawala dahil sa kasalanan.”—Ibid., p. 590.

**b. Ano ang dapat tandaan ng bawat Kristiyano habang tinutuya o hinahamak? 1 Pedro 4:5, 13–16; 2 Pedro 2:12.**

**c. Ano ang dapat nating maging pag-uugali kapag ang mga nanunuya sa atin ay umuunlad—at, sa kabilang banda, kahit na may nangyaring masama sa kanila? Paano ang tungkol sa lahat ng gumagawa ng masama sa atin? 1 Pedro 4:17–19; Mateo 5:44.**

**d. Ano ang kinakailangan nating isaisip patungkol sa mga taong tumutuya at humahamak sa atin—at paano natin makakamit ang kalagayang ito ng pag-iisip? 1 Pedro 4:6; Efeso 2:3–5; 2 Timoteo 2:24–26.**

“Kapag nakaharap mo ang mga iyon, na . . . may maling kaisipan laban sa katotohanan, huwag ipilit ang iyong mga hindi pangkaraniwang pananaw nang labis na madiin. Makipag-usap sa kanila sa una ng mga paksang kung saan maaari kang sumang-ayon. Yumukod kasama nila sa panalangin. . . . Kapwa ikaw at sila ay dadalhin sa isang mas malapit na pagkakaugnay sa langit, ang maling kaisipan ay hihina, at magiging mas madaling abutin ang puso.”—*Evangelism*, p. 446.

**5. DAPAT TANDAAN SA LAHAT NG SITWASYON**

**a. Ano ang dapat nating laging tatandaan maging tayo man ay sagana, malusog at masaya, o may sakit, malungkot, o dumaranas ng pagkalugi?1 Pedro 4:7.**

"Kung kukuha tayo ng payo sa ating mga pag-aalinlangan at pangamba, o susubukang lutasin ang lahat ng bagay na hindi natin nakikita nang malinaw, bago tayo magkaroon ng pananampalataya, ang mga kaguluhan ay lalago lamang at lalalim. Ngunit kung tayo ay lalapit sa Diyos, na nadaramang walang magawa at umaasa, kung ano talaga tayo, at sa mapagpakumbabang, may pananalig na pananampalataya ay ipinaaalam ang ating mga naisin sa Kanya na ang kaalaman ay walang hanggan, na nakikita ang lahat sa nilalang, at namamahala sa lahat ng bagay sa Kanyang kalooban at salita, kaya Niya at pakikinggan Niya ang ating daing, at hahayaan niyang ang liwanag ay suminag sa ating mga puso. Sa pamamagitan ng taimtim na pananalangin tayo ay dinadala sa pakikipag-ugnay sa pag-iisip ng Walang-hanggan. Maaaring wala tayong kapansin-pansing katibayan sa oras na ang mukha ng ating Manunubos ay nakayukod sa atin na may habag at pag-ibig, ngunit ito ay totoo. Maaaring hindi natin nararamdaman ang Kanyang paghipo, ngunit ang Kanyang kamay ay nasa atin na may pag-ibig at pagkahabag na damdamin. . . .

"Ang pagtitiyaga sa pananalangin ay ginawang kondisyon ng pagtanggap. Dapat tayong manalangin palagi kung nais nating lumago sa pananampalataya at karanasan. . . . si Pedro ay nagpayo sa mga mananampalataya na kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin.' 1 Pedro 4:7. . . . Ang walang patid na panalangin ay ang hindi napuputol na pakikipagkaisa ng kaluluwa sa Diyos, upang ang buhay mula sa Diyos ay dumaloy sa ating buhay; at mula sa ating buhay, ang kadalisayan at kabanalan ay dumadaloy pabalik sa Diyos."—*Steps to Christ*, pp. 96–98.

"Ang mga salita ng apostol ay isinulat para sa pagtuturo ng mga mananampalataya sa bawat kapanahunan, at mayroon silang espesyal na kahalagahan para sa mga nabubuhay sa panahong ang wakas ng lahat ng bagay ay malapit na.' Ang Kanyang mga pangaral at mga babala, at ang kanyang mga salita ng pananampalataya at pag-asa, ay kinakailangan ng bawat kaluluwa."—*The Acts of the Apostles*, p. 518.

## *Biyernes* *Hunyo 7*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Saan ako dapat "pumunta" sa pamamagitan ng pananampalataya kapag nagdurusa at nasa kagipitan—at bakit?
2. Sa anong layunin ang Diyos ay inaakay tayo sa mga pagdalamhati at pagdurusa?
3. Ako ba ay alipin pa rin ng dati kong makamundong kahalayan? Kung oo, hanggang kailan ko planong ipagpaliban ang aking lubusang pagpapasakop?
4. Ano ang dapat kong maging pag-uugali sa mga nanunuya sa akin?
5. Ano ang maaaring makahadlang sa akin na magkaroon ng buhay na may masigasig na pananalangin gaya ng nararapat?

# Maningas sa Pag-iibigan

SAULUHING TALATA: "Na una sa lahat ay maging maningas kayo sa inyong pagiibigan; sapagka't ang pagibig ay nagtatakip ng karamihang kasalanan" (1 Pedro 4:8).

"Ang mga ahensya ng pag-ibig ay may kahanga-hangang kapangyarihan, sapagkat sila ay banal."—*Education*, p. 114.

Iminumungkahing Babasahin: *Education*, pp. 113–118.

## *Linggo* *Hunyo 9*

**1. LALIM NG PAG-IBIG—ANG DAKILANG PAMANTAYAN**

**a. Paano nabaluktot ng kasalanan ang lalim ng ating pag-ibig? Genesis 3:12.**

---

"Pag-ibig, pasasalamat, katapatan sa Lumalang—lahat ay nadaig ng pag-ibig [ni Adan] kay Eva. Siya ay bahagi ng kanyang sarili, at hindi niya makayanang isipin ang paghihiwalay [pagkatapos niyang kainin ang ipinagbabawal na bungang-kahoy.] . . . Siya ay desisyon na ibahagi ang kanyang kapalaran; kung kailangan niyang mamatay, mamamatay siya kasama niya. . . .

"[Pagkatapos, sa harapan ng Diyos], hindi maitatanggi ni Adan ang kanyang kasalanan; ngunit sa halip na magpakita ng pagsisisi, sinikap niyang sisihin ang kanyang asawa, at ganoon din sa Diyos Mismo."—*Patriarchs and Prophets*, pp. 56, 57.

**b. Ano ang pinakasimpleng paraan upang matukoy kung ako ay isang tunay na Kristiyano? 1 Juan 2:9; 4:20; Juan 13:35.**

---

"Kagabi ako ay nanaginip na may isang maliit na pulutong ang nagtitipon para magkaroon ng espirituwal na pagpupulong. May isa na pumasok at umupo sa isang madilim na sulok, kung saan hindi siya makakakuha ng atensyon. Walang espiritu ng kalayaan. Ang Espiritu ng Panginoon ay nakatali. May ilang pagpuna ang ginawa. . . . Ito ay naging maliwanag na walang pag-ibig ni Jesus sa puso ng mga nag-aangking naniniwala sa katotohanan at, bilang tiyak na resulta, may kawalan ng espiritu ni Kristo. . . . Ang pagtitipon ay hindi nakapagpapasigla sa kaninuman.

"Nang ang pagpupulong ay malapit ng magtapos, ang panauhin ay bumangon at may tinig na puno ng kalungkutan at pagluha, sinabi niya sa kanila na sila ay may malaking pangangailangan sa kanilang sariling mga kaluluwa, at sa kanilang sariling karanasan, ng pag-ibig ni Jesus."—*This Day With God*, p. 157.

**2. PAG-UNAWA SA PRINSIPYO NG PAG-IBIG**

**a. Sa anong prinsipyo ang konsepto ng pag-ibig sa mundong ito binuo? Lucas 6:32–34.**

---

**b. Sa anong prinsipyo ang tunay, banal na pag-ibig binuo? Mateo 5:44, 45; Juan 15:13; 1 Juan 4:7–11.**

---

"Ang pag-ibig ay higit pa sa isang simbuyo, isang damdamin. Ito ay isang buhay, aktibo, kumikilos na prinsipyo. Ito ay hindi ginagabayan ng mga damdamin, kundi sa pamamagitan ng kalooban. Dito ay nauunawaan ang matatag na pagpapasya ng isang pag-iisip na nagpapasakop at napaamo, na humahawak sa kalakasan ng Walang-hanggan, na nagsasabing, Ako ay maglilingkod sa Iyo hanggang sa kamatayan."—*The Signs of the Times*, Hunyo 20, 1900.

"Kung ang bawat isa na naghahanap ng kaharian ng Diyos at ng kanyang katuwiran ay laging handang gawin ang mga ginawa ni Kristo, gaano pa kaya magiging mas madali ang daan patungo sa langit! Ang mga pagpapala ng Diyos ay dadaloy sa kaluluwa, at ang mga papuri sa Panginoon ay mananatili sa iyong mga labi. Sa gayon ay maglilingkod kayo sa Diyos na ayon sa prinsipyo. Ang inyong mga damdamin ay maaaring hindi parating masaya; ang mga ulap minsan ay nililiman ang saklaw ng inyong karanasan; ngunit ang pag-asa ng Kristiyano ay hindi nakasalalay sa mabuhanging pundasyon ng damdamin. Yaong mga kumikilos ayon sa prinsipyo, ay mamasdan ang kaluwalhatian ng Diyos sa kabila ng mga anino, at mananatili sa tiyak na salita ng pangako. Hindi sila mapipigilan sa pagpaparangal sa Diyos, gaano man kadilim ang daan. Ang paghihirap at pagsubok ay magbibigay lamang sa kanila ng pagkakataong ipakita ang katapatan ng kanilang pananampalataya at pag-ibig."— *The Review and Herald*, Oktubre 20, 1910.

**c. Kung tayo, na nabautismuhan, ay nahihirapan pa ring magpatawad, magpasakop, at magpakita ng pag-ibig at pagpapahinuhod, ano ang nagkukulang sa atin? Roma 8:7–10; 1 Juan 4:8.**

"Ang tunay na pagpapakabanal ay nagbubuklod sa mga mananampalataya kay Kristo at sa isa't isa sa mga bigkis ng magiliw na pagdamay. Ang pagkakaisa na ito ay nagiging sanhi ng patuloy na pagdaloy sa puso ng masaganang agos ng tulad ni Kristong pag-ibig, na muling dumadaloy sa pag-ibig sa isa't isa.

"Ang mga katangiang kinakailangang taglayin ng lahat ay ang kapansin-pansing bumuo ng katangian ni Cristo—ang Kanyang pag-ibig. . .

"Ito ang pinakadakila at pinaka-nakamamatay na panlilinlang na isipin na ang isang tao ay maaaring magkaroon ng pananampalataya sa buhay na walang hanggan, nang hindi nagtataglay ng tulad ni Kristong pag-ibig para sa kanyang mga kapatid."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1141.

**3. ISANG PRINSIPYO NA DAPAT MATUTUNAN**

**a. Anong banal na prinsipyo ang iniuutos sa atin ni Pedro na dapat matutunan at sanayin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay? 1 Pedro 4:8 (unang bahagi); 1:22.**

**b. Sa anong pakahulugan ang pag-ibig ay "nagtatakip ng karamihang kasalanan"? 1 Pedro 4:8 (huling bahagi) kumpara sa Kawikaan 17:9; Santiago 5:19, 20.**

"Kung iniisip mong ikaw ay nasaktan ng iyong kapatid, pumunta ka sa kanya nang may kabaitan at pag-ibig, at kayo ay magkaroon ng pagkakaunawaan at pagkakasundo. Kapag nakikitungo ka sa nagkakamali, dapat mong laging isaisip ang katotohanan na ikaw ay nakikitungo kay Kristo sa katauhan ng Kanyang mga banal. Pumunta sa iyong kapatid na sa tingin mo ay nagkamali, at nang may buong pagmamahal na makipag-usap sa kanya nang mag-isa; kung magtagumpay ka sa pag-aayos ng gulo, ay nagwagi ka sa iyong kapatid nang hindi isinisiwalat ang kanyang mga kahinaan, at ang pag-aayos sa pagitan ninyo ay naging pagtatakip ng maraming kasalanan, mula sa pagmamasid ng iba. Ang iba ay hindi na kinakailangang malaman ang inyong suliranin, dahil sa gayon ay nagiging mabilis na binabantayan nang may paghihinala sa lahat ng bagay sa isa na sa tingin mo ay nagkasala, at nagpapahayag ng maling pagpapalagay sa kaniyang mga motibo." — *The Review and Herald*, Pebrero 24, 1891.

"Malinaw na itinuturo ng Kasulatan na ang nagkakamali ay dapat pakitunguhan nang may pagpapahinuhod at pagsasaalang-alang. Kung susundin ang tamang landasin, ang tila matigas na puso ay maaaring maipagwagi kay Kristo. Ang pag-ibig ni Hesus ay nagtatakip sa maraming kasalanan. Ang Kanyang biyaya kailanman ay hindi hahantong sa paghahayag ng mga kamalian ng iba maliban kung ito ay talagang kinakailangan."—*Counsels to Parents, Teachers, and Students*, p. 267.

"'Higit sa lahat ng bagay,' isinulat ng apostol, 'maging maningas kayo sa inyong pagiibigan' (1 Pedro 4:8). Huwag makinig sa mga balita laban sa isang kapatid na lalaki o babae. Maging napaka-ingat kung paano tayo kumukuha ng panlalait sa iyong kapwa. Tanungin ang nagdadala ng paratang kung sinunod niya ang salita ng Diyos tungkol sa bagay na ito. Si Kristo ay nag-iwan ng maliwanag na mga tagubilin kung ano ang dapat gagawin. Pumunta ka sa iyong kapatid at ipakilala mo sa kanya ang kanyang kasalanan na siya at ikaw lamang. Huwag sikaping iiwas ang inyong sarili mula dito, na nagsasabi, Walang personal na hinaing sa pagitan ng isa na inaakusahan at sa akin. Ang mga alituntuning ibinigay ni Kristo ay, napakalinaw, talagang maliwanag na ang pagdadahilang ito ay hindi wasto.

"Kung hindi man ang hinaing ay sa pagitan mo at ng isang inaakusahan, ang utos ni Kristo ay pareho. Kinakailangan ng iyong kapatid ng tulong. Sabihin sa kanya, hindi sa ibang tao, na may mga balitang kumakalat patungkol sa kanya. Bigyan siya ng pagkakataong magpaliwanag."—*In Heavenly Places,* p. 292.

**4. ISANG NAPAKAHALAGANG BUNGA NG PAG-IBIG**

**a. Anong katangian ng pag-uugali ang itinuturo ni Pedro bilang isang mabuting tanda na nananatili ang pag-ibig ng Diyos sa puso? 1 Pedro 4:9.**

**b. Bakit ang mabuting pagtanggap ay isang napakahahalagang katangiang Kristiyano? Hebreo 13:2; Roma 12:13.**

"Maging sa mga nag-aangking Kristiyano, ang tunay na mabuting pagtanggap ay hindi na gaanong ginagawa. Sa ating sariling bayan ang pagkakataong magpakita ng mabuting pakikitungo ay hindi na pinahahahalagahan ayon sa nararapat, bilang isang pribilehiyo at pagpapala. Sa kabuuan ay may napaka-konting pakikisalamuha, napakaliit na disposisyon upang gumawa ng silid para sa dalawa o tatlo pa sa lupon ng pamilya, nang hindi nagdudulot ng kabalisahan o pagpaparangya. Ang ilan ay nangangatwiran na 'ito ay masyadong napakagulo.' . . .

Ang Diyos ay hindi nalulugod sa makasariling interes na madalas na ipinakikita para sa 'akin at sa aking sambahayan.' Bawat pamilya na nagtataglay ng espiritung ito ay kinakailangang mahikayat sa pamamagitan ng dalisay na mga prinsipyong ipinakita sa buhay ni Cristo. Yaong mga isinasara ang kanilang sarili, na hindi nais na gumanap ng pagtanggap ng mga panauhin, ay nawawalan ng maraming pagpapala."—*Testimonies for the Church*, vol. 6, pp. 343, 344.

"Nakikilala ko ang mga taong gumagawa ng mataas na pag-aangkin, na ang mga puso ay nababalot ng pagmamahal sa sarili at pagkamakasarili. . . . Sa kanilang buong buhay sila ay nag-iisip at nabubuhay lamang para sa sarili. Ang magsakripisyo para gumawa ng mabuti sa iba, ang para sa kapinasalaan ng kanilang sarili para sa kapakinabangan ng iba, ay wala sa kanila. . . . Ang sarili ay kanilang idolo. Ang mahahalagang mga linggo, buwan, at taon ay lumilipas tungo sa walang hanggan, ngunit wala silang tala sa langit ng mabuting mga gawa, ng pagsasakripisyo para sa ikabubuti ng iba, ng pagpapakain sa nagugutom, bihisan ang hubad, o pagtanggap ng mga taong hindi nakikilala."—Ibid., vol. . 2, p. 26.

**c. Anong mababaw, huwad na "kagandahang loob sa pagtanggap" ang ginagawa ng maraming pamilyang Kristiyano? Job 1:4; 2 Mga Hari 20:13–15.**

"Isang pagtanggi kay Kristo ang paghahanda para sa mga panauhin na nangangailangan ng oras na nararapat para sa Panginoon. . . .

"Ang mga hindi kinakailangang alalahanin at pasanin ay nililikha sa pamamagitan ng pagnanais na gumawa ng isang pagpapasikat sa pagtanggap na mga bisita. Upang makapaghanda ng maraming iba't-ibang klase para sa hapag, ang maybahay ay labis na gumagawa; dahil sa maraming pagkaing inihahanda, ang mga bisita ay kumakain nang labis; at sakit at pagdurusa, mula sa sobrang trabaho sa isang banda at sobrang pagkain sa kabilang banda, ang resulta. Ang mga masalimuot na kapistahan na ito ay isang pasanin at pinsala."—Ibid., vol. 6, p. 343.

# *Huwebes* *Hunyo 13*

**5. TUNAY NA PAGLILINGKOD NG KRISTIYANO**

**a. Magbanggit ng isang aspeto kung paano ang pag-ibig ay ipinakikita sa buhay ng isang tunay na Kristiyano. 1 Pedro 4:10.**

---

"Ang Diyos ay nagtalaga sa bawat tao ng kanyang gawain ayon sa kanyang kakayahan. Ito ay sa pamamagitan ng edukasyon at pagsasagawa na ang mga tao ay magiging angkop upang matugunan ang anumang kagipitang maaaring mangyari; at ang matalinong pagpaplano ay kinakailangan upang ang bawat isa ay mailagay sa kanyang wastong saklaw, upang siya ay makakuha ng isang karanasang aangkop sa kanya sa pagdadala ng katungkulan."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, pp. 221, 222.

"Ang mga kabataan lalo na ay dapat makadama na dapat nilang sanayin ang kanilang isipan, at gamitin ang bawat pagkakataon na maging matalino, upang makapagbigay sila ng katanggap-tanggap na paglilingkod sa Kanya na nagbigay ng Kanyang napakahalagang buhay para sa kanila. . . . Ang bawat isa ay dapat pagbutihin ang bawat pagkakataon kung saan sa probidensya ng Diyos siya ay tinulungan, upang matamo ang lahat ng posible sa pahayag o sa siyensya. . . .

"Ang bawat talento na ibinigay sa mga tao ay dapat gamitin upang ito ay tumaas ang halaga, at ang lahat ng pagpapabuti ay dapat ibigay sa Diyos. Kung ikaw ay may depekto sa ugali, sa tinig, sa edukasyon, hindi mo kailangang palaging manatili sa ganitong kalagayan. Dapat kang patuloy na magsikap na maabot mo ang mas mataas na pamantayan kapwa sa edukasyon at sa karanasan sa espirituwal. . . . Ang Diyos ay hindi nagbibigay ng paraan kung saan ang sinuman ay maaaring magkaroon ng dahilan para sa paggawa ng maruming gawain; gayunpaman napakaraming ganitong uri ng gawain ang inihahandog sa Kanya ng mga gumagawa sa Kanyang layunin, ngunit ito ay hindi katanggap-tanggap sa Kanya."—*Fundamentals of Christian Education,* pp. 213–215.

**b. Ano ang dapat na tanging layunin para sa lahat ng ating paglilingkod? 1 Pedro 4:11; Colosas 3:23.**

---

# *Biyernes* *Hunyo 14*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Ano ang pagkakaiba ng banal na pag-ibig at makamundong "pag-ibig"?
2. Anong prinsipyo ang nakasalalay sa pundasyon ng pag-ibig ng Kristiyano?
3. Paano ko malilinang ang mas marangal na mga ugali ng mabuting pagtanggap?
4. Anong mga uri ng Kristiyanong paglilingkod ang nakakabuti para sa akin na paunlarin ko?
5. Paano ko matitiyak na ang aking gawain ay para sa Diyos na hindi dapat na walang-ingat at marumi?

# Isang Panawagan sa mga Pinuno ng Iglesia

SAULUHING TALATA: “Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan” (1 Pedro 5:6).

“Ang mga tumatayo bilang mga taong kinatawan ay hindi lahat mga Kristiyanong maginoo. Mayroong lumalaganap na espiritu na nagsisikap pamahalaan ang iba.”—*Testimonies to Ministers*, p. 260.

Iminungkahing Babasahin: *Testimonies to Ministers*, pp. 347–359.

## *Linggo* *Hunyo 16*

### 1. ISANG KARANASAN NA KINAKAILANGAN NG BAWAT PINUNO

**a. Kailan si apostol Pedro naging tunay na pastor, na handang pangalagaan ang mga kaluluwa ng iba? Mateo 26:75; Juan 21:15–17; 1 Pedro 5:1.**

---

“Itinanggi ni Pedro ang Tao sa Kapanglawan. . . . Ngunit pagkatapos ay nagsisi siya at muling nahikayat. Siya ay may tunay na pagsisisi ng kaluluwa at muling ibinigay ang kanyang sarili sa kanyang Tagapagligtas. . . . Handa na siyang mahabag sa tinutukso. Siya ay nagpakumbaba at maaaring dumamay sa mahihina at nagkakasala. Siya ay maaaring magpayo at magbigay ng babala sa mga mapangahas, at ganap na naaangkop upang palakasin ang kanyang mga kapatid.”—*Testimonies for the Church*, vol. 3, p. 416.

**b. Gayun din naman, anong karanasan ng bawat pastor at pangulo ng iglesia ang mayroon ngayon? Juan 3:1–3.**

---

---

“Si Nicodemo ay nahikayat bilang resulta ng panayam na ito. Ang mga salita ni Cristo ay binibigkas nang kasing pareho ng sa mga pangulo ng mga kumperensya, mga elder ng mga iglesia, at sa mga may opisyal na katungkulan sa ating mga institusyon, 'Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao’y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Diyos.' ”—*Testimonies to Ministers*, p. 369.

“Ang kapangyarihang naghihikayat ng Diyos ay dapat dumating sa mga puso ng mga ministro, o dapat silang maghanap ng ibang tungkulin. . . .

“Malibang ang mga ministro ay mga taong nahikayat, ang mga iglesia ay magiging sakitin at handa ng mamatay.”—*Evangelism,* p. 643.

**2. PAGPAPAYO NA MAY KAPANGYARIHAN**

**a. Ano ang dapat isaalang-alang ng iglesia bago tawagan ang isang tao sa paglilingkod, at ng indibidwal bago tanggapin ang panawagan? 1 Pedro 5:2 (unang kalahati).**

"Ang Diyos ay paulit-ulit na ipinakikita na ang mga tao ay hindi dapat himukin sa gawain nang walang tiyak na katibayan na tinawag Niya sila. Ang Panginoon ay hindi ipinagkakatiwala ang pasanin para sa Kanyang kawan sa hindi karapat-dapat na mga indibidwal. Yaong mga tinatawagan ng Diyos ay dapat na mga taong may malalim na karanasan, nasubok at napatunayan, mga taong may wastong pagpapasya, mga taong maglalakas-loob na sawayin ang kasalanan sa espiritu ng kaamuan, mga taong nakakaunawa kung paano pakainin ang kawan."—*Testimonies for the Church*, vol. . 1, p. 209.

"Ang bawat tao na tumatanggap ng mga katungkulan bilang isang tagapayo, ang bawat isa na nakikitungo sa mga kaluluwa ng tao . . . ay hindi kailanman magiging mas matalino hangga't hindi niya nakikita na siya ay hindi gaanong mahalaga sa kanyang sariling pagtatantya. . . . Ang pagbabagong ito ay dapat maganap sa bawat tao bago siya tumanggap ng posisyon bilang pangulo o pinuno na may kaugnayan sa sagradong gawain ng Diyos."—*Testimonies to Ministers,* pp. 370, 371.

**b. Sa anong panganib binalaan ni Pedro ang mga gumagawa sa ubasan ng Panginoon? 1 Pedro 5:2 (ikalawang kalahati).**

"Ang pagnanais na magkamit ng malaking sahod, na may determinasyong alisan ang iba ng kanilang bigay-Diyos na mga karapatan, ay nagmula sa kaisipan ni Satanas. . . . Hindi dapat umasa ng higit sa mga nahulog sa bitag na ito, maliban kung sila ay lubusang mahikayat at mabago."—Ibid., p. 393.

"Ang mga taong nasa mga posisyon ng pagtitiwala ay dapat isaalang-alang ang mga halaga na kanilang pinangangasiwaan bilang kita ng Diyos, at gamitin ito sa matipid na pamamaraan. . . .

"Ang kapangyarihang gamitin at ibigay ang salapi ng Panginoon ay hindi dapat ipaubaya sa paghatol ng sinumang tao. Dapat magbigay ng salaysay para sa bawat dolyar na ginagastos. Ang yaman ng Diyos ay dapat gamitin sa tamang panahon at sa tamang mga lugar."—*Medical Ministry*, p. 165.

**c. Bagama't ang paggawa para sa Panginoon ay hindi isang tungkuling may mataas na suweldo, anong mga pagsasaalang-alang ang dapat gawin ng iglesia? 1 Timoteo 5:17, 18.**

"Ang bawat manggagawa sa ating mga institusyon ay dapat makatanggap ng patas na kabayaran. Kung ang mga manggagawa ay tumatanggap ng angkop na sahod, sila ay may kasiyahan na makapagbigay ng mga donasyon para sa layunin. Hindi tama na ang ilan ay tumatanggap ng malaking halaga at ang iba, na gumagawa ng napakahalaga at matapat na gawain, ay napakakaunti."—*The Publishing Ministry*, p. 239.

### 3. ANG MAS MAPAGPAKUMBABANG PAG-UUGALI AY KINAKAILANGAN

**a. Ano ang pangunahing sanhi ng mga suliranin sa mga kapatid na may mabibigat na responsibilidad? 1 Pedro 5:3; 3 Juan 9.**

"Ang espiritu ng pangingibabaw ay umaabot na sa mga pangulo ng ating mga kumperensya. Kung ang isang tao ay nagtitiwala sa kanyang sariling mga kakayahan at sinisikap na gamitin ang kapangyarihan sa kanyang mga kapatid, na nadarama na siya ay pinagkalooban ng karapatan na gawin ang kanyang kalooban ang nangungunang kapangyarihan, ang pinakamainam at tanging ligtas na paraan ay ang alisin siya, upang hindi magkaroon ng malaking pinsala at mawala niya ang kanyang sariling kaluluwa at mailagay sa panganib ang mga kaluluwa ng iba."—*Testimonies to Ministers*, p. 362.

**b. Anong panawagan ang ibinibigay sa lahat ng lokal na pinuno ng iglesia at matatanda, na, kung susundin, ay hahadlang sa pagmamataas at espiritu ng pagpapahalaga sa sarili sa mga kapatid na nasa mas matataas na posisyon? 1 Pedro 5:2 (unang bahagi); 1 Corinto 6:2–5.**

"Ipinakita sa akin na isang pagkakamali na ipagpalagay na ang mga taong nasa posisyon ng espesyal na responsibilidad sa Battle Creek ay may karunungang mas mataas kaysa sa mga ordinaryong tao. . . .

"Marami ang tinuruan ang kanilang sarili na magsulat o humingi ng payo at pangaral kapag nadadala sa mahihirap na kalagayan. Ngunit ito ay isang pagkakamali para sa mga taong inilagay sa mga tungkuling may karapatan sa ating iba't ibang mga institusyon na umasa sa mga tao. . . . Isang mahina, malalang karanasan ang magiging kapalaran ng mga natutong umasa nang lubos sa iba. . . .

"Ang mga tao ba sa Battle Creek ay dapat ituring na walang hanggan sa karunungan?"— Ibid., pp. 374, 375.

"Huwag tumingin sa mga taong may matataas na posisyon ng katungkulan para sa kalakasan, dahil sila ang mismong mga tao na nasa panganib na isipin na ang posisyon ng katungkulan bilang katibayan ng natatanging kapangyarihan ng Diyos. Ang ating mga iglesia ay mahina dahil ang mga kaanib ay tinuturuan na tumingin at umaasa sa pangangasiwa ng mga tao, at libu-libong dolyar ang hindi kinakailangang ginagamit sa pagpapadala ng may limitadong kakayan ng tao mula sa isang lugar patungo sa isa pa, upang sila ay makapag-ayos ng kaunting mga problema." Ibid., p. 380.

**c. Ano ang magbibigay-daan sa mga walang gaanong karanasang mga manggagawa na magkaroon ng higit na pananaw para sa tagumpay? Magbigay ng halimbawa na kapag nagkukulang nito ang dulot ay kabiguan.1 Pedro 5:5 (unang bahagi); 1 Mga Hari 12:6–8, 16; Lucas 6:39.**

"Ang mga kabataan ay maaaring magkaroon ng makapangyarihang impluwensya kung tatalikuran nila ang kanilang pagmamataas at pagkamakasarili, at itatalaga ang kanilang mga sarili sa Diyos."—*Testimonies for the Church*, vol. 1, p. 485.

"Hayaan ang mga kabataan na linangin ang isang espiritung madaling maturuan, upang sila ay makinabang sa mga pagsisikap ng mga nagsisikap na tumulong sa kanila."—*The Youth's Instructor*, Agosto 31, 1893.

**4. ANG HALIMBAWA NI PEDRO NG PAGPAPAKUMBABA**

**a. Paano natin malalaman na ang isang pagkakataon ng tunay na pagkahikayat o karanasan sa Panginoon ay hindi sapat para sa isang pastor—o para sa sinumang mananampalataya? 2 Corinto 13:5; Hebreo 3:13.**

---

"Nang si Pedro, sa ibang pagkakataon, ay bumisita sa Antioquia, nakuha niya ang pagtitiwala ng marami sa pamamagitan ng kanyang maingat na pangangasiwa sa mga Gentil na nahikayat. Sa ilang panahon siya ay kumilos alinsunod sa liwanag na ibinigay mula sa langit. Napanagumpayan niya ang kanyang likas na pagtatangi sa pag-upo sa hapag kasama ng mga Gentil na nahikayat. Ngunit nang ang ilang mga Hudyo na masigasig sa seremonyal na batas, ay dumating mula sa Jerusalem, si Pedro nang walang pag-aalinlangan ay binago ang kanyang pagkilos sa mga nahikayat mula sa paganismo. . . . Ang paghahayag na ito ng kahinaan sa bahagi ng mga iginagalang at minamahal bilang mga pinuno, ay nag-iwan ng pinakamasakit na impresyon sa isipan ng mga mananampalatayang Gentil. Sa iglesia ay nagbabanta ang pagkakabaha-bahagi."—*The Acts of the Apostles*, pp. 197, 198.

**b. Kapag ang isang pagkakamali o pag-uugali ng isang ministro, manggagawa, o pinuno ng iglesia ay nagdudulot ng hayagang pagkagalit o kaguluhan sa iglesia, paano sila sasawayin? Galacia 2:14; 1 Timoteo 5:20.**

---

**c. Ano ang dapat na maging pag-uugali ng isang nahikayat na pinuno, kapag sinasaway sa publiko? 1 Pedro 5:5 (ikalawang bahagi), 6; Santiago 5:16.**

"Si Pablo, na nakakita ng mapangwasak na impluwensya ng maling ginawa sa iglesya sa pamamagitan ng dobleng bahagi na ginawa ni Pedro, ay hayagang sinaway siya sa pagpapanggap ng kanyang tunay na damdamin. Sa harapan ng iglesia, si Pablo ay nagsiyasat kay Pedro. . . .

"Nakita ni Pedro ang pagkakamali kung saan siya nahulog, at kaagad na nagsimulang ayusin ang masamang nagawa, hanggang sa abot ng kanyang kakayanan. Ang Diyos, na nakakaalam ng katapusan mula sa simula, ay pinahintulutan si Pedro na mahayag ang kahinaan ng pagkatao upang makita ng sinubok na apostol na walang anuman sa kanyang sarili na maaari niyang maipagmamalaki. Kahit na ang pinakamahusay sa mga tao, kung hahayaan sa kanilang sarili, ay magkakamali sa pagpapasya. . . .

"Ang kasaysayan ng paglihis na ito mula sa tamang mga prinsipyo ay nakatayo bilang isang solemneng babala sa mga tao na may mga posisyon ng pagtitiwala sa layunin ng Diyos. . . . Kung mas malaki ang mga katungkulang nakaatang sa tao, at mas malaki ang kanyang mga pagkakataon na magdikta at magdumina, mas maraming pinsala ang tiyak na magagawa niya."—Ibid., pp. 198, 199.

## *Huwebes* *Hunyo 20*

**5. PAGPAPASIGLA SA MGA PAGOD NA MGA MANGGAGAWA**

**a. Ano ang kadalasang dahilan ng panghihina ng kalooban sa buhay ng isang manggagawa ng ebanghelyo? 1 Pedro 5:5 (huling bahagi).**

"Tayo ay maraming sensitibong ministro na mahina ang karanasan, nagkukulang sa mga Kristiyanong biyaya, nagkukulang sa pagtatalaga, at madaling panghinaan ng kalooban. . . . Ang mga tao ay kinakailangan sa gawaing ito na hindi bumulung-bulong o magrereklamo sa mga paghihirap o pagsubok, dahil nalalaman nilang ito ay bahagi ng pamana na iniwan ni Jesus sa kanila. Sila ay dapat maging handa na umalis sa kampo at magdanas ng kadustaan at pasanin ang mga pasanin bilang mabubuting kawal ni Kristo."—*Testimonies for the Church*, vol. 3, p. 423.

**b. Kapag si Satanas ay sinusubukang pahinain ang kalooban ng sinuman sa atin sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga suliranin ng iglesia, sa anong pangako tayo dapat kumapit? 1 Pedro 5:4, 7.**

"Walang anumang bagay nawa ang hahadlang sa atin sa pag-aalay ng ating mga kahilingan sa pangalan ni Jesus, nananalig nang may hindi natitinag na pananampalataya na dinidinig tayo ng Diyos, at sasagutin Niya tayo. Dalhin natin ang ating mga suliranin sa Diyos, na may pagpapakumbaba sa harapan Niya. May isang dakilang gawain na dapat gawin; at bagama't pribilehiyo nating magsanggunian, dapat tayong maging sigurado, sa bawat bagay, na makipag-usap sa Diyos, dahil hinding-hindi Niya tayo ililigaw. Hindi natin dapat gawing laman ang ating mga bisig. Kung gagawin natin, . . . ang kawalan ng pananampalataya ay makakapasok, at ang ating pananampalataya ay mamamatay."—*Testimonies to Ministers*, p. 487.

"Ang espiritu ng tunay na pastol ay ang paglimot sa sarili. Inaalis niya ang paningin sa sarili upang magawa niya ang mga gawain ng Diyos. . . . Nakikipagtulungan sa dakilang Tagapagdala ng Pasanin, nakikibahagi sa kanilang mga pagdalamhati, inaaliw ang kanilang mga paghihirap, pinapaginhawa ang kanilang kaluluwang nagugutom, at inilalapit ang kanilang mga puso sa Diyos."—*The Acts of the Apostles*, p. 527.

## *Biyernes* *Hunyo 21*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Kailan ako huling lumuha sa pagluhod ng aking mga tuhod sa paanan ng krus?
2. Naiisip ko ba kahit papaano na kung makakakuha ako ng mas mataas na posisyon ay mas marami akong magagawa para sa Panginoon?
3. Bakit ang layunin ng mas mataas na posisyon sa iglesia hindi dapat pumasok sa aking isipan?
4. Ano ang aking pag-uugali sa mga nagbibigay-diin sa aking mga pagkakamali?
5. Sino ang nakikita kong may kasalanan para sa mga panahon ng panghihina ng aking kalooban?

# Maging Mapagpigil,Maging Mapagpuyat

SAULUHING TALATA: “Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya” (1 Pedro 5:8).

“Mula sa panahon ni Adan hanggang sa ating sariling kapanahunan, ang ating matinding kaaway ay ginagamit ang kanyang kapangyarihang mang-api at mangwasak. Siya ngayon ay naghahanda para sa kanyang huling pagkilos laban sa iglesia.”—*The Great Controversy*, p. 510.

Mga Iminumungkahing Babasahin: *Selected Messages*, bk. 1, p. 126, 127.
*The Great Controversy*, pp. 39–48.

## *Linggo* *Hunyo 23*

### 1. UNAWAIN KUNG ANO ANG KANYANG SINASABI

**a. Anong seryosong payo ang isinulat ni Pedro sa pagtatapos ng kanyang unang sulat? 1 Pedro 5:8.**

“Si Satanas ay patuloy na kumikilos, ngunit kakaunti lamang ang may ideya sa kanyang gawain at katusuhan. Ang bayan ng Diyos ay dapat maging handa upang labanan ang tusong kaaway. . . . Ang hakbang ni Satanas ay walang ingay, ang kanyang mga pagkilos ay palihim, at ang kanyang mga sandata ay nakatago. Hindi siya nangangahas na ipakita ang kanyang sarili nang hayagan, baka mapukaw niya ang natutulog na lakas ng Kristiyano at dalhin siya sa Diyos sa panalangin. . . .

“Ang tao ay bihag ni Satanas at likas na may hilig na sundin ang kanyang mga mungkahi at gawin ang kanyang ipinag-uutos. Wala siyang kapangyarihan sa kanyang sarili na lumaban ng matagumpay na paglaban sa kasamaan. . . . Sa pamamagitan lamang ni Kristo na ang kapangyarihan ni Satanas ay nalilimitahan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, pp. 293, 294.

**b. Ano ang natutunan ni Pedro nang maglaon bilang sikreto na makakatulong sa kanya na magwagi sa palasyo ni Caiaphas sa paglilitis kay Jesus? Mateo 26:38, 40, 41.**

“Ang pagtitiwala sa sarili ay humahantong sa kapabayaan ng pagbabantay at ng mapagpakumbabang, pagsisisi sa pananalangin. May mga panlabas na panunukso na dapat iwasan at panloob na mga kalaban at kaguluhan na dapat mapanagumpayan, sapagkat iniangkop ni Satanas ang kanyang mga tukso sa iba't ibang mga pag-uugali at kinagawian ng mga indibidwal.”—Ibid., vol. 3, p. 445

**2. ALAMIN KUNG SINO ANG IYONG KAAWAY**

**a. Bukod sa pagdating ng may mga katangian ng isang leon, banggitin ang isa pang paraan ng madalas na paglapit ng kaaway ng ating mga kaluluwa na kanyang biktima. 2 Corinto 11:14.**

"Patuloy na sinisikap ni Satanas ang kapahamakan ng mga walang nalalaman tungkol sa kanyang mga pakana, gayunman hindi nakadarama ng espesyal na pangangailangan ng mga panalangin at payo ng mga may karanasan at makadiyos na mga kaibigan. Marami sa mga kabataan na pumupunta sa _____ na may magagandang panukala na mamuhay bilang Kristiyano ay nahuhulog sa isang klase ng mga kabataan na humahawak sa kanilang kamay at, sa ilalim ng pagpapangggap ng pagkakaibigan, direktang umaakay sa kanila sa bitag ni Satanas. Ang kaaway ay hindi laging dumarating na parang umuungal na leon; siya ay madalas na nagpapakita bilang isang anghel ng liwanag, nagpapakita ng magiliw na anyo, naghaharap ng mga naiibang panunukso na mahirap para sa mga walang karanasan na paglabanan."—*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 207.

**b. Sa anong mga lagusan ng kaluluwa si Satanas ay nagtatamo ng pinakamatagumpay, lalo na sa panahong ito ng halos pang buong mundong koneksyon ng mobile phone at Internet? 1 Pedro 2:11; 1 Juan 2:16.**

"Marami sa mga kabataan . . . ang nagbabasa ng lahat ng maaari nilang makuha. Ang mga nakakatuwang kwento ng pag-ibig at mahahalay na larawan ay may masamang impluwensya. Ang mga nobela ay sabik na binabasa ng marami, at, bilang resulta, ang kanilang imahinasyon ay nagiging madungis. . . . Ang mga larawan ng mga babaeng nakahubad ay madalas na ipinakakalat [lalo na sa online]. . . . Ang pagnanasa ng mata at mahalay na pagnanasa ay napupukaw sa pamamagitan ng pagtingin at sa pamamagitan ng pagbabasa. Ang puso ay napapasama sa pamamagitan ng imahinasyon. Ang isip ay nalulugod sa pagmumuni-muni ng mga eksenang gumising sa mas mababa at mas mahalay na pagnanasa. Ang mga karumaldumal na mga larawang ito, na nakikita sa pamamagitan ng maruming imahinasyon, ay sumisira sa moral at naghahanda sa mga nalinlang, nahuhumaling na mga nilalang na magbigay ng maluwag na renda sa mahalay na mga pagnanasa. Pagkatapos ay susundan ng mga kasalanan at mga krimen na humihila mula sa pagiging nilalang na nabuo sa wangis ng Diyos pababa sa antas kasama ng mga hayop, na naglulublob sa kanila sa huli sa kapahamakan. Iwasang magbasa at makakita ng mga bagay na magmumungkahi ng maruming kaisipan. Linangin ang moral at intelektwal na kapangyarihan. . . .

"Nakikiusap ako sa mga magulang na kontrolin ang pagbabasa [at pag-access sa Internet] ng kanilang mga anak."—Ibid., vol. 2, p. 410. [Naka-bracket na mga salita.]

"Sa pamamagitan ng panlasa, kinokontrol ni Satanas ang isipan at ang buong pagkatao."—*Christian Temperance and Bible Hygiene*, p. 37.

"Maraming mga Kristiyanong ina, na, sa pamamagitan ng kanilang halimbawa at ng edukasyon na ibinibigay nila sa kanilang mga anak, ay naghahanda sa kanila na maging matakaw at manginginom ng alak. Ang mga bata ay madalas na nagpapakabuyo sa pagkain ng kung ano ang kanilang pinipili at kapag sila ay pumipili, ay walang pagsasaalang-alang sa kalusugan."—*Counsels on Diet and Foods,* p. 235.

**3. ANG TANGING DAAN TUNGO SA TAGUMPAY**

**a. Ano ang dapat taglayin ng bawat Kristiyano upang labanan si Satanas? 1 Pedro 5:9 (unang bahagi); Santiago 4:7.**

---

"[Si Eva] ay hindi pinaniwalaan ang mga salita ng Diyos, at ito ang naging dahilan ng kanyang pagkahulog. Sa paghuhukom, ang mga tao ay hindi hahatulan dahil matapat silang napaniwala sa isang kasinungalingan, kundi dahil hindi sila naniniwala sa katotohanan, dahil pinabayaan nila ang pagkakataong matutunan kung ano ang katotohanan." – *Patriarchs and Prophets*, p. 55.

"Kung mayroon lamang silang teorya, ang isang mababaw na pananampalataya na hindi nila maipaliwanag, ang isang biglaang panunukso ay magdudulot sa kanila na maanod palayo sa kasalukuyang pag-aangkkop patungo sa sanlibutan."—*Our High Calling*, p. 332.

**b. Ano ang gumagawa sa maraming Kristiyano na madaling mabiktima para kay Satanas, kahit na inaangkin nilang naniniwala sila sa Salita ng Diyos? Kawikaan 19:2; Oseas 4:6 (unang bahagi); ihambing sa Roma 10:17; 15:4.**

---

"Ang mga tukso ay kadalasang mukhang hindi mapaglalabanan dahil, sa pamamagitan ng pagpapabaya sa pananalangin at pag-aaral ng Bibliya, ang isang natutukso ay hindi madaling maalala ang mga pangako ng Diyos at harapin si Satanas ng mga sandata ng Kasulatan."—*The Great Controversy*, p. 600.

**c. Anong katotohanan ang dapat maging pampatibay ng kalooban para sa bawat kaluluwang nasa ilalim ng pagkubkob ng mga pag-atake ni Satanas? 1 Pedro 5:9, 10; 1:6, 7; 2 Corinto 4:17.**

---

"Si Pedro ay sumulat sa mga mananampalataya sa isang panahon ng naiibang pagsubok sa iglesia. Marami na ang naging kabahagi ng mga pagdurusa ni Kristo, at hindi magtatagal ang iglesia ay dadaan sa isang panahon ng nakakakilabot na pag-uusig. . . . Di-magtatagal, ang masasamang lobo ay papasok, na hindi pinapatawad ang kawan. Ngunit wala sa mga bagay na ito ang magdudulot ng panghihina ng loob sa mga taong ang pag-asa ay nakasentro kay Kristo. Sa pamamagitan ng mga salita na magpapatibay at magpapalakas ng kalooban, itinuro ni Pedro ang mga isipan ng mga mananampalataya mula sa kasalukuyang mga pagsubok. . . 'sa isang manang hindi nasisira . . .' 'Ang Diyos ng buong biyaya,' siya ay taimtim na nanalangin, 'na tumawag sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian sa pamamagitan ni Jesu-Kristo, pagkatapos na kayo'y mangagbata ng sangdaling panahon, ay siya ring magpapasakdal, magpapatibay, magpapalakas sa inyo.' "—*The Acts of the Apostles*, p. 528.

**4. ANG IGLESIA SA BABILONIA**

**a. Sa anong mga yugto sa kasaysayan inihambing ni Pedro ang iglesiang Kristiyano bilang nakakalat sa "Babilonia" at inuusig ng makalupang kapangyarihan? Daniel 3:1–6; Esther 3:8; 1 Pedro 5:13.**

"Sa isang lupain kung saan ang pagsamba sa diyus-diyosan ay laganap sa buong mundo, ang maganda at hindi mahalagahang larawan sa kapatagan ng Dura, na kumakatawan sa kaluwalhatian ng Babilonya, . . . ay dapat italaga bilang isang bagay sa pagsamba. . . . Isang utos ang lumabas na sa araw ng pagtatalaga ay dapat ipakita ng lahat ang kanilang pinakamataas na katapatan sa kapangyarihan ng Babilonia sa pamamagitan ng pagyukod sa harap ng imahen. . . .

"Sa mahalagang araw na iyon ang mga kapangyarihan ng kadiliman ay tila nakakakuha ng isang senyales ng tagumpay. . . .

"Ngunit iba ang itinalaga ng Diyos. Hindi lahat ay nakaluhod sa idolatrosong simbolo ng kapangyarihan ng tao. . . .

"Itinuturo sa nagniningas na hurno, ipinaalala [ng hari] sa kanila ang kaparusahan na naghihintay sa kanila kung sila ay magpapatuloy sa kanilang pagtanggi na sundin ang kanyang kalooban. Ngunit matatag na nagpatotoo ang mga Hebreo sa kanilang katapatan sa Diyos ng langit."—*Prophets and Kings*, pp. 505–507.

"Ang utos na sa huli ay lalabas laban sa nalalabing bayan ng Diyos ay magiging katulad ng inilabas ni Ahasuerus laban sa mga Judio. Ngayon ang mga kaaway ng tunay na iglesia ay nakikita sa maliit na pulutong na tumutupad sa utos ng Sabbath, isang Mardokeo sa tarangkahan. Ang pagpipitagan ng bayan ng Diyos para sa Kanyang kautusan ay isang patuloy na pagsaway sa mga taong itinatakwil ang takot sa Panginoon at yumuyurak sa Kanyang Sabbath.

"Pupukawin ni Satanas ang galit laban sa minorya na tumatangging tumanggap ng mga kilalang kaugalian at mga tradisyon."—Ibid., p. 605.

"Ang mga kapangyarihan ng lupa at ng hades ay inihahanda ang kanilang mga sarili laban kay Kristo sa katauhan ng Kanyang mga tagasunod. Nakita ng paganismo na kung magtatagumpay ang ebanghelyo, ang kanyang mga templo at mga altar ay malilipol; kung kaya't tinawag niya ang kanyang mga puwersa upang wasakin ang Kristiyanismo."—*The Great Controversy*, p. 39.

**b. Bakit kakaunti o walang pag-uusig sa karamihan ng mga lugar ngayon? Juan 15:19.**

"Dahil lamang ito sa espiritu ng pakikipagkasundo sa kasalanan, dahil ang mga dakilang katotohanan ng salita ng Diyos ay itinuturing na walang halaga, dahil may napakaliit na mahalagang kabanalan sa iglesia, na ang Kristiyanismo ay tila napakapopular sa sanlibutan. Magkaroon nawa ng muling pagpapasigla ng pananampalataya at kapangyarihan ng unang iglesia, at ang espiritu ng pag-uusig ay muling mabubuhay, at ang ningas ng pag-uusig ay muling mag-aalab."—Ibid., p. 48.

## *Huwebes* — *Hunyo 27*

**5. MGA ARAL SA PAGTATAPOS NG SULAT**

**a. Sino ang tumulong kay Pedro sa pagsusulat ng kanyang sulat? 1 Pedro 5:12.**

**b. Paano natin malalaman na si Silvanus ay isang aktibong misyonero at kamanggagawa nina Pedro at Pablo (na maaaring tumulong sa kanila sa gramatika ng Griyego sa pagsusulat ng ilan sa kanilang mga sulat)? 2 Corinto 1:19; 1 Tesalonica 1:1; 2 Tesalonica 1:1. Paano ito natutulad sa buhay ni Ellen G. White?**

"Habang ang aking asawa ay nabubuhay, siya ay nagsilbing katulong at tagapayo sa pagpapadala ng mga mensahe na ibinibigay sa akin. . . . Ang tagubiling natatanggap ko sa pangitain ay matapat kong isinusulat. . . .

"Pagkatapos ay sinusuri ang bagay ng sama-sama, itinutuwid ng aking asawa ang mga pagkakamali sa gramatika at inaalis ang hindi na kinakailangang pag-uulit. Pagkatapos ay maingat itong kinokopya para sa mga taong pinagtutuunan nito, o para sa pag-imprenta. . . .

"Pagkatapos ng pagkamatay ng aking asawa, ang matatapat na mga katulong ay sumama sa akin, na gumagawa ng walang pagod sa gawain ng pagkopya ng mga patotoo at paghahanda ng mga artikulo para sa paglalathala.

"Ngunit ang mga ulat na ipinakalat, na sinuman sa aking mga katulong ay pinahihintulutan na magdagdag ng paliwanag o baguhin ang kahulugan ng mga mensaheng aking isinulat, ay hindi totoo."—*Selected Messages*, bk. 1, p. 50.

**c. Anong mabuting kaugaliang Kristiyano ang pinasimulan ng mga apostol at dapat pa ring gawin ng mga mananampalataya ngayon? 1 Pedro 5:14.**

"Ang banal na pagbati . . . dapat kailanman isaalang-alang sa tunay nitong katangian. *Ito ay isang banal na halik*. Dapat itong ituring bilang isang tanda ng pakikisama sa mga Kristiyanong kaibigan kapag naghihiwalay, at kapag nagkikita muli pagkatapos ng paghihiwalay ng mga linggo o buwan. . . . Walang anyo ng kasamaan kapag ang banal na halik ay ibinibigay sa tamang panahon at lugar."—*Early Writings*, p. 117.

## *Biyernes* — *Hunyo 28*

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano ang pagtitiwala sa sarili madalas na nauuna bago ang pagkahulog sa tukso?
2. Paanong ang aking mga hilig o panlasa ay magdudulot sa akin na mabiktima ng mga panlilinlang ni Satanas?
3. Bakit ang mas madalas at mas nakatalagang personal na pag-aaral sa Bibliya ay makatutulong sa akin?
4. Ipaliwanag ang balanse sa pagitan ng mabuting pampublikong relasyon kumpara sa maling pakikipagkasundo.
5. Ano ang maaari kong gawin upang matulungan ang iglesia na sumulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo?

# *Mga Handog sa Unang Sabbath*




**ABRIL 6**
para sa Narang Mandi Church
Pakistan
(see p. 4)

**MAYO 4**
para sa World Missions

(see p. 25)






**HUNYO 1**
para sa Foreign Mission Project
sa Pacific Region
(see p. 46)